

٣٠٠ حديث من الصحيحين - تجالوج



300 Hadith

Mula sa Sahihain



شعبة توعية الجاليات بالزلفي

هاتف: ٤٢٣٤٤٦٦ ٠٦ فاكس: ٤٢٣٤٤٧٧ ٠٦ ص.ب: ١٨٢

166

300 حديث من الصحيحين

إعداد وترجمة

شعبة توعية الجاليات بالزلفي

الطبعة الأولى: 1432/8 هـ.

ح) شعبة توعية الجاليات بالزلفي، 1427 هـ

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية

شعبة توعية الجاليات بالزلفي
300 حديث من الصحيحين/ شعبة توعية الجاليات بالزلفي - الزلفي،
1429 هـ

104 ص؛ 12 × 17 سم

ردمك: 9-3-8013-999-978

(النصوص باللغة الفلبينية)

1- الحديث الصحيح أ. العنوان

1429/2042

ديوي 237,7

رقم الإيداع: 1429/2042

ردمك: 9-3-8013-999-978

الصف والإخراج: شعبة توعية الجاليات بالزلفي

Unang Bahagi

1 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «كَلِمَتَانِ خَفِيفَتَانِ عَلَى اللِّسَانِ، ثَقِيلَتَانِ فِي الْمِيزَانِ، حَبِيبَتَانِ إِلَى الرَّحْمَنِ: سُبْحَانَ اللَّهِ وَبِحَمْدِهِ، سُبْحَانَ اللَّهِ الْعَظِيمِ». متفق عليه.

1. Ayon kay Abú Hurayrah (RA),¹ ang Sugo ni Allah² (SAS)³ ay nagsabi:⁴ “*May dalawang pangungusap na magaan sa dila, mabigat sa timbangan [ang gantimpala], kaibig-ibig sa Napa-kamaawain: subhána -lláhi wa bihamdihi, subhána -lláhi -l’adhīm.*”⁶ (Muttafaq ‘Alayhi.)⁷

¹ (RA): *Radiyalláhu ‘Anhu* para sa isang lalaki, *Radiyalláhu ‘Anhá* para sa isang babae, *Radiyalláhu ‘Anhum* para sa marami. Ang ibig sabihin nito ay: Kasiyahan siya (o sila) ni Allah. Ito ay panalanging binabanggit sa tuwing binabanggit ang pangalan o ang taguri ng Kasamahan o asawa ni Propeta Muhammad (SAS).

² Allah: Ang pansariling pangalan ng Panginoong Diyos sa wikang Arabe. Ito ay isang pangngalang pantangi at hindi pangngalang pambalana, kaya ang mga pantukoy na gagamitin sa pagtukoy sa pangalang Allah ay SI, NI at KAY at hindi ANG, NG, at SA. Ito ang paninindigan ng pinakamataas na awtoridad sa wikang Filipino, ang Komisyon sa Wikang Filipino. Ito rin ang paninindigan ng *Ministry of Islamic Affairs* sa Saudi Arabia.

³ (SAS): Sallalláhu ‘Alayhi wa Sallam: Basbasan siya ni Allah at pangalagaan. Sinasabi ito kapag binanggit ang pangalan o ang taguri ni Propeta Muhammad (SAS) o kapag tinutukoy siya.

⁴ Ang mga talata ng Qur’an o mga *Hadīth* na sinipi rito ay salin lamang mula sa wikang Arabe ng kahulugan ng Salita ni Allah o ng salita ni Propeta Muhammad (SAS), ayon sa kakayahan ng tagapagsalin.

⁵ Kaluwalhatian kay Allah at kalakip ng papuri sa Kanya.

⁶ Kaluwalhatian kay Allah, ang Dakila.

⁷ *Hadīth* na kapwa isinalaysay nina Imám alBukhárí at Imám Muslim. Ang unang bilang ay ang kay Imám alBukhárí at ang ikalawa ay ang kay Imám Muslim.

2- عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه - قَالَ: جَاءَ رَجُلٌ إِلَى رَسُولِ اللَّهِ ﷺ - فَقَالَ: يَا رَسُولَ اللَّهِ، مَنْ أَحَقُّ النَّاسِ بِحُسْنِ صَحَابَتِي؟ قَالَ: «أُمُّكَ» قَالَ: ثُمَّ مَنْ؟ قَالَ: «أُمُّكَ» قَالَ: ثُمَّ مَنْ؟ قَالَ: «ثُمَّ أَبُوكَ».. متفق عليه.

2. Ayon kay Abú Hurayrah (RA) na nagsabi: “May pumuntang isang lalaki sa Sugo ni Allah (SAS) at nagsabi: O Sugo ni Allah, sino ang higit na karapat-dapat sa mga tao sa magandang pakikisama ko? Sinabi niya: *Ang ina mo*. Nagsabi ito: Pagkatapos ay sino? Sinabi niya: *Ang ina mo*. Nagsabi ito: Pagkatapos ay sino? Sinabi niya: *Ang ina mo*. Nagsabi ito: Pagkatapos ay sino? Sinabi niya: *Ang ama mo*.” (Muttafaq ‘Alayhi.)

3- عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «إِيَّاكُمْ وَالظَّنَّ، فَإِنَّ الظَّنَّ أَكْذَبُ الْحَدِيثِ».. متفق عليه.

3. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Mag-ingat kayo sa pag-aakala sapagkat tunay na ang pag-aakala ay pinakasiningaling na pangungusap*.” (Muttafaq ‘Alayhi.)

4- عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «إِنَّ الْعَبْدَ لَيَتَكَلَّمُ بِالْكَلِمَةِ مَا يَبَيِّنُ فِيهَا، يَزِلُّ بِهَا فِي النَّارِ أَبْعَدَ مَا بَيْنَ الْمَشْرِقِ وَالْمَغْرِبِ».. متفق عليه.

4. Ayon kay Abú Hurayrah (RA) ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Tunay na ang tao ay talagang makapagsalita ng salitang hindi niya napaglinawan, na matitisod siya dahil dito sa Impiyerno na higit na malayo kaysa sa pagitan ng silangan at kanluran*.” (Muttafaq ‘Alayhi.)

5- عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «إِنَّ اللَّهَ يَغَارُ، وَغَيْرَةُ اللَّهِ أَنْ يَأْتِيَ الْمُؤْمِنُ مَا حَرَّمَ اللَّهُ».. متفق عليه.

5. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Tunay na si Allah ay naninibugho at ang paninibugho ni Allah ay gawin ng mananampalataya ang ipinagbawal ni Allah.”*** (Muttafaq ‘Alayhi.)

6- عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «مَنْ قَامَ رَمَضَانَ إِيمَانًا وَاحْتِسَابًا غُفِرَ لَهُ مَا تَقَدَّمَ مِنْ ذَنْبِهِ».. متفق عليه.

6. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Ang sinumang magsagawa ng qiyámullayl sa buwan ng Ramadán nang may pananampalataya at paghiling ng gan-timpala ay patatawarin ang nauna mula sa pagkakasala niya.”*** (Muttafaq ‘Alayhi.)

7- عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «الْعُمْرَةُ إِلَى الْعُمْرَةِ كَفَّارَةٌ لِمَا بَيْنَهُمَا، وَالْحَجُّ الْمَبْرُورُ لَيْسَ لَهُ جَزَاءٌ إِلَّا الْجَنَّةُ».. متفق عليه.

7. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Ang ‘umrah hangang sa [sunod na] ‘umrah ay pambayad-sala sa pagitan ng dalawang ito. Ang hajj na tinanggap [ni Allah] ay walang ganti kundi ang Paraiso.”*** (Muttafaq ‘Alayhi.)⁸

8- عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «التَّائِبُ مِنَ الشَّيْطَانِ فَإِذَا تَنَاءَبَ أَحَدُكُمْ فَلْيُرِدْهُ مَا اسْتَطَاعَ».. متفق عليه.

8. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Ang paghikab ay mula sa Demonyo. Kaya kapag hihi-kab ang isa sa inyo ay pigilin niya ito hanggang sa makakaya niya,”*** (Muttafaq ‘Alayhi.)

⁸ Ang aklat na ito ay isinalin ni Sulaiman Idris Alojado.

9- عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «السَّاعِي عَلَى الْأَزْمَلَةِ وَالْمُسْكِينِ كَالْمُجَاهِدِ فِي سَبِيلِ اللَّهِ، وَأَحْسَبُهُ قَالَ: وَكَالْقَائِمِ الَّذِي لَا يَفْتُرُ وَكَالصَّائِمِ لَا يَفْطُرُ». متفق عليه.

9. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “Nagsabi ang Propeta (SAS): *Ang nagmamalasakit sa balo at dukha ay gaya ng nakikibaka sa landas ni Allah, at nai-isip ko na nagsabi siya: At gaya ng nagdarasal na hindi nanghihina at gaya ng nag-aayuno na hindi humihinto.*” (Muttafaq ‘Alayhi.)

10- عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «مَا يُصِيبُ الْمُسْلِمَ مِنْ نَصَبٍ وَلَا وَصَبٍ وَلَا هَمٍّ وَلَا حُزْنٍ وَلَا أَذًى وَلَا غَمٍّ - حَتَّى الشُّوْكَةُ يُشَاكَهَا - إِلَّا كَفَّرَ اللَّهُ بِهَا مِنْ خَطَايَاهُ». متفق عليه.

10. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Walang dumadapo sa Muslim na kapaguran ni karamdaman ni kabalisaan ni kalungkutan ni kapinsalaan ni kapighatian – pati na ang tinik na tumuturok sa kanya – maliban na ipambabayad-sala ni Allah iyon sa ilan sa mga kasalanan niya.*” (Muttafaq ‘Alayhi.)

11- عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «حَقُّ الْمُسْلِمِ عَلَى الْمُسْلِمِ خَمْسٌ: رَدُّ السَّلَامِ، وَعِيَادَةُ الْمَرِيضِ، وَاتِّبَاعُ الْجَنَائِزِ، وَإِجَابَةُ الدَّعْوَةِ، وَتَشْمِيتُ الْعَاطِسِ». متفق عليه.

11. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Ang tungkulin ng isang Muslim sa kapwa Muslim ay lima: ang pagtugon sa pagbati, ang pagdalaw sa may-sakit, ang*

pagsunod sa libing, ang pagtugon sa paanyaya, at ang pagsabi ng yarhamuka -llāh⁹ sa bumahin.” (Muttafaq ‘Alayhi.)

12 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «مَنْ شَهِدَ الْجَنَازَةَ حَتَّى يُصَلَّى عَلَيْهَا فَلَهُ قِيرَاطٌ، وَمَنْ شَهِدَهَا حَتَّى تُدْفَنَ فَلَهُ قِيرَاطَانِ»، قِيلَ: وَمَا الْقِيرَاطَانِ؟ قَالَ: «مِثْلُ الْجَبَلَيْنِ الْعَظِيمَيْنِ». متفق عليه.

12. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “***Ang sinumang dumalo sa paglilibing hanggang sa dasalan ito ay magkakamit ng isang qíráṭ. Ang sinumang dumalo rito hanggang sa mailibing ito ay magkakamit siya ng dalawang qíráṭ.***” Sinabi: Ano ang dalawang qíráṭ? Sinabi niya: “***[Gantimpalang] gaya ng dalawang malaking bundok.***” (Muttafaq ‘Alayhi.)

13 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه قَالَ: «مَا عَابَ النَّبِيُّ ﷺ طَعَامًا قَطُّ، إِنْ اِسْتَهَاهُ أَكَلَهُ وَإِنْ كَرِهَهُ تَرَكَهُ». متفق عليه.

13. Ayon kay Abú Hurayrah (RA) na nagsabi: “Hindi namintás ang Propeta (SAS) ng isang pagkain kailanman. Kung naibigan niya iyon, kinain niya iyon; at kung inayawan niya iyon, iniwan niya iyon.” (Muttafaq ‘Alayhi.)

14 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «حُجِبَتِ النَّارُ بِالشَّهَوَاتِ، وَحُجِبَتِ الْجَنَّةُ بِالْمَكَارِهِ». متفق عليه.

14. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “***Binalot ang Impiyerno ng mga ninanasa at binalot ang Paraiso ng mga kinasusuklaman.***” (Muttafaq ‘Alayhi.)

⁹ Kaawaan ka ni Allah.

15- عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه ، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: ((إِذَا قُلْتَ لِصَاحِبِكَ يَوْمَ الْجُمُعَةِ أَنْصِتْ ، وَالْإِمَامُ يَخْطُبُ ، فَقَدْ لَغَوْتَ)) . متفق عليه.

15. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Kapag sinabi mo sa kasamahan mo sa araw ng Biyernes: ‘Tumahimik ka,’ habang ang Imám ay nagtatalumpati ay nakapagsalita ka nga ng walang kabuluhan.*” (Muttafaq ‘Alayhi.)

16- عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه ، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: ((لَوْلَا أَنْ أَشُقَّ عَلَى أُمَّتِي لَأَمَرْتُهُمْ بِالسَّوَالِكِ عِنْدَ كُلِّ صَلَاةٍ)). متفق عليه.

16. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Kung hindi sana makabibigat sa mga tagasunod ko, talagang ipinag-utos ko na sana sa kanila ang paggamit ng siwák sa bawat saláh.*” (Muttafaq ‘Alayhi.)

17- عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه ، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: ((وَيْلٌ لِلْأَعْقَابِ مِنَ النَّارِ)). متفق عليه.

17. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Kapighatian mula sa Impiyerno para sa mga sakong.*”¹⁰ (Muttafaq ‘Alayhi.)

18- عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه ، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: ((أَمَّا يَخْشَى الَّذِي يَرْفَعُ رَأْسَهُ قَبْلَ الْإِمَامِ أَنْ يُحَوَّلَ اللَّهُ رَأْسَهُ رَأْسَ حِمَارٍ)). متفق عليه.

18. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Hindi ba natatakot ang nag-aangat ng ulo niya bago*

¹⁰ Ang sakong na hindi nahuhugasan nang maigi sa pagsasagawa ng wudú’.

ang Imám na baka gawin ni Allah ang ulo niya na isang ulo ng asno?” (Muttafaq ‘Alayhi.)

19 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه ، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: ((مَنْ غَدَا إِلَى الْمَسْجِدِ أَوْ رَاحَ ، أَعَدَّ اللَّهُ لَهُ فِي الْجَنَّةِ نَزْلًا ، كُلَّمَا غَدَا أَوْ رَاحَ)) . متفق عليه .

19. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Ang sinumang pumunta sa umaga sa masjid o pumunta sa hapon ay maghahanda si Allah para sa kanya sa Paraiso ng handog sa tuwing pumupunta siya sa umaga at pumupunta sa hapon.*” (Muttafaq ‘Alayhi.)

20 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه ، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: ((آيَةُ الْمُنَافِقِ ثَلَاثٌ : إِذَا حَدَّثَ كَذَبَ ، وَإِذَا وَعَدَ أَخْلَفَ ، وَإِذَا اتَّمَعْتُمْ خَانَ)) . متفق عليه .

20. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Ang tanda ng nagkukunwaring sumampalataya ay tatlo: kapag nagsalita siya ay nagsisinungaling, kapag nangako siya ay nagtatalusira¹¹, at kapag pinagkatiwalaan siya ay nagtataksil.*” (Muttafaq ‘Alayhi.)

21 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه ، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: ((مَا أَسْفَلَ مِنَ الْكَعْبَيْنِ مِنَ الْإِزَارِ فِي النَّارِ)) . رواه البخاري .

21. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Ang bumaba pa sa mga bukung-bukong¹² mula sa tapis ay sa Impiyerno.*” (Isinalaysay ito ni Imám alBukhári.)

¹¹ Sumisira o hindi tumutupad sa pangako.

¹² Ang pagpapahaba ng kasuutan hanggang sa lumampas sa bukung-bukong. Ayon kay Ibnu ‘Umar (RA): “Ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: *Hindi titingin si Allah sa sinumang nagpasayad ng kasuutan niya dahil sa kayabangan.*”

22- عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «الْمَلَائِكَةُ تُصَلِّي عَلَى أَحَدِكُمْ مَا دَامَ فِي مُصَلَّاهُ الَّذِي صَلَّى فِيهِ مَا لَمْ يُحَدِّثْ، تَقُولُ: اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَهُ، اللَّهُمَّ أَرْحَمْهُ» ((. رواه البخاري.

22. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Ang mga anghel ay nanalangin ng kapatawaran sa [bawat] isa sa inyo habang nanatiling nasa dasalan niya na pinagdasalan niya hanggang hindi siya nasiraan ng wudú’*. Nagsasabi sila: *O Allah, patawarin Mo siya; o Allah kaawaan Mo siya.*” (Isinalaysay ito ni Imám alBukhárf.)

23- عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «كُلُّ أُمَّتِي يَدْخُلُونَ الْجَنَّةَ إِلَّا مَنْ أَبَى، قَالُوا: يَا رَسُولَ اللَّهِ، وَمَنْ يَأْبَى؟ قَالَ: (مَنْ أَطَاعَنِي دَخَلَ الْجَنَّةَ، وَمَنْ عَصَانِي فَقَدْ أَبَى)» ((. رواه البخاري.

23. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Lahat ng kalipunan ko ay papasok sa Paraiso maliban sa tumanggi.*” Nagsabi sila: “O Sugo ni Allah, at sino naman po ang tatanggi?” Nagsabi siya: “*Ang sinumang tumalima sa akin ay papasok sa Paraiso at ang sinumang sumuway sa akin ay tumanggi nga.*” (Isinalaysay ito ni Imám alBukhárf.)

(*Sahīh* alBukhárf, Vol. 7, *Hadīth* 674) Ayon kay Sālim ibnu ‘Abdullah, ayon sa ama niya, ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: “*Ang sinumang nagpasayad ng kasuutan niya dahil sa kayabangan, hindi titingin sa kanya si Allah sa araw ng pagbangon.* Kaya nagsabi si Abū Bakr: O Sugo ni Allah, tunay na ang isa sa dalawang tagiliran ng tapis ko ay sumasayad maliban kung iingatan ko iyon na magkagayon. Nagsabi ang Propeta (SAS): *Ikaw ay hindi kabilang sa gumagawa niyon bilang kayabangan.*” (*Sahīh* alBukhárf, Vol. 7, *Hadīth* 675)

24 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ -ﷺ- قَالَ: «إِذَا قَالَ الرَّجُلُ لِأَخِيهِ يَا كَافِرُ، فَقَدْ بَاءَ بِهِ أَحَدُهُمَا». رواه البخاري.

24. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Kapag nagsabi ang lalaki sa kapatid niya: ‘Hoy Káfir,’ tinamo nga [ang katawatang] ito ng isa sa kanilang dalawa.”*** (Isinalaysay ito ni Imám alBukhárí.)

25 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ -ﷺ- قَالَ: ((لِللَّهِ أَشَدُّ فَرْحًا بِتَوْبَةِ أَحَدِكُمْ، مِنْ أَحَدِكُمْ بِضَالَّتِهِ، إِذَا وَجَدَهَا)). رواه مسلم.

25. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Talagang si Allah ay higit na matindi sa tuwa dahil sa pagbabalik-loob ng isa sa inyo kaysa sa isa inyo na nagtamo ng naiwala niya noong natagpuan niya ito.”*** (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

26 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ -ﷺ- قَالَ: ((لَا تَدْخُلُوا الْجَنَّةَ حَتَّى تُؤْمِنُوا، وَلَا تُؤْمِنُوا حَتَّى تَحَابُّوا، أَوْ لَا أَدْلُكُمْ عَلَى شَيْءٍ إِذَا فَعَلْتُمْوهُ تَحَابَبْتُمْ؟ أَفْسُوا السَّلَامَ بَيْنَكُمْ)). رواه مسلم.

26. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Hindi kayo papasok sa Paraiso malibang sumampalataya kayo at hindi kayo sasampalataya malibang magmamahalan kayo. At hindi ba ako magtuturo sa inyo ng isang bagay na kapag ginawa ninyo ito ay magmamahalan kayo? Ipalaganap ninyo ang [pagbati ng] kapayapaan sa gitna ninyo.”*** (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

27- عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ -ﷺ- قَالَ: «(الصَّيْمَوَاتُ الْخَمِيسُ، وَالْجُمُعَةُ إِلَى الْجُمُعَةِ، وَرَمَضَانُ إِلَى رَمَضَانَ، مُكَفَّرَاتُ مَا بَيْنَهُنَّ، إِذَا اجْتُنِبَتْ الْكِبَائِرُ)». رواه مسلم.

27. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “**Ang limang *ṣalāh*, ang [*ṣalāh sa*] *Biyernes hanggang sa [*ṣalāh sa* susunod na] *Biyernes*, at ang [*pag-aayuno sa*] *Ramadān hanggang sa [*pag-aayuno sa* susunod na] *Ramadān* ay mga nag-aalis-sala [*sa mga kasalanan*] sa pagitan ng mga [*panahong*] ito kapag iniwasan ang mga malaking kasalanan.****” (Isinalaysay ito ni Imām Muslim.)

28- عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ -ﷺ- قَالَ: «(أَفْضَلُ الصَّيَامِ بَعْدَ رَمَضَانَ شَهْرُ اللَّهِ الْمُحَرَّمُ، وَأَفْضَلُ الصَّلَاةِ بَعْدَ الْفَرِيضَةِ، صَلَاةُ اللَّيْلِ)». رواه مسلم.

28. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “**Ang pinakamainam na pag-aayuno pagkatapos ng *Ramadān* ay ang [*pag-aayuno sa*] buwan ni Allah na *Muharram* at ang pinakamainam na *ṣalāh* matapos ang [*ṣalāh na*] isinatungkulin ay ang *ṣalāh sa gabi*.**” (Isinalaysay ito ni Imām Muslim.)

29- عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ -ﷺ- قَالَ: «(مَنْ تَابَ قَبْلَ أَنْ تَطْلُعَ الشَّمْسُ مِنْ مَغْرِبِهَا، تَابَ اللَّهُ عَلَيْهِ)». رواه مسلم.

29. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “**Ang sinumang nagbalik-loob bago sumikat ang araw mula sa kanluran nito ay tatanggapin ni Allah sa kanya ang pagbabalik-loob.**” (Isinalaysay ito ni Imām Muslim.)

30- عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ -ﷺ- قَالَ: «(جُزُوا الشَّوَارِبَ وَأَرْخُوا اللَّحَى، خَالِفُوا الْمَجُوسَ)». رواه مسلم.

30. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Gupitan ninyo ang mga bigote, patubuin ninyo ang mga balbas, at salungatin ninyo ang mga Mago.”***¹³ (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

31 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «لَأَنْ أَقُولَ: سُبْحَانَ اللَّهِ، وَالْحَمْدُ لِلَّهِ، وَلَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، وَاللَّهُ أَكْبَرُ، أَحَبُّ إِلَيَّ مِمَّا طَلَعَتْ عَلَيْهِ الشَّمْسُ». رواه مسلم.

31. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Ang magsabi ako ng subhána -lláh,¹⁴ alhamdulillah,¹⁵ lá iláha illa -lláh,¹⁶ at Alláhu Akbar ay higit na kaibig-ibig sa akin kaysa sa [anumang] sinikatan ng araw.”*** (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

32 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «مَنْ حَمَلَ عَلَيْنَا السَّلَاحَ فَلَيْسَ مِنَّا، وَمَنْ غَشَّنَا فَلَيْسَ مِنَّا». رواه مسلم.

32. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Ang sinumang bumitbit ng sandata laban sa atin ay hindi kabilang sa atin, at ang sinumang dumaya sa atin ay hindi kabilang sa atin.”*** (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

¹³ Mago ang isa pang tawag sa isang Mazdaista na kaanib ng relihiyong Mazdaismo. Ang Mazdaismo ay isang anyo ng Zoroasterianismo, ang relihiyong itinatag ni Zoroaster o Zarathustra na Persiano. Ang relihiyong ito ay naniniwala sa dala-wang diyos na magkatunggali: ang diyos ng kabutihan at ang diyos ng kasamaan. Napakalaki ang pagpapahalagang idinudulot ng mga kaanib nito sa apoy anupat ang pagpapahalaga nila sa apoy ay nauwi na sa pagsamba nila sa apoy.

¹⁴ Kaluwalhatian kay Allah.

¹⁵ Ang papuri ay ukol kay Allah.

¹⁶ Walang [totoong] Diyos kundi si Allah.

33- عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «إِذَا مَاتَ الْإِنْسَانُ انْقَطَعَ عَمَلُهُ إِلَّا مِنْ ثَلَاثٍ: إِلَّا مِنْ صَدَقَةٍ جَارِيَةٍ، أَوْ عِلْمٍ يُنْتَفَعُ بِهِ، أَوْ وَلَدٍ صَالِحٍ يَدْعُو لَهُ» . رواه مسلم.

33. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Kapag namatay ang tao ay napuputol buhat sa kanya ang gawain niya maliban sa tatlo: maliban sa kawanggawang nagpapatuloy, o kaalamang napakikinabangan, o anak na matuwid na dumadalangin para sa kanya.”*** (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

34- عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «لَقِّنُوا مَوْتَانِمْ: لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ» . رواه مسلم.

34. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Ipabigkas ninyo sa mga mamatay sa inyo ang lá iláha illa-lláh.”***¹⁷ (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

35- عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «مَنْ كَذَبَ عَلَيَّ مُتَعَمِّدًا فَلْيَتَّبِعُوا مَقْعَدَهُ مِنَ النَّارِ» . رواه مسلم.

35. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Ang sinumang nagsinungaling tungkol sa akin ay lumuloklok siya ng upuan niya mula sa Impiyerno.”*** (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

¹⁷ Walang [totoong] Diyos kundi si Allah.

36- عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «مَنْ دَعَا إِلَى هُدًى، كَانَ لَهُ مِنَ الْأَجْرِ مِثْلُ أُجُورٍ مَنْ تَبِعَهُ، لَا يَنْقُصُ ذَلِكَ مِنْ أُجُورِهِمْ شَيْئًا، وَمَنْ دَعَا إِلَى ضَلَالَةٍ، كَانَ عَلَيْهِ مِنَ الْإِثْمِ، مِثْلُ آثَامٍ مَنْ تَبِعَهُ، لَا يَنْقُصُ ذَلِكَ مِنْ آثَامِهِمْ شَيْئًا». رواه مسلم.

36. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Ang sinumang nag-anyaya tungo sa kapatnubayan ay magkakamit siya ng kabayaran tulad ng mga kabayaran ng sinumang sumunod sa kanya, na hindi nakababawas iyon ng anuman mula sa mga kabayaran nila; at ang sinumang mag-anyaya sa kaligawan ay magtatamo siya ng kasalanan na tulad ng mga kasalanan ng sinumang sumunod sa kanya, na hindi nakababawas iyon ng anuman mula sa mga kasalanan nila.*” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

37- عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «قَالَ اللَّهُ تَبَارَكَ وَتَعَالَى: أَنَا أَغْنَى الشَّرِّ كَاءَ عَنِ الشَّرِّ، مَنْ عَمِلَ عَمَلًا أَشْرَكَ فِيهِ مَعِيَ غَيْرِي، تَرَكْتُهُ وَشِرْكُهُ». رواه مسلم.

37. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Nagsabi si Allah, napakamapagpala Niya at pagkataas-taas Niya: Ako ay pinakawalang pangangailangan sa pagkakaroon ng katambal sa mga itinatambal [sa Akin]. Ang sino mang gumawa ng isang gawain na nagtambal siya sa Akin sa pag-uukol nito sa iba pa sa Akin ay iiwan Ko siya kasama ng pagtatambal niya.*” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

38- عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «مَنْ صَلَّى عَلَيَّ وَاحِدَةً، صَلَّى اللَّهُ عَلَيَّ عَشْرًا». رواه مسلم.

38. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Ang sinumang dumalangin ng pagbasbas sa akin ay*

babasbasan siya ni Allah nang makasampu.” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

39 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «كُلُّ الْمُسْلِمِ عَلَى الْمُسْلِمِ حَرَامٌ، دَمُهُ، وَمَالُهُ، وَعِزُّهُ». رواه مسلم.

39. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “***Ang lahat sa Muslim ay bawal labagin ng [kapwa] Muslim: ang buhay niya, ang ari-arian niya at ang dangal niya.***” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

40 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «مَا نَقَصَتْ صَدَقَةٌ مِنْ مَالٍ، وَمَا زَادَ اللَّهُ عَبْدًا بِعَفْوٍ إِلَّا عِزًّا، وَمَا تَوَاضَعَ أَحَدٌ لِلَّهِ إِلَّا رَفَعَهُ اللَّهُ». رواه مسلم.

40. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “***Walang naibabawas ang isang kawanggawa mula sa yaman at walang naidagdag si Allah sa isang tao sa pamamagitan ng isang paumanhin kundi karangalan.***” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

41 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «أَتَذَرُونَ مَا الْغَيْبَةُ؟» قَالُوا: اللَّهُ وَرَسُولُهُ أَعْلَمُ، قَالَ: «ذِكْرُكَ أَخَاكَ بِمَا يَكْرَهُ»، قِيلَ: أَفَرَأَيْتَ إِنْ كَانَ فِي أَخِي مَا أَقُولُ؟ قَالَ: «إِنْ كَانَ فِيهِ مَا تَقُولُ فَقَدْ اغْتَبْتَهُ، وَإِنْ لَمْ يَكُنْ فِيهِ فَقَدْ بَهْتَهُ». رواه مسلم.

41. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “***Nalalaman ba ninyo ang panlilibak?***” Nagsabi sila: “Si Allah at ang Sugo Niya ay higit na nakaaalam.” Nagsabi siya: “***Ang pagbanggit mo sa kapatid mo ng anumang kinasusuklaman niya.***” Sinabi: “Ano po ang tingin ninyo kung taglay ng kapatid ko ang sinasabi ko?” Nagsabi siya: “***Kung taglay niya ang sinasabi mo ay nilibak mo nga siya; at kung hindi niya taglay***”

ang sinasabi mo ay siniraang-puri mo nga siya.” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

42 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «سَيَبِقُ الْمَفْرَدُونَ» قَالُوا: وَمَا الْمَفْرَدُونَ، يَا رَسُولَ اللَّهِ؟ قَالَ: «الذَّاكِرُونَ اللَّهَ كَثِيرًا، وَالذَّاكِرَاتُ». رواه مسلم.

42. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: **“Nauna ang mga mufarrid.”** Nagsabi sila: “At ano po ang mufarrid, o Sugo ni Allah?” Nagsabi siya: **“Ang mga lalaking nag-aalaala kay Allah nang madalas at ang mga babaing nag-aalaala.”** (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

43 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «إِنَّ اللَّهَ لَا يَنْظُرُ إِلَى صَوْرِكُمْ وَأَمْوَالِكُمْ، وَلَكِنْ يَنْظُرُ إِلَى قُلُوبِكُمْ وَأَعْمَالِكُمْ». رواه مسلم.

43. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: **“Tunay na si Allah ay hindi tumitingin sa mga anyo ninyo at mga ari-arian ninyo, subalit tumitingin Siya sa mga puso ninyo at mga gawa ninyo.”** (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

44 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «لَا تَجْعَلُوا يَمُوتَكُمْ مَقَابِرَ، إِنَّ الشَّيْطَانَ يَنْفِرُ مِنَ الْبَيْتِ الَّذِي تَقْرَأُ فِيهِ سُورَةَ الْبَقَرَةِ». رواه مسلم.

44. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: **“Huwag ninyong gawin ang mga bahay ninyo na mga libingan. Tunay na ang Demonyo ay tumatakas palayo sa bahay na binibigkas sa loob nito ang Súrah alBaqarah.”** (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

45 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «لَا يَدْخُلُ الْجَنَّةَ مَنْ لَا يَأْمَنُ جَارُهُ بَوَائِقَهُ». رواه مسلم.

45. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Hindi papasok sa Paraiso ang sinumang [taong] hindi ligtas ang kapitbahay niya sa mga pananalasa niya.”*** (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

46 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «أَقْرَبُ مَا يَكُونُ الْعَبْدُ مِنْ رَبِّهِ وَهُوَ سَاجِدٌ؛ فَأَكْثِرُوا الدُّعَاءَ». رواه مسلم.

46. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Ang pinakamalapit na sandali ng tao sa Panginoon niya ay habang siya ay nakapatirapa, kaya damihan ninyo ang pagdalangin.”*** (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

47 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «مَنْ سَلَكَ طَرِيقًا يَلْتَمِسُ فِيهِ عِلْمًا سَهَّلَ اللَّهُ لَهُ بِهِ طَرِيقًا إِلَى الْجَنَّةِ». رواه مسلم.

47. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Ang sinumang tumahak sa isang landas, na nagha-hanap dahil doon ng kaalaman, padadaliin ni Allah para sa kanya dahil doon ang isang daan patungo sa Paraiso.”*** (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

48 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «إِنَّ اللَّهَ يَقُولُ يَوْمَ الْقِيَامَةِ: أَيْنَ الْمُتَحَابُّونَ بِحَلَالِي، الْيَوْمَ أَظْلُهُمْ فِي ظِلِّي، يَوْمَ لَا ظِلَّ إِلَّا ظِلِّي». رواه مسلم.

48. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Tunay na si Allah ay magsasabi sa Araw ng Pagba-***

ngon: Nasaan ang mga nagmamahalan dahil sa pagpipitagan sa Akin? Sa araw na ito ay liliman Ko sila sa lilim Ko, sa araw na walang lilim kundi ang lilim Ko.” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

49- عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ -ﷺ- قَالَ: «إِذَا أُقِيمَتِ الصَّلَاةُ، فَلَا صَلَاةَ إِلَّا الْمَكْتُوبَةُ». رواه مسلم.

49. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: **“Kapag isinagawa ang *ṣaláh* ay wala nang *ṣaláh* kundi ang isinatungkulin.”** (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

50- عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ -ﷺ- قَالَ: «الدُّنْيَا سِجْنُ الْمُؤْمِنِ، وَجَنَّةُ الْكَافِرِ». رواه مسلم.

50. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: **“Ang Mundo ay bilanguan ng mananampalataya at paraiso ng tumatangging sumampalataya.”** (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

51- عَنْ عَائِشَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا، عَنِ النَّبِيِّ -ﷺ- قَالَ: «مَنْ أَحْدَثَ فِي أَمْرِنَا هَذَا مَا لَيْسَ مِنْهُ فَهُوَ رَدٌّ». متفق عليه.

51. Ayon kay ‘Á’ishah (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: **“Ang sinumang gumawa ng bago sa kautusan Naming ito na hindi naman bahagi nito, iyon ay tatanggihan.”** (Muttafaq ‘Alayhi.)

52- عَنْ عَائِشَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا، عَنِ النَّبِيِّ -ﷺ- قَالَ: «أَحَبُّ الْأَعْمَالِ إِلَى اللَّهِ -تَعَالَى- أَذْوُمُهَا وَإِنْ قُلَّ». متفق عليه.

52. Ayon kay ‘Á’ishah (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***“Ang pinakakaibig-ibig sa mga gawain kay Allah, pagkataas-taas Niya, ay ang pinakatatagal sa mga ito kahit pa man kaunti.”*** (Muttafaq ‘Alayhi.)

53 - عَنْ عَائِشَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا، عَنِ النَّبِيِّ ﷺ - قَالَ: «مَنْ نَذَرَ أَنْ يُطِيعَ اللَّهَ فَلْيُطِعهُ، وَمَنْ نَذَرَ أَنْ يَعْصِيَهُ فَلَا يَعْصِيهِ» . رواه البخاري.

53. Ayon kay ‘Á’ishah (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***“Ang sinumang namanata na tatalima kay Allah ay tumalima ito sa Kanya ang sinumang namanata na susuway sa Kanya ay huwag itong sumuway sa Kanya.”*** (Isinalaysay ito ni Imám alBukhári.)

54 - عَنْ عَائِشَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا، عَنِ النَّبِيِّ ﷺ - قَالَ: «لَا تَسْبُوا الْأَمْوَاتَ؛ فَإِنَّهُمْ قَدْ أَفْضَوْا إِلَى مَا قَدَّمُوا» . رواه البخاري.

54. Ayon kay ‘Á’ishah (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***“Huwag ninyong alipustain ang mga patay sapagkat tunay na sila ay humantong na sa [mga gawang] ipinauna nila.”*** (Isinalaysay ito ni Imám alBukhári.)

55 - عَنْ عَائِشَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا، قَالَتْ: «كَانَ النَّبِيُّ ﷺ - لَا يَدْعُ أَرْبَعًا قَبْلَ الظُّهْرِ، وَرَكْعَتَيْنِ قَبْلَ الْغَدَاةِ» . رواه البخاري.

55. Ayon kay ‘Á’ishah (RA) na nagsabi: ***“Ang Propeta (SAS) noon ay hindi humihinto sa pagsasagawa ng apat [na rak‘ah]¹⁸ bago ang [saláh sa] dhuhr at ng dalawang rak‘ah bago ang [saláh sa] madaling-araw.”*** (Isinalaysay ito ni Imám alBukhári.)

¹⁸ Saláh na sunnah na tigdadalawang rak‘ah.

56 - عَنْ عَائِشَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا - قَالَتْ: ((كَانَ النَّبِيُّ - ﷺ - يُحِبُّ التَّيْمَنَ مَا اسْتَطَاعَ، فِي شَأْنِهِ كُلِّهِ، فِي طَهْوَرِهِ وَتَرَجُّلِهِ وَتَنْعَلِهِ)). رواه البخاري.

56. Ayon kay ‘Á’ishah (RA) na nagsabi: “Ang Propeta (SAS) noon ay nagnanais ng pagsisimula sa kanan sa abot ng makakaya niya sa lahat ng gawain niya: sa wudú’ niya, pagsusuklay niya at pagsasandalyas niya.” (Isinalaysay ito ni Imám alBukhári.)

57 - عَنْ عَائِشَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا - قَالَتْ: ((كَانَ النَّبِيُّ - ﷺ - يَذْكُرُ اللَّهَ عَلَى كُلِّ أَحْيَانِهِ)). رواه مسلم.

57. Ayon kay ‘Á’ishah (RA) na nagsabi: “Ang Propeta (SAS) noon ay umaalaala kay Allah sa lahat ng mga sandali niya.” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

58 - عَنْ عَائِشَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا، عَنِ النَّبِيِّ - ﷺ - قَالَ: ((رَكْعَتَا الْفَجْرِ خَيْرٌ مِنَ الدُّنْيَا وَمَا فِيهَا)). رواه مسلم.

58. Ayon kay ‘Á’ishah (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: “*Ang dalawang rak‘ah [na saláh na sunnah] sa madaling-araw ay higit na mainam kaysa sa Mundo at ang anumang nasa loob nito.*” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

59 - عَنْ عَائِشَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا، عَنِ النَّبِيِّ - ﷺ - قَالَ: ((إِنَّ الرِّفْقَ لَا يَكُونُ فِي شَيْءٍ إِلَّا زَانَهُ، وَلَا يُنْزَعُ مِنْ شَيْءٍ إِلَّا شَانَهُ)). رواه مسلم.

59. Ayon kay ‘Á’ishah (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: “*Tunay na ang kabaitan ay hindi mangyayaring nasa isang bagay malibang nagagayakan nito iyon at hindi ito naalis sa isang bagay malibang nadudungisan nito iyon.*” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

60 - عَنْ أَنَسٍ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ، عَنِ النَّبِيِّ ﷺ - قَالَ: «لَا يُؤْمِنُ أَحَدُكُمْ حَتَّى يُحِبَّ لِأَخِيهِ مَا يُحِبُّ لِنَفْسِهِ». متفق عليه.

60. Ayon kay Anas (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***"Hindi sumasampalataya ang isa sa inyo malibang iibigin niya para sa kapatid niya ang iniibig niya para sa sarili niya."*** (Muttafaq 'Alayhi.)

61 - عَنْ أَنَسٍ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ، عَنِ النَّبِيِّ ﷺ - قَالَ: «مَا مِنْ مُسْلِمٍ يَغْرِسُ غَرْسًا، أَوْ يَزْرَعُ زَرْعًا، فَيَأْكُلُ مِنْهُ طَيْرٌ، أَوْ إِنْسَانٌ، أَوْ بَهِيمَةٌ، إِلَّا كَانَ لَهُ بِهِ صَدَقَةٌ». متفق عليه.

61. Ayon kay Anas (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***"Walang sinumang Muslim na nagtatanim ng isang punong-kahoy o nagsasaka ng isang pananim at may nakakakain mula rito na isang ibon o tao o hayop malibang nakapagdudulot siya sa pamamagitan nito ng isang kawanggawa."*** (Muttafaq 'Alayhi.)

62 - عَنْ أَنَسٍ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ، عَنِ النَّبِيِّ ﷺ - قَالَ: «مَنْ أَحَبَّ أَنْ يُسَيِّطَ لَهُ فِي رِزْقِهِ، وَيُنْسَأَ لَهُ فِي أَثَرِهِ، فَلْيَصِلْ رَحْمَةً». متفق عليه.

62. Ayon kay Anas (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***"Ang sinumang ikasasaya niya na magpaluwag sa kanya sa kaloob sa kanya o magpaliban sa kanya sa taning niya ay makiugnay siya sa kaanak niya."*** (Muttafaq 'Alayhi.)

63 - عَنْ أَنَسٍ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: كَانَ النَّبِيُّ ﷺ - يَقُولُ: «اللَّهُمَّ رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً، وَفِي الْآخِرَةِ حَسَنَةً، وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ». متفق عليه.

63. Ayon kay Anas (RA) na nagsabi: ***"Ang Propeta (SAS) noon ay nagsasabi: Panginoon namin, bigyan Mo kami sa mundo ng***

mabuti at sa Kabilang-buhay ng mabuti rin; at ipagsanggalang Mo kami sa pagdurusa sa Apoy.” (Muttafaq ‘Alayhi.)

64 - عَنْ أَنَسٍ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ، عَنِ النَّبِيِّ ﷺ - قَالَ: «إِنَّمَا الصَّبْرُ عِنْدَ الصَّدْمَةِ الْأُولَى». متفق عليه.

64. Ayon kay Anas (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***“Tunay na ang pagtitiis ay sandali ng unang dagok ng kasawian lamang.”*** (Muttafaq ‘Alayhi.)

65 - عَنْ أَنَسٍ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ، عَنِ النَّبِيِّ ﷺ - قَالَ: «يَتَّبِعُ الْمَيِّتَ ثَلَاثَةٌ فَيَرْجِعُ اثْنَانِ وَيَبْقَى مَعَهُ وَاحِدٌ، يَتَّبِعُهُ أَهْلُهُ، وَمَالُهُ، وَعَمَلُهُ، فَيَرْجِعُ أَهْلُهُ وَمَالُهُ، وَيَبْقَى عَمَلُهُ». متفق عليه.

65. Ayon kay Anas (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***“Sinusundan ang patay ng tatlo ngunit bumabalik ang dalawa at naiiwan kasama niya ang isa. Sinusundan siya ng mag-anak niya, yaman niya at gawa niya ngunit babalik ang pamilya niya at ang yaman niya at maiiwan kasama niya ang gawa niya.”*** (Muttafaq ‘Alayhi.)

66 - عَنْ أَنَسٍ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ، عَنِ النَّبِيِّ ﷺ - قَالَ: «يَسْرُوْا وَلَا تُعَسِّرُوا، وَبَشِّرُوا وَلَا تُنْفِرُوا». متفق عليه.

66. Ayon kay Anas (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***“Magpadali kayo at huwag kayong magpahirap, magpalugod kayo at huwag magpalayo ng damdamin.”*** (Muttafaq ‘Alayhi.)

67 - عَنْ أَنَسٍ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ، عَنِ النَّبِيِّ ﷺ - قَالَ: «سَوُّوا صُفُوفَكُمْ؛ فَإِنَّ تَسْوِيَةَ الصُّفُوفِ مِنْ إِقَامَةِ الصَّلَاةِ». متفق عليه.

67. Ayon kay Anas (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***“Pagpantayin ninyo ang mga hanay ninyo sapagkat ang pagpapantay ng mga hanay ay bahagi ng pagsasagawa ng ṣalāh.”*** (Muttafaq ‘Alayhi.)

68 - عَنْ أَنَسٍ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ، عَنِ النَّبِيِّ ﷺ - قَالَ: «إِنَّ اللَّهَ لَيَرْضَى عَنِ الْعَبْدِ أَنْ يَأْكُلَ الْأَكْلَةَ فَيُحَمِّدَهُ عَلَيْهَا، أَوْ يَشْرَبَ الشَّرْبَةَ فَيُحَمِّدَهُ عَلَيْهَا» . رواه مسلم.

68. Ayon kay Anas (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***“Tunay na si Allah ay talagang nasisiyahan sa tao na [kapag] kumain ng pagkain ay nagpupuri sa Kanya dahil doon, o [kapag] uminom ng inumin ay nagpupuri sa Kanya dahil doon.”*** (Isinalaysay ito ni Imām Muslim.)

69 - عَنْ أَنَسٍ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ، عَنِ النَّبِيِّ ﷺ - قَالَ: «لَا يُؤْمِنُ أَحَدُكُمْ حَتَّىٰ أَكُونَ أَحَبَّ إِلَيْهِ مِنْ وَالِدِهِ، وَوَلَدِهِ، وَالنَّاسِ أَجْمَعِينَ» . متفق عليه.

69. Ayon kay Anas (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***“Hindi sumasampalataya ang isa sa inyo malibang ako ay maging pinakamahal sa kanya kaysa sa magulang niya, anak niya, at lahat ng tao.”*** (Muttafaq ‘Alayhi.)

70 - عَنْ ابْنِ عُمَرَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمَا - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «مَا زَالَ جِبْرِيلُ يُوصِينِي بِالْجَارِ حَتَّىٰ ظَنَنْتُ أَنَّهُ سَيُورُّهُ» . متفق عليه.

70. Ayon kay Ibnu ‘Umar (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Hindi tumigil si Gabriel sa pagtatagubilin sa akin kaugnay sa kapit-bahay hanggang sa akalain ko na gagawin niyang tagapagmana [ko] ito.***” (Muttafaq ‘Alayhi.)

71- عَنْ ابْنِ عُمَرَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: ((اجْعَلُوا آخِرَ صَلَاتِكُمْ بِاللَّيْلِ وَتَرَا)). متفق عليه.

71. Ayon kay Ibnu 'Umar (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Gawin ninyong witr ang huling salah ninyo sa gabi.*" (Muttafaq 'Alayhi.)

72- عَنْ ابْنِ عُمَرَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: ((مَا زَالَ الرَّجُلُ يَسْأَلُ النَّاسَ حَتَّى يَأْتِيَ يَوْمَ الْقِيَامَةِ لَيْسَ فِي وَجْهِهِ مُرْعَةٌ لَحْمٌ)). متفق عليه.

72. Ayon kay Ibnu 'Umar (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Hindi tumigil ang isang tao sa paghingi sa mga tao hanggang sa dumating ang Araw ng Pagbangon na sa mukha niya ay wala nang himaymay ng laman.*" (Muttafaq 'Alayhi.)

73- عَنْ ابْنِ عُمَرَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: ((الَّذِي تُفَوِّتُهُ صَلَاةُ الْعَصْرِ، فَكَأَنَّمَا وَتَرَ أَهْلَهُ وَمَالَهُ)). متفق عليه.

73. Ayon kay Ibnu 'Umar (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Ang sumamasala sa pagsagawa ng [dasal sa] sa hapon ay para bagang nawalan ng mag-anak niya at yaman niya.*" (Muttafaq 'Alayhi.)

74- عَنْ ابْنِ عُمَرَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: ((الْمُسْلِمُ أَخُو الْمُسْلِمِ، لَا يَظْلِمُهُ وَلَا يُسْلِمُهُ، مَنْ كَانَ فِي حَاجَةِ أَخِيهِ، كَانَ اللَّهُ فِي حَاجَتِهِ، وَمَنْ فَرَّجَ عَنْ مُسْلِمٍ كُرْبَةً فَرَّجَ اللَّهُ عَنْهُ كُرْبَةً مِنْ كُرْبَاتٍ يَوْمَ الْقِيَامَةِ، وَمَنْ سَتَرَ مُسْلِمًا سَتَرَهُ اللَّهُ يَوْمَ الْقِيَامَةِ)). متفق عليه.

74. Ayon kay Ibnu ‘Umar (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Ang Muslim ay kapatid ng Muslim; hindi niya ito sinisiil at hindi niya ito pinababayaang. Ang sinumang [tutugon] sa pangangailangan ng kapatid niya, si Allah ay [tutugon] sa panga-ngailangan niya. Ang sinumang pumawi sa isang Muslim ng isang dalamhati ay magpapawi si Allah sa kanya ng isang dalamhati mula sa mga dalamhati niya sa Araw ng Pagbangon. Ang sinumang magtakip sa isang Muslim ay pagtatakan siya ni Allah sa sa Araw ng Pagbangon.*” (Muttafaq ‘Alayhi.)

75 - عَنْ ابْنِ عُمَرَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: أَخَذَ رَسُولُ اللَّهِ - ﷺ - بِمَنْكِبِي، فَقَالَ: «كُنْ فِي الدُّنْيَا كَأَنَّكَ غَرِيبٌ أَوْ عَابِرُ سَبِيلٍ». ((البخاري.

75. Ayon kay Ibnu ‘Umar (RA) na nagsabi: “Humawak ang Sugo ni Allah (SAS) sa balikat ko at nagsabi: *Ikaw sa Mundo ay maging para bagang isang dayuhan o isang tumatawid sa landas.*” (Isinalaysay ito ni Imám alBukhári.)

76 - عَنْ ابْنِ عُمَرَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «الظُّلُمُ ظُلُمَاتُ يَوْمِ الْقِيَامَةِ». ((رواه البخاري.

76. Ayon kay Ibnu ‘Umar (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Ang paglabag sa katarungan ay mga kadiliman sa Araw ng Pagbangon.*” (Isinalaysay ito ni Imám alBukhári.)

77 - عَنْ ابْنِ عُمَرَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «الْمُسْلِمُ مَنْ سَلِمَ الْمُسْلِمُونَ مِنْ لِسَانِهِ وَيَدِهِ، وَالْمُهَاجِرُ مَنْ هَجَرَ مَا نَهَى اللَّهُ عَنْهُ». ((رواه البخاري.

77. Ayon kay Ibnu ‘Umar (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Ang Muslim ay ang sinumang ligtas*

ang mga Muslim mula sa dila niya at kamay niya. Ang lumilikas ay ang sinumang umiwan ng ipinagbawal ni Allah.” (Isinalaysay ito ni Imám alBukhári.)

78- عَنْ ابْنِ عُمَرَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «كُلْ مُسْكِرَ حَرْمٍ، وَكُلْ مُسْكِرَ حَرَامٍ». رواه مسلم.

78. Ayon kay Ibnu ‘Umar (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Bawat nakalalasing ay alak at bawat nakalalasing ay bawal.*” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

79- عَنْ ابْنِ عُمَرَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «أَبْرَأَ إِلَيَّ أَنْ يَصِلَ الرَّجُلُ وَدَّ أَبِيهِ». رواه مسلم.

79. Ayon kay Ibnu ‘Umar (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Ang pinakapagpapakabuti sa pagpapakabuti ay pakikipag-ugnay ng lalaki sa minamahal ng ama niya.*” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

80- عَنْ سَالِمٍ، عَنْ أَبِيهِ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ -، أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «لَا حَسَدَ إِلَّا فِي اثْنَتَيْنِ: رَجُلٌ آتَاهُ اللَّهُ الْقُرْآنَ فَهُوَ يَتْلُوهُ آتَاءَ اللَّيْلِ وَآتَاءَ النَّهَارِ، وَرَجُلٌ آتَاهُ اللَّهُ مَالًا فَهُوَ يُنْفِقُهُ آتَاءَ اللَّيْلِ وَآتَاءَ النَّهَارِ». مضع عليه.

80. Ayon kay Sálím (RA), ayon sa ama niya (RA) ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Walang inggit maliban sa dalawa: isang lalaking binigyan ni Allah ng Qur’an at binibigkas niya ito sa mga oras ng gabi at mga oras ng maghapon, at isang lalaking binigyan ni Allah ng yaman at ginugugol niya ito [sa kabutihan] sa mga oras ng gabi at mga oras ng maghapon.*” (Muttafaq ‘Alayhi.)

81 - عَنْ جَابِرٍ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ، عَنْ رَسُولِ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «لَا تَأْكُلُوا بِالشَّامِلِ، فَإِنَّ الشَّيْطَانَ يَأْكُلُ بِالشَّامِلِ». رواه مسلم.

81. Ayon kay Jābir (RA), ayon sa Sugo ni Allah (SAS) na nagsabi: ***“Huwag kayong kumain sa pamamagitan ng kaliwang [kamay] sapagkat tunay na ang Demonyo ay kumakain sa pamamagitan ng kaliwa.”*** (Isinalaysay ito ni Imām Muslim.)

82 - عَنْ جَابِرٍ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ، عَنْ رَسُولِ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «مَنْ لَقِيَ اللَّهَ لَا يُشْرِكُ بِهِ شَيْئًا دَخَلَ الْجَنَّةَ، وَمَنْ لَقِيَهُ يُشْرِكُ بِهِ شَيْئًا دَخَلَ النَّارَ». رواه مسلم.

82. Ayon kay Jābir (RA), ayon sa Sugo ni Allah (SAS) na nagsabi: ***“Ang sinumang makipagkita kay Allah na hindi nagtatambal sa Kanya ng anuman ay papasok sa Paraiso at ang sinumang makipagkita sa Kanya na nagtatambal sa Kanya ng anuman ay papasok sa Impiyerno.”*** (Isinalaysay ito ni Imām Muslim.)

83 - عَنْ جَابِرٍ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ، عَنْ رَسُولِ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «إِنَّ بَيْنَ الرَّجُلِ وَبَيْنَ الشُّرْكِ وَالْكُفْرِ تَرْكُ الصَّلَاةِ». رواه مسلم.

83. Ayon kay Jābir (RA), ayon sa Sugo ni Allah (SAS) na nagsabi: ***“Tunay na ang nasa pagitan ng tao at ng Shirk at Kawalang-pananampalataya ay ang pagtigil sa pagsasagawa ng ṣalāh.”*** (Isinalaysay ito ni Imām Muslim.)

84 - عَنْ جَابِرٍ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - ، عَنْ رَسُولِ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «يُنْعَثُ كُلُّ عَبْدٍ عَلَى مَا مَاتَ عَلَيْهِ». رواه مسلم.

84. Ayon kay Jábir (RA), ayon sa Sugo ni Allah (SAS) na nagsabi: ***“Bubuhayin ang bawat tao ayon sa kalagayang kinamatayan niya.”*** (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

85 - عَنْ بَعْضِ أَزْوَاجِ النَّبِيِّ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ، عَنِ النَّبِيِّ ﷺ قَالَ: «مَنْ أَتَى عَرَفَا فَسَأَلَهُ عَنْ شَيْءٍ لَمْ تُقْبَلْ لَهُ صَلَاةُ أَرْبَعِينَ لَيْلَةً». رواه مسلم.

85. Ayon sa ilan sa mga maybahay ng Propeta (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***“Ang sinumang pumunta sa isang manghuhula at nagtanong doon ng anuman ay hindi tatanggap mula sa kanya ang saláh sa apatnapung araw.”*** (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

86 - عَنْ ابْنِ مَسْعُودٍ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ، عَنِ رَسُولِ اللَّهِ ﷺ قَالَ: «إِنَّ أَشَدَّ النَّاسِ عَذَابًا عِنْدَ اللَّهِ يَوْمَ الْقِيَامَةِ الْمُصَوِّرُونَ». متفق عليه.

86. Ayon kay Ibnu Mas‘úd (RA), ayon sa Sugo ni Allah (SAS) na nagsabi: ***“Tunay na ang pinakamatindi sa mga tao sa parusa sa ganang kay Allah sa Araw ng Pagbangon ay ang mga tagagawa ng larawan.”*** (Muttafaq ‘Alayhi.)

87 - عَنْ ابْنِ مَسْعُودٍ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ، عَنِ رَسُولِ اللَّهِ ﷺ قَالَ: «مَنْ قَرَأَ بِالْأَيَّتَيْنِ مِنْ آخِرِ سُورَةِ الْبَقَرَةِ فِي لَيْلَةِ كَفَّاهُ». رواه البخاري.

87. Ayon kay Ibnu Mas‘úd (RA), ayon sa Sugo ni Allah (SAS) na nagsabi: ***“Ang sinumang bumasa ng dalawang talata mula sa huling bahagi ng Súrah alBaqarah sa gabi ay sasapat¹⁹ na ito sa kanya.”*** (Isinalaysay ito ni Imám alBukhári.)

¹⁹ Ayon kay Imám anNawawí sasapat na bilang pamalit sa qiyámullayl o sasapat laban sa Demonyo o sasapat na laban sa mga nakapipinsala.

88 - عَنْ ثَابِتِ بْنِ الضَّحَّاكِ رضي الله عنه، عَنْ رَسُولِ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «لَعَنُ الْمُؤْمِنِ كَقَتْلِهِ». متفق عليه.

88. Ayon kay Thábit ibnu adDahhák (RA), ayon sa Sugo ni Allah (SAS) na nagsabi: “*Ang pagsumpa sa mananampalataya ay gaya ng pagpatay sa kanya.*” (Muttafaq ‘Alayhi.)

89 - عَنْ أَبِي ذَرٍّ رضي الله عنه قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: «لَا تَحْقِرَنَّ مِنَ الْمَعْرُوفِ شَيْئًا، وَلَوْ أَنْ تَلْقَى أَخَاكَ بِوَجْهِ طَلِقٍ». رواه مسلم.

89. Ayon kay Abú Dharr (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Propeta (SAS): *Huwag ka ngang humamak ng anuman sa nakabubuti: kahit man lamang salubungin mo ang kapatid ng mukhang maaliwalas.*” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

90 - عَنْ أَبِي الدَّرْدَاءِ رضي الله عنه - قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: «مَا مِنْ عَبْدٍ مُسْلِمٍ يَدْعُو لِأَخِيهِ بِظَهْرِ الْغَيْبِ، إِلَّا قَالَ الْمَلَكُ: وَلَكَ بِمِثْلٍ». رواه مسلم.

90. Ayon kay Abú Dardá (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Propeta (SAS): *Walang sinumang Muslim na nanalangin para sa kapatid niya nang lingid malibang nagsasabi ang isang anghel: At ukol sa iyo ay tulad [niyon].*” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

91 - عَنْ مُعَاوِيَةَ رضي الله عنه - قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: «مَنْ يُرِدِ اللَّهُ بِهِ خَيْرًا يُفَقِّهْهُ فِي الدِّينِ». متفق عليه.

91. Ayon kay Mu‘áwiyah (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Propeta (SAS): *Ang sinumang nagnais si Allah sa kanya ng kabutihan ay ipauunawa Niya rito ang Relihiyon.*” (Muttafaq ‘Alayhi.)

92 - عَنْ أَبِي سَعِيدٍ الْخُدْرِيِّ - رضي الله عنه - قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: ((إِذَا سَمِعْتُمُ النَّدَاءَ فَقُولُوا مِثْلَ مَا يَقُولُ الْمُؤَدِّنُ)). متفق عليه.

92. Ayon kay Abú Sa'íd alKhudrí (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Propeta (SAS): *Kapag narinig ninyo ang panawagan [sa saláh] ay sabihin ninyo ang tulad sa sinasabi ng mu'adhdhin.*” (Muttafaq ‘Alayhi.)

93 - عَنْ أَبِي قَتَادَةَ - رضي الله عنه - قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: ((إِذَا دَخَلَ أَحَدُكُمُ الْمَسْجِدَ فَلْيَرْكَعْ رَكْعَتَيْنِ قَبْلَ أَنْ يَجْلِسَ)). متفق عليه.

93. Ayon kay Abú Qatádah (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Propeta (SAS): *Kapag pumasok ang isa sa inyo sa masjid ay magdasal siya ng dalawang rak'ah bago siya umupo.*” (Muttafaq ‘Alayhi.)

94 - عَنْ أَبِي مُوسَى - رضي الله عنه - قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: ((مِثْلُ الَّذِي يَذْكُرُ رَبَّهُ وَالَّذِي لَا يَذْكُرُ رَبَّهُ مِثْلُ الْحَيِّ وَالْمَيِّتِ)). رواه البخاري.

94. Ayon kay Abú Músá (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Propeta (SAS): *Ang pagkakahalintulad ng umaalaala sa Panginoon niya at ng hindi umaalaala sa Panginoon niya ay ang pagkakahalintulad ng buhay at ng patay.*” (Isinalaysay ito ni Imám alBukhári.)

95 - عَنْ ابْنِ عَبَّاسٍ - رضي الله عنه - قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: ((نِعْمَتَانِ مَغْبُونٌ فِيهِمَا كَثِيرٌ مِنَ النَّاسِ: الصَّحَّةُ وَالْفَرَاغُ)). رواه البخاري.

95. Ayon kay Ibnu ‘Abbás (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Propeta (SAS): *May dalawang biyaya na nalinlang sa mga ito ang marami sa mga tao: ang kalusugan at ang kawalang-gawain.*” (Isinalaysay ito ni Imám alBukhári.)

96- عَنْ عُثْمَانَ بْنِ عَفَّانٍ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: «خَيْرُكُمْ مَنْ تَعَلَّمَ الْقُرْآنَ وَعَلَّمَهُ». رواه البخاري.

96. Ayon kay 'Uthmán ibnu 'Affán (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Propeta (SAS): *Ang pinakamainam sa inyo ay ang sino mang nag-aral ng Qur'an at nagturo nito.*" (Isinalaysay ito ni Imám alBukhári.)

97- عَنْ عُثْمَانَ بْنِ عَفَّانٍ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: «مَنْ تَوَضَّأَ فَأَخْسَنَ الْوُضُوءَ خَرَجَتْ خَطَايَاهُ مِنْ جَسَدِهِ، حَتَّى تَخْرُجَ مِنْ تَحْتِ أَظْفَارِهِ». رواه مسلم.

97. Ayon kay 'Uthmán ibnu 'Affán (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Propeta (SAS): *Ang sinumang nagsagawa ng wudú' at hinu-sayan ang pagsasagawa ng wudú', lalabas ang mga kamalian niya mula sa katawan niya hanggang sa lumabas mula sa ilalim ng mga kuko niya.*" (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

98- عَنْ عُثْمَانَ بْنِ عَفَّانٍ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: «مَنْ صَلَّى الْعِشَاءَ فِي جَمَاعَةٍ فَكَأَنَّمَا قَامَ نِصْفَ اللَّيْلِ، وَمَنْ صَلَّى الصُّبْحَ فِي جَمَاعَةٍ فَكَأَنَّمَا قَامَ اللَّيْلَ كُلَّهُ». رواه مسلم.

98. Ayon kay 'Uthmán ibnu 'Affán (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Propeta (SAS): *Ang sinumang nagdasal ng dasal sa gabi sa isang pangkat ay para bagang tumayo siya [nagdarasal] ng kalahating gabi at ang sinumang nagdasal ng dasal sa madaling-araw sa isang pangkat ay para bagang tumayo siya ng buong gabi [na nagdarasal].*" (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

99- عَنْ أَبِي أَيُّوبَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: «مَنْ صَامَ رَمَضَانَ ثُمَّ أَتْبَعَهُ سِتًّا مِنْ شَوَالٍ، كَانَ كَصِيَامِ الدَّهْرِ». رواه مسلم.

99. Ayon kay Ayyúb (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Propeta (SAS): *Ang sinumang mag-ayuno sa Ramadán, pagkatapos ay pinasundan niya ito ng anim [na araw na pag-aayuno] sa Shawwál, ito ay magiging gaya ng pag-aayuno sa [buong] buhay.*” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

100 - عَنْ سَهْلِ بْنِ حُنَيْفٍ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: ((مَنْ سَأَلَ اللَّهَ الشَّهَادَةَ بِصِدْقٍ، بَلَغَهُ اللَّهُ مَنَازِلَ الشُّهَدَاءِ، وَإِنْ مَاتَ عَلَى فِرَاشِهِ)). رواه مسلم.

100. Ayon kay Sahl ibnu Hunayf (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Propeta (SAS): *Ang sinumang humiling kay Allah ng kamartiran nang tapat ay paabutin siya ni Allah sa mga kalagayan ng mga martir kahit na siya'y mamatay sa kanyang higaan.*” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

Ikalawang Bahagi

1 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ قَالَ: ((إِذَا أَحْسَنَ أَحَدُكُمْ إِسْلَامَهُ، فَكُلُّ حَسَنَةٍ يَعْمَلُهَا تُكْتَبُ لَهُ بِعَشْرِ - أَمْثَالِهَا إِلَى سَبْعِ مِائَةٍ ضِعْفٍ، وَكُلُّ سَيِّئَةٍ يَعْمَلُهَا تُكْتَبُ لَهُ بِمِثْلِهَا)) [متفق عليه: 42, 129]

1. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Kapag hinusayan ng [bawat] isa sa inyo ang pagsunod niya sa Islam, ang bawat magandang gawa na ginagawa niya ay isusulat para sa kanya na katumbas sa sampung tulad nito hanggang sa pitong daang ulit at ang bawat masagwang gawa na ginagawa niya ay isusulat para sa kanya na katumbas sa isang tulad nito.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 129, 42.)

2 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «يَأْتِي الشَّيْطَانُ أَحَدَكُمْ فَيَقُولُ: مَنْ خَلَقَ كَذَا؟ مَنْ خَلَقَ كَذَا؟ حَتَّى يَقُولَ: مَنْ خَلَقَ رَبَّكَ؟ فَإِذَا بَلَغَهُ، فَلَيْسَتْ عِذَابُ اللَّهِ وَلَيْسَتْ» [متفق عليه: 3276, 134]

2. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Darating ang Demonyo sa isa sa inyo at magsasabi: Sino ang lumikha sa ganito? Sino ang lumikha sa gayon? Hanggang sa magsabi siya: Sino ang lumikha sa Panginoon mo? Kaya kapag humantong siya rito ay magpakupkop siya kay Allah at tumigil na siya.”*** (Muttafaq ‘Alayhi: 3276, 134.)

3 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «إِذَا أَحَبَّ اللَّهُ الْعَبْدَ، نَادَى جِبْرِيلُ: إِنَّ اللَّهَ يُحِبُّ فُلَانًا فَأَحْبِبْهُ، فَيُحِبُّهُ جِبْرِيلُ، فَيُنَادِي جِبْرِيلُ فِي أَهْلِ السَّمَاءِ: إِنَّ اللَّهَ يُحِبُّ فُلَانًا فَأَحْبِبُوهُ، فَيُحِبُّهُ أَهْلُ السَّمَاءِ، ثُمَّ يُوضَعُ لَهُ الْقَبُولُ فِي الْأَرْضِ» [متفق عليه: 2637, 3209]

3. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Kapag minahal ni Allah ang isang tao ay tatawagin Niya si Jibríl [na nagsabi]: Tunay na si Allah ay nagmahal kay Polano kaya mahalin mo siya. Kaya mamahalin siya ni Jibríl at mananawagan si Jibríl sa mga naninirahan sa langit [na nagsasabi]: Tunay na si Allah ay nagmamahal kay Polano kaya mahalin ninyo siya. Kaya mamahalin ito ng mga naninirahan sa langit. Pagkatapos ay ilalagay sa kanya ang pagtanggap sa lupa.”*** (Muttafaq ‘Alayhi: 3209, 2637.)

4 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «لَا يَقْبَلُ اللَّهُ صَلَاةَ أَحَدِكُمْ إِذَا أَخَذَ حَتَّى يَتَوَضَّأَ» [متفق عليه: 225, 6954]

4. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Hindi tatanggapin ni Allah ang saláh ng isa sa inyo***

kapag nasira ang wudú niya hanggang sa magsagawa siya ng wudú’.” (Muttafaq ‘Alayhi: 6954, 225.)

5 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «أَرَأَيْتُمْ لَوْ أَنَّ نَهْرًا بَيَابَ أَحَدِكُمْ يَتَسَلُّ مِنْهُ كُلُّ يَوْمٍ خَمْسَ مَرَّاتٍ، هَلْ يَبْقَى مِنْ دَرَنِهِ شَيْءٌ؟» قَالُوا: لَا يَبْقَى مِنْ دَرَنِهِ شَيْءٌ، قَالَ: «فَذَلِكَ مِثْلُ الصَّلَوَاتِ الْخَمْسِ، يَمْحُو اللَّهُ بِهِنَ الْخَطَايَا» (متفق عليه: 528،

667، واللفظ لمسلم)

5. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Sa tingin ba ninyo kung sakaling may isang ilog sa tabi ng pintuan ng isa sa inyo na pinaghuhugasan niya bawat araw nang limang ulit may matitira kayang anuman mula sa karumihan niya?”*** Nagsabi sila: “Walang matitirang anuman mula sa karumihan niya?” Nagsabi siya: ***“Kaya naman iyon ay tulad din limang saláh; pinapawi ni Allah sa pamamagitan ng mga ito ang mga kamalian.”*** (Muttafaq ‘Alayhi: 528, 667; ang pananalita ay kay Imám Muslim.)

6 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «لَيْسَ الْغِنَى عَنْ كَثْرَةِ الْعَرَضِ، وَلَكِنَّ الْغِنَى غِنَى النَّفْسِ» [متفق عليه: 6446، 1051]

6. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Ang pagkamayaman ay hindi sa dami ng ari-arian bagkus ang pagkamayaman ay ang kasiyahan ng sarili.”*** (Muttafaq ‘Alayhi: 6446, 1051.)

7 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - سُئِلَ: أَيُّ الْعَمَلِ أَفْضَلُ؟ فَقَالَ: «إِيمَانٌ بِاللَّهِ وَرَسُولِهِ» قِيلَ: ثُمَّ مَاذَا؟ قَالَ: «الْجِهَادُ فِي سَبِيلِ اللَّهِ» قِيلَ: ثُمَّ مَاذَا؟ قَالَ: «حَجٌّ مَبْرُورٌ» [متفق عليه: 83، 26]

7. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay tinanong: “Aling gawain ang mainam? Kaya nagsabi siya: ***Pananampalataya kay Allah at sa Sugo Niya.*** May nagsabi: Pagkatapos po ay ano? Nagsabi siya: ***Ang pakikibaka sa landas ni Allah.*** May nagsabi: Pagkatapos po ay ano? Nagsabi siya: ***hajj na tinanggap.***” (Muttafaq ‘Alayhi: 26, 83.)

8 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «مَنْ كَانَ يُؤْمِنُ بِاللَّهِ وَالْيَوْمِ الْآخِرِ فَلَا يُوْذِي جَارَهُ، وَمَنْ كَانَ يُؤْمِنُ بِاللَّهِ وَالْيَوْمِ الْآخِرِ فَلْيُكْرِمْ ضَيْفَهُ، وَمَنْ كَانَ يُؤْمِنُ بِاللَّهِ وَالْيَوْمِ الْآخِرِ فَلْيَقِلْ خَيْرًا أَوْ لِيَصُْمْتَ» [متفق عليه: 6136، 47]

8. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “***Ang sinumang sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw ay huwag niyang pinsalain ang kapit-bahay niya. Ang sinumang sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw ay parangalan niya ang panauhin niya. Ang sinumang sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw ay magsabi siya ng mabuti o manahimik siya.***” (Muttafaq ‘Alayhi: 6236, 47.)

9 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «يَنْزِلُ رَبُّنَا - تَبَارَكَ وَتَعَالَى - كُلَّ لَيْلَةٍ إِلَى السَّمَاءِ الدُّنْيَا حِينَ يَبْقَى ثُلُثُ اللَّيْلِ الْآخِرِ، يَقُولُ: مَنْ يَدْعُونِي فَأَسْتَجِيبَ لَهُ، مَنْ يَسْأَلُنِي فَأُعْطِيَهُ، مَنْ يَسْتَغْفِرُنِي فَأَغْفِرَ لَهُ» [متفق عليه: 1145، 758]

9. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “***Bumaba ang Panginoon natin, napakamapagpala at pagkataas-taas Niya, sa bawat gabi sa mababang langit kapag natitira ang ikatlong huling bahagi ng gabi. Sinasabi Niya: Sino ang dumadalangin sa Akin at tutugunin Ko siya, sino ang humihingi sa Akin at bibigyan Ko siya, at sino ang humihingi ng tawad sa Akin at patatawarin Ko siya.***” (Muttafaq ‘Alayhi: 1145, 758.)

10 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «قَالَ اللَّهُ تَعَالَى: يُؤْذِنُنِي ابْنُ آدَمَ، يَسُبُّ الدَّهْرَ، وَأَنَا الدَّهْرُ، بِيَدِي الْأَمْرُ، أَقْلُبُ اللَّيْلَ وَالنَّهَارَ» [متفق عليه: 7491, 2246]

10. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Nagsabi si Allah, pagkataas-taas Niya: Sinasaktan Ako ng anak ni Adan: nilalait niya ang Panahon, at Ako ang Panahon. Nasa kamay Ko ang bagay-bagay; pinaiinog Ko ang gabi at maghapon.”*** (Muttafaq ‘Alayhi: 7491, 2246.)

11 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «إِنَّ اللَّهَ تَجَاوَزَ عَنْ أُمَّتِي مَا حَدَّثَتْ بِهِ أَنْفُسَهَا مَا لَمْ تَعْمَلْ أَوْ تَكَلِّمْ» [متفق عليه: 5269, 127]

11. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Tunay na si Allah ay nagpapalampas sa kalipunan ko sa anumang sinasabi nila sa mga sarili nila na hindi naman nila ginagawa at hindi namam nila sinasalita.”*** (Muttafaq ‘Alayhi: 2569, 127.)

12 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «لِكُلِّ نَبِيٍّ دَعْوَةٌ مُسْتَجَابَةٌ يَدْعُو بِهَا، وَأُرِيدُ أَنْ أَخْتَبِيَ دَعْوَتِي شَفَاعَةً لَأُمَّتِي فِي الْآخِرَةِ» [متفق عليه: 6304, 199]

12. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Bawat propeta ay may panalangin tinutugon na ipinandadalangin niya. Ninanais ko na ilaan ang panalangin ko bilang Pamamagitan para sa Kalipunan ko sa Kabilang-buhay.”*** (Muttafaq ‘Alayhi: 6304, 199.)

13 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «أَقِيمُوا الصَّفَّ فِي الصَّلَاةِ، فَإِنَّ إِقَامَةَ الصَّفِّ مِنْ حُسْنِ الصَّلَاةِ» [متفق عليه: 722, 435]

13. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Ituwid ninyo ang hanay sa saláh sapagkat tunay na ang pagtutuwid sa hanay ay bahagi ng kagandahan ng saláh.”***
(Muttafaq ‘Alayhi: 722, 435.)

14 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «فِي يَوْمِ الْجُمُعَةِ سَاعَةٌ لَا يُوَافِقُهَا مُسْلِمٌ وَهُوَ قَائِمٌ يُصَلِّي، يَسْأَلُ اللَّهَ خَيْرًا إِلَّا أُعْطَاهُ» وَقَالَ بِيَدِهِ، قُلْنَا: يَقْلَلُهَا يَزِيدُهَا.

[متفق عليه: 852, 6400]

14. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Sa araw ng Biyernes ay may oras na kapag natatapat doon ang isang taong Muslim habang siya ay nakatayong nag-darasal na humihiling kay Allah ng isang mabuti ay ibibigay Niya iyon sa kanya.”*** Nagpahiwatig siya sa pama-magitan ng kamay niya. Sinabi namin: Itinuturing niya na kaunting [sandali] iyon, itinuturing niyang saglit iyon. (Muttafaq ‘Alayhi: 6400, 852.)

15 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «إِذَا سَمِعْتُمْ صِيَاحَ الدِّيَكَةِ فَاسْأَلُوا اللَّهَ مِنْ فَضْلِهِ؛ فَإِنَّهَا رَأَتْ مَلَكًا، وَإِذَا سَمِعْتُمْ نَهيقَ الحِمَارِ، فَتَعَوَّدُوا بِاللَّهِ مِنَ الشَّيْطَانِ؛ فَإِنَّهُ رَأَى شَيْطَانًا» (([متفق عليه: 3303, 2729]

15. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Kapag narinig ninyo ang tilaok ng tandang ay humingi kayo kay Allah mula sa kabutihang-loob Niya sapagkat tunay na ito ay nakakita ng isang anghel. At kapag nakarinig kayo ng ungol ng asno ay magpakupkop kayo kay Allah laban sa Demonyo sapagkat tunay na ito ay nakakita ng isang demonyo.”***
(Muttafaq ‘Alayhi: 3303, 2729.)

16 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: (أَوْصَانِي خَلِيلِي - ﷺ - بِثَلَاثٍ: صِيَامِ ثَلَاثَةِ أَيَّامٍ مِنْ كُلِّ شَهْرٍ، وَرُكْعَتَيِ الضُّحَى، وَأَنْ أَوْتِرَ قَبْلَ أَنْ أَنْامَ) (([متفق عليه: 1981, 721]

16. Ayon kay Abú Hurayrah (RA) na nagsabi: “Nagtagubilin sa akin ang matalik na kaibigan ko²⁰ ng tatlo: pag-aayuno ng tatlong araw sa bawat buwan, dalawang rak‘ah ng *ṣalátudduhá*, at *ṣalátulwitr* bago ako matulog.” (Muttafaq ‘Alayhi: 1981, 721.)

17 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ . رضي الله عنه . قَالَ : جَاءَ رَجُلٌ إِلَى النَّبِيِّ . ﷺ . فَقَالَ : يَا رَسُولَ اللَّهِ أَيُّ الصَّدَقَةِ أَكْثَمُ أَجْرًا ؟ قَالَ : « أَنْ تَصَدَّقَ وَأَنْتَ صَحِيحٌ شَحِيحٌ تَخْشَى الْفَقْرَ وَتَأْمَلُ الْغِنَى ، وَلَا تُثْمِلُ حَتَّى إِذَا بَلَغْتَ الْحُلُقُومَ قُلْتَ : لِفُلَانٍ كَذَا ، وَلِفُلَانٍ كَذَا ، وَقَدْ كَانَ لِفُلَانٍ » [متفق عليه : 1419 ، 1032]

17. Ayon kay Abú Hurayrah (RA) na nagsabi: “May pumuntang isang lalaki sa Propeta (SAS) at nagsabi: O Sugo ni Allah, aling kawanggawa ang may pinakamalaking gantimpala? Nagsabi siya: *Ang magkawanggawa ka habang ikaw ay malusog na maramot na natatakot sa karalitaan at nagmimithi ng pagyaman. Huwag mong ipagpaliban hanggang sa maghingalo at sasabihin mo: Bigyan si Polano ng ganito at bigyan si Polano ng ganito gayong naibigay na kay Polano.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 1419, 1032.)

18 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ . رضي الله عنه . أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ . ﷺ . قَالَ : « أَسْرِعُوا بِالْجَنَازَةِ ، فَإِنْ تَكَ صَلَاحَةً فَخَيْرٌ تُقَدِّمُونَهَا إِلَيْهِ ، وَإِنْ تَكَ سِوَى ذَلِكَ فَشَرٌّ . تَضَعُونَهُ عَنْ رِقَابِكُمْ » [متفق عليه : 944 ، 1315]

18. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Bilisan ninyo ang paglilibing sapagkat kung ito ay matuwid, sa mabuti ninyo ipinauuna ito; ngunit kung ito ay iba pa roon, may masamang inilalagay kayo sa mga leeg ninyo.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 1315, 944.)

²⁰ Si Propeta Muhammad (SAS) ang tinutukoy niya.

19 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «حَقٌّ عَلَى كُلِّ مُسْلِمٍ أَنْ يَغْتَسِلَ فِي كُلِّ سَبْعَةِ أَيَّامٍ يَوْمًا يَغْسِلُ فِيهِ رَأْسَهُ وَجَسَدَهُ» [متفق عليه: 897, 849]

19. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Isang tungkulin sa bawat Muslim na maligo sa bawat pitong araw [kahit] isang araw: huhugasan niya roon ang ulo niya at ang katawan niya.”*** (Muttafaq ‘Alayhi: 897, 849.)

20 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «الْحَلِفُ مُنْفَقَةٌ لِلْسَّلْعَةِ مُنْحَقَةٌ لِلْبَرَكَةِ» [متفق عليه: 2087, 1606]

20. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Ang panunumpa ay nakapagbubuyo sa pagbili ng paninda [ngunit] nakapapawi ng biyaya.”*** (Muttafaq ‘Alayhi: 2087, 1606.)

21 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «كُلُّ أَمْنِي مُعَاقٍ إِلَّا الْمُبَاهِرِينَ، وَإِنَّ مِنَ الْمُبَاهِرَةِ أَنْ يَعْمَلَ الرَّجُلُ بِاللَّيْلِ عَمَلًا، ثُمَّ يُضِيحُ وَقَدْ سَتَرَهُ اللَّهُ عَلَيْهِ، فَيَقُولُ: يَا فُلَانُ عَمِلْتُ الْبَارِحَةَ كَذَا وَكَذَا، وَقَدْ بَاتَ يَسْتُرُهُ رَبُّهُ، وَيُضِيحُ يَكْشِفُ سِتْرَ اللَّهِ عَنْهُ» [متفق عليه: 6069, 2990]

21. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Lahat ng kalipunan ko ay mapauumanhinan maliban sa mga naghahayag [ng kasalanan]. Tunay na bahagi ng paghahayag [ng kasalanan] na gagawa ang isang lalaki sa gabi ng isang [masamang] gawain. Pagkatapos ay sasapit ang umaga at pinagtakpan na siya ni Allah. Ngunit magsasabi siya: ‘O Polano, gumawa ako kahapon ng ganito at gayon, gayong magdamag siyang pinagtatakan ng Panginoon niya ngunit***

kinaumagahan ay ibubunyag niya ang pinagtakpan ng Panginoon niya.” (Muttafaq ‘Alayhi: 6069, 299.)

22 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «إِذَا دَخَلَ رَمَضَانُ، فَتَحَتْ أَبْوَابُ الْجَنَّةِ وَغُلِقَتْ أَبْوَابُ جَهَنَّمَ، وَسُلْسِلَتِ الشَّيَاطِينُ» [متفق عليه: 1079, 3277]

22. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: **“Kapag pumasok ang Ramadán ay binubuksan ang mga pintuan ng Paraiso at pinipinid ang mga pintuan ng Impiyerno.”** (Muttafaq ‘Alayhi: 3277, 1079.)

23 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «إِذَا نَسِيَ فَأَكَلَ وَشَرِبَ فَلَيْمَ صَوْمُهُ؛ فَإِنَّا أَطَعَمَهُ اللَّهُ وَسَقَاهُ» [متفق عليه: 1933, 1155]

23. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: **“Kapag nakalimot siya at nakakain at nakainom siya, buuin niya ang pag-aayuno niya dahil pinakain siya at pinainom siya ni Allah lamang.”** (Muttafaq ‘Alayhi: 1933, 1155.)

24 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «مَنْ حَجَّ هَذَا الْبَيْتَ فَلَمْ يَرْفُثْ وَلَمْ يَفْسُقْ رَجَعَ كَمَا وَلَدَتْهُ أُمُّهُ» [متفق عليه: 1350, 1819]

24. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: **“Ang sinumang magsagawa ng hajj sa Bahay na ito at hindi gumawa ng malaswa at hindi sumuway ay babalik siya na gaya noong isinilang siya ng ina niya.”** (Muttafaq ‘Alayhi: 1819, 1350.)

25 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «تُنَكِّحُ الْمَرْأَةَ لِأَرْبَعٍ: لِمَالِهَا، وَلِحَسَبِهَا وَجَمَالِهَا، وَلِدِينِهَا، فَظَفَّرَ بِذَاتِ الدِّينِ تَرِبَتْ يَدَاكَ» [متفق عليه: 5090, 1466]

25. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Pinakakasalan ang isang babae dahil sa apat: dahil sa yaman niya, dahil sa dangal ng angkan niya, dahil sa ganda niya, at dahil sa pananampalataya niya. Kaya kamtin mo ang may pananampalataya, [kung hindi ay] maghihirap ka.”*** (Muttafaq ‘Alayhi: 5090, 1466.)

26 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «مَا يَنْبَغِي بَيْتِي وَمَنْ يَرِي رَوْضَةً مِنْ رِيَاضِ الْجَنَّةِ، وَمَنْ يَرِي عَلَى حَوْضِي» ((متفق عليه: 1196, 1391))

26. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Ang nasa pagitan ng bahay ko at ng pulpito ko ay isang hardin sa mga hardin ng Paraiso at ang pulpito ko ay nasa lawa ko.”*** (Muttafaq ‘Alayhi: 1196, 1391.)

27 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «يُسَلَّمُ الرَّابِعُ عَلَى النَّاسِ، وَالنَّاسِ عَلَى الْقَاعِدِ، وَالْقَلِيلُ عَلَى الْكَثِيرِ» ((متفق عليه: 6232, 2160)) وعند البخاري: ((الصَّغِيرُ عَلَى الْكَبِيرِ)) [6231]

27. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Babati ang nakasakay sa naglalakad, ang naglalakad sa nakaupo, at ang kaunti sa marami.”*** (Muttafaq ‘Alayhi: 2160, 6232.)
Sa ganang kay alBukhárí (6231): ***“ang bata sa matanda.”***

28 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «مَنْ لَا يَرْحَمُ لَا يُرْحَمُ» ((متفق عليه: 5997, 2318))

28. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Ang sinumang hindi naaawa ay hindi kaaawaan.”*** (Muttafaq ‘Alayhi: 5997, 2318.)

29 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «بَيْنَمَا رَجُلٌ يَمْشِي - بِطَرِيقٍ وَجَدَ غُصْنًا شَوْكًا عَلَى الطَّرِيقِ فَأَخْرَهُ فَشَكَرَ اللَّهَ لَهُ فَغَفَرَ لَهُ» ((متفق عليه: 654, 1914)

29. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Habang ang isang tao ay naglalakad sa daan, nakakita siya ng isang sanga ng mga tinik na nasa daan. Itinabi niya ito kaya kinilala ni Allah ang kabutihan niya at pinatawad siya.”*** (Muttafaq ‘Alayhi: 654, 1914.)

30 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «يُسْتَجَابُ لِأَحَدِكُمْ مَا لَمْ يَجْعَلْ يَقُولُ: دَعَوْتُ فَلَمْ يُسْتَجَبْ لِي» ((متفق عليه: 6340, 2735)

30. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Tutugon sa [bawat] isa sa inyo malibang nagmamadali na nagsasabi: Nanalangin ako ngunit hindi ako tinugon.”*** (Muttafaq ‘Alayhi: 6340, 2735.)

31 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «لَا تَقُومُ السَّاعَةُ حَتَّى يَمُرَّ الرَّجُلُ بِقَبْرِ الرَّجُلِ فَيَقُولُ: يَا لَيْتَنِي مَكَانَهُ» ((متفق عليه: 7115, 157)

31. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Hindi sasapit ang Huling Sandali hanggang sa may dadaang lalaki sa tabi ng puntod ng isang lalaki at magsasabi: O kung sana ako ay nasa kinalalagyan niya!”*** (Muttafaq ‘Alayhi: 7115, 157.)

32 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ - قَالَ: «لَا يَقُلْ أَحَدُكُمْ: اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِي إِنْ شِئْتَ، أَرْحَمْنِي إِنْ شِئْتَ، أَرْزُقْنِي إِنْ شِئْتَ، وَلْيَعِزِّمْ مَسْأَلَتَهُ، إِنَّهُ يَفْعَلُ مَا يَشَاءُ، لَا مُكْرَهَ لَهُ» ((متفق عليه: 7477, 2679)

32. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Huwag magsabi ang isa sa inyo: O Allah, patawarin***

Mo ako kung loloobin Mo; tustusan Mo ako kung loloobin Mo. Magtika ito sa paghiling sa paghiling sa Kanya. Tunay na Siya ay gumagawa sa anumang niloob Niya: walang makapipilit sa Kanya.” (Muttafaq ‘Alayhi: 7477, 2679.)

33 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «لَا يَتَمَنَّي أَحَدُكُمْ الْمَوْتَ إِلَّا مُحْسِنًا فَلَعَلَّهُ يَزِدَّادُ» ((متفق عليه: 7235, 2682) وعند البخاري: ((وَأَمَّا مُسِيئًا فَلَعَلَّهُ يَسْتَعْتَبُ))

33. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Hindi mimithiin ng isa sa inyo ang kamatayan, yamang kung gumagawa [siya] ng maganda ay harinawang siya ay mada-dagdagan [sa magandang gawa].”*** (Muttafaq ‘Alayhi: 7235, 2682.) Sa ganang kay alBukhári: ***“at yamang kung gumagawa [siya] ng masama ay harinawang siya ay magbalik-loob.”***

34 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «إِذَا عَطَسَ أَحَدُكُمْ فَلْيَقُلْ: الْحَمْدُ لِلَّهِ، وَلْيَقُلْ لَهُ أَخُوهُ أَوْ صَاحِبُهُ: يَرْحَمُكَ اللَّهُ، فَإِذَا قَالَ لَهُ: يَرْحَمُكَ اللَّهُ، فَلْيَقُلْ: يَهْدِيكُمُ اللَّهُ وَيُصْلِحْ بِالْكُم» ((متفق عليه: 6224, 2992)

34. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Kapag bumahin ang isa sa inyo ay magsabi siya ng alhamdu lilláh at magsabi naman sa kanya ang kapatid niya o ang kasamahan niya ng yarhamuka -lláh. Kapag nagsabi ito sa kanya ng yarhamukalláh ay magsabi naman siya [na bumahin] ng yahdikumu -lláhu wa yuslihu bálakum.***²¹” (Muttafaq ‘Alayhi: 6224, 2992.)

²¹ Patnubayan kayo ni Allah at pabutihin Niya ang inyong kalagayan.

35 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه. أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ. قَالَ: «سَتَكُونُ فِتْنٌ، الْقَاعِدُ فِيهَا خَيْرٌ مِنْ الْقَائِمِ، وَالْقَائِمُ فِيهَا خَيْرٌ مِنَ الْمَاشِي، وَالْمَاشِي فِيهَا خَيْرٌ مِنَ السَّاعِي، مَنْ تَشَرَّفَ لَهَا تَسْتَشْرِفُهُ، فَمَنْ وَجَدَ مِنْهَا مَلْجَأً أَوْ مَعَاذًا فَلْيَعُدْ بِهِ» [متفق عليه: 7081, 2886]

35. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: *“May mangyayaring mga ligalig na ang nakaupo sa [panahon ng] mga iyon ay higit na mainam kaysa sa nakatayo, ang nakatayo sa [panahon ng] mga ito ay higit na mainam kaysa sa naglalakad, at ang naglalakad sa [panahon ng] mga ito ay higit na mainam kaysa sa tumatakbo. Ang sinumang magmithi ng mga ito ay ibubuwal siya ng mga ito. Kaya ang sinumang makatatagpo laban sa mga ito ng makakanlungan o makukup-kupan ay magpakupkop siya roon.”* (Muttafaq ‘Alayhi: 7081, 2886.)

36 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه. أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ. قَالَ: «لَا تَقُومُ السَّاعَةُ حَتَّى تُقَاتِلُوا الْيَهُودَ، حَتَّى يَقُولَ الْحَجَرُ وَرَاءَهُ الْيَهُودِيُّ: يَا مُسْلِمُ، هَذَا يَهُودِيٌّ وَرَائِي فَاقْتُلْهُ» [متفق عليه: 2922, 2926] وزاد مسلم: «إِلَّا الْغَرْقَدُ فَإِنَّهُ مِنْ شَجَرِ الْيَهُودِ»

36. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: *“Hindi sasapit ang Huling Sandali hanggang sa maki-kipaglaban kayo sa mga Hudyo, hanggang sa magsabi ang bato na sa likuran nito ay may Hudyo: O Muslim, ito ay isang Hudyo sa likuran ko; patayin mo siya.”* (Muttafaq ‘Alayhi: 2926, 2922.)

37 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه. أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ. قَالَ: «إِنَّهُ لَيَأْتِي الرَّجُلُ الْعَظِيمُ السَّمِينُ يَوْمَ الْقِيَامَةِ لَا يَزِنُ عِنْدَ اللَّهِ جَنَاحَ بَعُوضَةٍ» وَقَالَ: أَقْرَأُوا: «فَلَا نَقِيمُ لَهُمْ يَوْمَ الْقِيَامَةِ وَرِثًا» [متفق عليه: 2785, 4729]

37. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: *“Tunay na talagang pupunta ang isang lalaking malaki*

at mataba sa Araw ng Pagbangon na hindi titimbang sa ganang kay Allah ng [bigat ng] pakpak ng lamok.” At sinabi niya: **“Bigkasin ninyo [mula sa Qur'an] : Kaya hindi Kami mag-uukol para sa kanila ng isang timbang ng pagpapahalaga.”**²² (Muttafaq

'Alayhi: 4729, 2785.)

38 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «اجْتَنِبُوا السَّبْعَ الْمُفِيقَاتِ» قَالُوا: يَا رَسُولَ اللَّهِ، وَمَا هُنَّ؟ قَالَ: «الشَّرْكُ بِاللَّهِ، وَالسَّخَرُ، وَقَتْلُ النَّفْسِ الَّتِي حَرَّمَ اللَّهُ إِلَّا بِالْحَقِّ، وَأَكْلُ الرِّبَا، وَأَكْلُ مَالِ الْيَتِيمِ، وَالتَّوَيُّ يَوْمَ الزَّخْفِ، وَقَذْفُ الْمُحْصَنَاتِ الْمُؤْمِنَاتِ الْغَافِلَاتِ» [متفق عليه: 2766، 89]

38. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Iwasan ninyo ang pitong nakapapahamak.”*** Nagsabi sila: “O Sugo ni Allah, at ano po ang mga iyon?” Nagsabi siya: ***“Ang pagtatambal kay Allah, ang panggagaway, ang pagpatay sa buhay na ipinagbawal ni Allah malibang ayon sa katwiran, ang pakikinabang sa patubo, ang pakikinabang sa yaman ng ulila, ang pagtalikod sa araw ng pagsugod [sa digmaan], ang paninirang-puri sa mga malinis na babaeng mananampalataya na nalilingat.”*** (Muttafaq 'Alayhi: 2766, 89.)

39 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «يَقَارِبُ الزَّمَانُ، وَيَنْقُصُ الْعَمَلُ، وَيُلْقَى الشَّحْ، وَيَكْثُرُ الْهَرْجُ» قَالُوا: وَمَا الْهَرْجُ؟ «قَالَ الْقَتْلُ الْقَتْلُ» [متفق عليه: 7061]

[157]

39. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Maglalapitan ang panahon, mababawasan ang [mabuting] gawa, ipupukol ang kasakiman [sa mga puso], at darami***

²² Qur'an 18:105.

ang harj.” Nagsabi sila: “At ano po ang harj?” Sinabi niya: “*Ang pagpatay, ang pagpatay.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 7061, 157.)

40 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «لَوْ يَعْلَمُ النَّاسُ مَا فِي النَّدَاءِ وَالصَّفِّ الْأَوَّلِ ثُمَّ لَمْ يَجِدُوا إِلَّا أَنْ يَسْتَهْمُوا عَلَيْهِ لَاسْتَهَمُوا، وَلَوْ يَعْلَمُونَ مَا فِي التَّهَجِيرِ لَاسْتَبَقُوا إِلَيْهِ، وَلَوْ يَعْلَمُونَ مَا فِي الْعَتَمَةِ وَالصُّبْحِ لَأَتَوْهُمَا وَلَوْ حَبَوًّا» (بخلف عليه: 615،

[437]

40. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Kung sakaling nalalaman ng mga tao ang [gantimpalang] nasa [pagbigkas ng] adhán at unang hanay, pagkatapos ay wala silang matagpuan [paraan sa pagtamo] kundi magpalabunutan para roon ay talagang magpapalubunutan sila. Kung sakaling nalalaman nila ang [gantimpalang] nasa pagpapakaaga ay talagang mag-uunahan sila tungo roon. Kung sakaling nalalaman nila ang [gantimpalang] nasa [saláh sa] gabi at madaling-araw ay talagang pupuntahan nila ang mga ito kahit pa pagapang.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 615, 437.)

41 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «إِذَا أُقِمَتِ الصَّلَاةُ، فَلَا تَأْتَوْهَا تَسْعُونَ، وَأَتَوْهَا تَمْشُونَ عَلَيْكُمْ السَّكِينَةُ، فَمَا أَذْرَكْتُمْ فَصَلُّوا، وَمَا فَاتَكُم فَاتِمُّوا» (بخلف عليه: 902، 908،

عليه: 902، 908،

41. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Kapag isinagawa ang saláh ay huwag kayong pumunta roon na tumatakbo. Pumunta kayo roon na naglalakad, na nasa inyo ang kapanatagan. Kaya ang anumang maabutan ninyo ay dasalin ninyo at ang anumang nalampasan ninyo ay lubusin ninyo.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 908, 902.)

42 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «لَا يَزَالُ قَلْبُ الْكَبِيرِ شَابًّا فِي اثْنَتَيْنِ: فِي حُبِّ الدُّنْيَا، وَطُولِ الْأَمَلِ» ((متفق عليه: 6420، 1046)

42. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Hindi titigil ang puso ng matanda sa pagiging bata sa dalawang [bagay]: sa pag-ibig sa mundo at haba ng pag-asa.”*** (Muttafaq ‘Alayhi: 6420, 1046.)

43 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «لَا يُشِيرُ أَحَدُكُمْ عَلَى أَخِيهِ بِالسَّلَاحِ؛ فَإِنَّهُ لَا يَدْرِي لَعَلَّ الشَّيْطَانَ يَنْزِعُ فِي يَدِهِ فَيَقَعُ فِي حُفْرَةٍ مِنَ النَّارِ» ((متفق عليه: 7072،

[2617]

43. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Huwaag manunutok ang isa sa inyo ng sandata sa kapatid niya sapagkat tunay na siya ay hindi nakaaalam na baka ang Demonyo ay umagawa [niyon] sa kamay niya kaya naman mabubulid siya sa isang hukay ng Impiyerno.”*** (Muttafaq ‘Alayhi: 7072, 2617.)

44 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «لَأَنْ يَخْطُبَ أَحَدُكُمْ حُزْمَةً عَلَى ظَهْرِهِ، خَيْرٌ لَهُ مِنْ أَنْ يَسْأَلَ أَحَدًا فَيُعْطِيَهُ أَوْ يَمْنَعَهُ» ((متفق عليه: 2074، 1042)

44. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Ang mangahoy ang isa sa inyo ng isang bigkis [ng panggatong na] pasan ng likod niya ay higit na mainam para sa kanya kaysa sa manghihingi siya sa isa, at magbibigay sa kanya o magkakait sa kanya.”*** (Muttafaq ‘Alayhi: 2074, 1042.)

45 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «لَقَدْ هَمَمْتُ أَنْ أَمُرَ بِالصَّلَاةِ فَتَقَامَ، ثُمَّ أَخَالِفَ إِلَى مَنَازِلِ قَوْمٍ لَا يَشْهَدُونَ الصَّلَاةَ، فَأُحَرِّقَ عَلَيْهِمْ» ((متفق عليه: 2420، 651)

45. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Talagang naglayon ako na mag-utos [sa isang tao na mamuno] sa ṣalāh at isasagawa ito. Pagkatapos ay pupunta ako sa mga tahanan ng mga taong hindi dumadalo sa ṣalāh at susunugin ko sila.”*** (Muttafaq ‘Alayhi: 2420, 651.)

46 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ قَالَ: «لَيْسَ صَلَاةٌ أَنْقَلَ عَلَى الْمَنَافِقِينَ مِنَ الْفَجْرِ وَالْعِشَاءِ، وَلَوْ يَعْلَمُونَ مَا فِيهَا لَا تَوَهُمَا وَلَوْ حَبَوًّا» (متفق عليه: 657, 651)

46. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Walang ṣalāh na higit na mabigat para sa mga nagkukunwaring sumampalataya kaysa sa [ṣalāh sa] madaling-araw at gabi. Kung sakaling nalalaman nila ang [gantimpalang] nasa dawalang [ṣalāh sa] ito ay talagang pupuntahan nila ang mga ito kahit pa pagapang.”*** (Muttafaq ‘Alayhi: 6069, 299.)

47 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ قَالَ: «مَا مِنْ يَوْمٍ يُصْبِحُ الْعِبَادُ فِيهِ، إِلَّا مَلَكَانِ يَنْزِلَانِ فَيَقُولُ أَحَدُهُمَا: اللَّهُمَّ أَعْطِ مُنْفِقًا خَلْفًا، وَيَقُولُ الْآخَرُ: اللَّهُمَّ أَعْطِ مُنْسِكًا تَلْفًا» (متفق عليه: 1010, 1442)

47. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Walang araw na sinasapit ng umaga ang mga tao roon maliban na may dalawang anghel na bumababa, at magsasabi ang isa sa dalawa: O Allah, magbigay Ka ng kabayaran sa isang gumugugol, at magsasabi naman ang isa pa: O Allah, magbigay ka ng kapahamakan sa isang nagkakait.”*** (Muttafaq ‘Alayhi: 1442, 1010.)

48 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ قَالَ: «يَقُولُ اللَّهُ تَعَالَى: مَا لِعِبْدِي الْمُؤْمِنِ عِنْدِي جَزَاءٌ إِذَا قَبِضْتُ صَفِيَّهُ مِنْ أَهْلِ الدُّنْيَا ثُمَّ احْتَسَبَهُ إِلَّا الْجَنَّةَ» (البخاري: 6424)

48. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Nagsasabi si Allah, pagkataas-taas Niya: Walang ukol sa mananampalatayang lingkod Ko na isang ganti mula sa Akin, kapag kinuha Ko ang sinisinta niyang kabilang sa mga naninirahan sa lupa at pagkatapos ay umasa siyang gagantimpalaan, kundi ang Paraiso.”*** (Isinalaysay ito ni Imám alBukhári: 6424.)

49 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «يَأْتِي عَلَى النَّاسِ زَمَانٌ لَا يُبَالِي الْمَرْءُ مَا أَخَذَ مِنْهُ، أَمِنَ الْحَلَالِ، أَمْ مِنْ الْحَرَامِ» [البخاري: 2059]

49. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“May darating sa mga tao na isang panahon na hindi papansinin ng isang tao ang bagay na kinuha niya: mula ba sa ipinahihintulot o mula sa ipinagbabawal.”*** (Isinalaysay ito ni Imám alBukhári: 2059.)

50 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «عَجَبَ اللَّهُ مِنْ قَوْمٍ يَدْخُلُونَ الْجَنَّةَ فِي السَّلَاسِلِ» [البخاري: 3010]

50. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Humanga si Allah sa mga taong papasok sa Paraiso na nakasuot ng mga tanikala.”*** (Isinalaysay ito ni Imám alBukhári: 3010.)²³

51 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «مَنْ تَصَدَّقَ بِعَدْلِ ثَمَرَةٍ مِنْ كَسْبٍ طَيِّبٍ، وَلَا يَصْعَدُ إِلَى اللَّهِ إِلَّا الطَّيِّبُ، فَإِنَّ اللَّهَ يَقْبَلُهَا بِمِثْلِهِ، ثُمَّ يُرِيهَا لِصَاحِبِهَا كَمَا يُرِي أَحَدَكُمْ فَلَوَهُ حَتَّى تَكُونَ مِثْلَ الْجَبَلِ» [البخاري: 7430]

51. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Ang sinumang magkawanggawa ng katumbas sa***

²³ Tumutukoy ito sa Káfir na nabihag at pagkatapos ay yumakap sa Islam.

isang datiles mula sa mabuting kinita — at hindi tatanggapin ni Allah kundi ang mabuti — tunay na si Allah ay tatanggap nito sa pamamagitan ng kanang kamay Niya at saka palalakihin niya ito [sa gantimpala], gaya ng pagpapalaki ng isa sa inyo sa guyang kabayo niya, hanggang sa maging tulad ito ng bundok.” (Isinalaysay ito ni Imám alBukhári: 7430.)

52 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «قَالَ اللَّهُ: أَعَدَدْتُ لِعِبَادِي الصَّالِحِينَ مَا لَا عَيْنٌ رَأَتْ، وَلَا أُذُنٌ سَمِعَتْ، وَلَا خَطَرَ عَلَى قَلْبِ بَشَرٍ» ((البخاري: 7498))

52. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Nagsabi si Allah: Naghanda Ako para sa mga matuwid na lingkod Ko ng bagay na walang matang nakakita, walang taingang nakarinig, at hindi pa sumagi sa isip ng isang tao.*” (Isinalaysay ito ni Imám alBukhári: 7498.)

53 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «مَنْ كَانَتْ عِنْدَهُ مَظْلَمَةٌ لِأَخِيهِ فَلْيَتَحَلَّلْهُ مِنْهَا؛ فَإِنَّهُ لَيْسَ تَمَّ دِينَارٌ وَلَا دِرْهَمٌ، مِنْ قَبْلِ أَنْ يُؤْخَذَ لِأَخِيهِ مِنْ حَسَنَاتِهِ، فَإِنْ لَمْ يَكُنْ لَهُ حَسَنَاتٌ، أَخَذَ مِنْ سَيِّئَاتِ أَخِيهِ فَطَرَحَتْ عَلَيْهِ» ((البخاري: 1534))

[1534]

53. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Ang sinumang may isang paglagbag sa katarungan sa kapatid niya ay humingi siya roon ng paumanhin para rito, yamang walang Dinar ni Dirham [sa Kabilang-buhay], bago siya kunan ng mga magandang gawa niya para ilipat sa kapatid niya at kung wala na siyang mga magandang gawa ay kukuha naman mula sa mga masagwang gawa ng kapatid niya at ita-tapon sa kanya.*” (Isinalaysay ito ni Imám alBukhári: 1534.)

54 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «مَنْ أَطَاعَنِي فَقَدْ أَطَاعَ اللَّهَ، وَمَنْ يَعْصِنِي فَقَدْ عَصَى اللَّهَ، وَمَنْ يُطِيعِ الْأَمِيرَ فَقَدْ أَطَاعَنِي، وَمَنْ يَعْصِ الْأَمِيرَ فَقَدْ عَصَانِي» [مسلم: 1835]

54. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Ang sinumang tumalima sa akin ay tumalima nga kay Allah. Ang sinumang sumusuway sa akin ay sumuway nga kay Allah. Ang sinumang tumatalima sa pinuno ay tumalima nga sa akin. Ang sinumang sumusuway sa pinuno ay sumuway nga sa akin.*” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 1835.)

55 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «لَوْ تَعْلَمُونَ مَا أَعْلَمُ؛ لَضَحِكْتُمْ قَلِيلًا وَلَبَكَيْتُمْ كَثِيرًا» [البخاري: 6485]

55. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Kung sakaling nalalaman ninyo ang nalalaman ko ay talagang tatawa sana kayo nang kaunti at talagang iiyak sana kayo nang madalas.*” (Isinalaysay ito ni Imám alBukhári: 6485.)

56 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «مَا أَنْزَلَ اللَّهُ دَاءً، إِلَّا أَنْزَلَ لَهُ شِفَاءً» [البخاري: 5678]

56. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Hindi ng nagbaba si Allah ng isang karamdaman maliban na lamang na Siya ay nagbaba para rito ng isang lunas.*” (Isinalaysay ito ni Imám alBukhári: 5678.)

57 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «انْظُرُوا إِلَى مَنْ أَسْفَلَ مِنْكُمْ وَلَا تَنْظُرُوا إِلَى مَنْ هُوَ فَوْقَكُمْ؛ فَهُوَ أَجْدَرُ أَنْ لَا تَزْدَرُوا نِعْمَةَ اللَّهِ» ((مسلم: 2963))

[2963]

57. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Tumingin kayo sa nasa ilalim ninyo at huwag kayong tumingin sa nasa itaas ninyo sapagkat ito ay higit na karapat-dapat upang hindi ninyo maliitin ang biyaya ni Allah.”*** (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 2963.)

58 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «مَنْ سَأَلَ النَّاسَ أَمْوَالَهُمْ تَكْثُرًا فَإِنَّمَا يَسْأَلُ جَمْرًا، فَلْيَسْتَقِلْ، أَوْ لِيَسْتَكْثِرْ» ((مسلم: 1041))

58. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Ang sinumang manghingi sa mga tao ng mga pag-aari nila upang magparami [ng pag-aari] ay humihingi lamang ng бага (apoy), kaya magparami siya [ng бага] o magpakaunti.”*** (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 1041.)

59 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «لَا يَجْزِي وَلَدٌ وَالِدًا إِلَّا أَنْ يَجِدَهُ مَمْلُوكًا فَيَشْتَرِيَهُ فَيُعْتِقَهُ» ((مسلم: 1510))

59. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Hindi magagantihan ng isang anak ang isang magulang maliban matagpuan niya ito na isang alipin at bibilhin niya ito at palalayain ito.”*** (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 1510.)

60 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «إِنَّ الدِّينَ بُسْرٌ، وَلَنْ يُشَادَّ الدِّينَ أَحَدٌ إِلَّا غَلَبَهُ؛ فَسَدُّوا وَقَارِبُوا وَأَبْشُرُوا، وَاسْتَعِينُوا بِالْغَدْوَةِ وَالرَّوْحَةِ وَشَيْءٍ مِنَ الدَّلْجَةِ» ((البخاري: 39))

63 - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عُمَرَ - رضي الله عنه - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «لَا يُقِيمُ الرَّجُلُ الرَّجُلَ مِنْ مَجْلِسِهِ ثُمَّ يَجْلِسُ فِيهِ، وَلَكِنْ نَفَسْخُوا وَتَوَسَّعُوا» (متفق عليه: 6269، 2177)

63. Ayon kay ‘Abdulláh ibnu ‘Umar (RA), na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Hindi patatayuín ng isang lalaki ang isa pang lalaki mula sa kinauupuan niyon at pagkatapos ay uupo siya rito, bagkus ay magbigay-puwang kayo at magpaluwag.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 6269, 2177.)

64 - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عُمَرَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمَا - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «إِذَا كَانُوا ثَلَاثَةً فَلَا يَتَنَاجَى ائْتَانِ دُونَ الثَّالِثِ» ((متفق عليه: 6288, 2183) وفي رواية: «فَإِنَّ ذَلِكَ يُخْرِئُهُ» [6290, 2184])

64. Ayon kay ‘Abdulláh ibnu ‘Umar (RA), na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Kapag sila ay tatlo, huwag magbulungan ang dalawa na hindi kasali ang ikatlo.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 6288, 2183.) Sa isang pagkakasalaysay: “*Sapagkat tunay na iyon ay magpapalungkot sa kanya.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 6290, 2184.)

65 - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عُمَرَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمَا - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «إِنَّمَا مَثَلُ صَاحِبِ الْقُرْآنِ كَمَثَلِ صَاحِبِ الْإِبِلِ الْمُعْقَلَةِ، إِنْ عَاهَدَ عَلَيْهَا أَمْسَكَهَا، وَإِنْ أَطْلَقَهَا ذَهَبَتْ» ((متفق عليه: 789, 5031))

65. Ayon kay ‘Abdulláh ibnu ‘Umar (RA), na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Tunay na ang paghahalintulad sa naka-saulo ng Qur’an ay kahalintulad ng may-ari ng kamelyong nakatali; kung iningatan niya ito ay nahawakan niya ito, at kung binitawan niya ito ay aalis ito.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 5031, 789.)

66 - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عُمَرَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمَا - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «إِنَّ الْغَادِرَ يُنْصَبُ لَهُ لَوَاءٌ يَوْمَ الْقِيَامَةِ، فَيُقَالُ: هَذِهِ غَدْرَةُ فُلَانٍ بْنِ فُلَانٍ» ((متفق عليه: 6178, 1735))

66. Ayon kay ‘Abdulláh ibnu ‘Umar (RA), na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Tunay na ang nagtatalusira*²⁴ *ay patatayuan ng watawat sa Araw ng Pagbangon at sasabihin: Ito ang pagtatalusira ni Polano na anak ni Polano.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 6178, 1735.)

67 - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عُمَرَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمَا - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «الَّذِي تَفُوتُهُ صَلَاةُ الْعَصْرِ - كَاتِبًا وَتَرِ أَهْلَهُ وَمَالَهُ» [متفق عليه: 552 ، 626]

67. Ayon kay ‘Abdulláh ibnu ‘Umar (RA), na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Ang sumamasala sa pagsasagawa ng [dasal sa] sa hapon ay para bagang nawalan ng mag-anak niya at yaman niya.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 552, 626.)

68 - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عُمَرَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمَا - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «لَا يَزَالُ الْمُؤْمِنُ فِي فُسْحَةٍ مِنْ دِينِهِ مَا لَمْ يُصِْبْ دَمًا حَرَامًا» [البخاري: 6862]

68. Ayon kay ‘Abdulláh ibnu ‘Umar (RA), na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Hindi maaalis ang mananampalataya sa puwang ng Relihiyon niya kapag hindi siya nagpadanak ng isang dugong bawal kitlin.*” (Isinalaysay ito ni Imám alBukhári: 6862.)

69 - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عُمَرَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمَا - قَالَ: كَانَ مِنْ دُعَاءِ رَسُولِ اللَّهِ ﷺ: «اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنْ زَوَالِ نِعْمَتِكَ، وَتَحَوُّلِ عَافِيَتِكَ، وَفُجَاءَةِ نِقْمَتِكَ، وَجَمِيعِ سَخَطِكَ» ((مسلم: 2739))

69. Ayon kay ‘Abdulláh ibnu ‘Umar (RA), na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *O Allah, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa pagkaalis ng biyaya Mo, pagpapalit ng panga-*

²⁴ Sumisira sa pangako.

ngalaga Mo, pambibigla ng ngitngit Mo, at lahat ng galit Mo.”

(Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 2739.)

70 - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عُمَرَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «مَنْ خَلَعَ يَدًا مِنْ طَاعَةٍ، لَقِيَ اللَّهَ يَوْمَ الْقِيَامَةِ لَا حُجَّةَ لَهُ، وَمَنْ مَاتَ وَلَيْسَ فِي عُنُقِهِ بَيْعَةٌ، مَاتَ مِيتَةً جَاهِلِيَّةً» (مسلم: 1851)

70. Ayon kay ‘Abdulláh ibnu ‘Umar (RA), na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Ang sinumang nag-alis sa sarili sa pagtalima [sa pinuno] ay makatatagpo niya si Allah sa Araw ng Pagkabuhay nang walang katwiran. Ang sinumang namatay na sa sarili niya ay walang panunumpa ng katapatan [sa isang pinuno] ay namatay sa kamatayang [ayon sa panahon ng] kamangmangan.*” (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 1851.)

71 - عَنْ جَابِرِ بْنِ عَبْدِ اللَّهِ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: كُنْتُ مَعَ النَّبِيِّ ﷺ فِي سَفَرٍ، فَلَمَّا قَدِمْنَا الْمَدِينَةَ قَالَ لِي: «ادْخُلِ الْمَسْجِدَ فَصَلِّ رَكْعَتَيْنِ» [متفق عليه: 3087, 715]

71. Ayon kay Jábir ibnu ‘Abdilláh (RA), na nagsabi: “Ako noon ay kasama ng Propeta (SAS) sa isang paglalakbay, at noong nakarating na kami sa Madínah ay nagsabi siya sa akin: *Pumasok ka sa masjid at magdasal ka ng dalawang rak‘ah.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 3087, 715.)

72 - عَنْ جَابِرِ بْنِ عَبْدِ اللَّهِ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «كُلُّ مَعْرُوفٍ صَدَقَةٌ» (البخاري: 6021)

72. Ayon kay Jábir ibnu ‘Abdilláh (RA), na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Bawat gawang nakabubuti ay kawang-gawa.*” (Isinalaysay ito ni Imām alBukhārī: 6021.)

73 - عَنْ جَابِرِ بْنِ عَبْدِ اللَّهِ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «رَحِمَ اللَّهُ رَجُلًا سَمِعًا إِذَا بَاعَ، وَإِذَا اشْتَرَى، وَإِذَا اقْتَضَى» [بخاري: 2076]

73. Ayon kay Jábir ibnu ‘Abdilláh (RA), na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Maawa nawa si Allah sa isang lalaking maluwag kapag nagtinda, kapag bumili at kapag naningil.*” (Isinalaysay ito ni Imám alBukhári: 2076.)

74 - عَنْ جَابِرِ بْنِ عَبْدِ اللَّهِ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «مَنْ قَالَ حِينَ يَسْمَعُ النِّدَاءَ: اللَّهُمَّ رَبِّ هَذِهِ الدَّعْوَةُ التَّامَّةُ، وَالصَّلَاةُ الْقَائِمَةُ، آتِ مُحَمَّدًا الْوَسِيلَةَ وَالْفَضِيلَةَ، وَابْعَثْهُ مَقَامًا مُحَمَّدًا الَّذِي وَعَدْتَهُ؛ حَلَّتْ لَهُ شَفَاعَتِي يَوْمَ الْقِيَامَةِ» [البخاري: 614]

74. Ayon kay Jábir ibnu ‘Abdilláh (RA), na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Ang sinumang magsabi kapag narinig niya ang panawagan [sa ṣaláh]: Alláhumma rabba hádhihi -dda‘wati -ttámmati wa -ṣṣaláti -lqá’imah, áti muhammadani -lwasílata wa -lfadíláh, wa -b’athhu maqámam mahmūdani -lladhí wa‘adtahu²⁵ nararapat sa kanya ang Pamamagitan ko sa Araw ng Pagbangon.*” (Isinalaysay ito ni Imám alBukhári: 614.)

75 - عَنْ جَابِرِ بْنِ عَبْدِ اللَّهِ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «إِنَّ فِي اللَّيْلِ لَسَاعَةً لَا يُورَفِقُهَا رَجُلٌ مُسْلِمٌ يَسْأَلُ اللَّهَ خَيْرًا مِنْ أَمْرِ الدُّنْيَا وَالْآخِرَةِ، إِلَّا أَعْطَاهُ إِيَّاهُ، وَذَلِكَ كُلُّ لَيْلَةٍ» [مسلم: 757]

75. Ayon kay Jábir ibnu ‘Abdilláh (RA), na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Tunay na sa gabi ay may sandali na kapag*

²⁵ O Allah, Panginoon ng ganap na panawagan na ito at ṣaláh na isasagawa, bigyan mo si Muhammad ng karapatang mamagitan at kalamangan. Ibangon Mo siya sa kapuri-puring katayuan na ipinangako Mo.

natatapat doon ang isang lalaking²⁶ Muslim na humihiling kay Alláh ng isang bagay ukol sa Mundo at Kabilang-buhay ay ibibigay nga Niya ito sa kanya, at iyon ay sa bawat gabi.” (Isinalay-say ito ni Imám Muslim: 757.)

76 - عَنْ جَابِرِ بْنِ عَبْدِ اللَّهِ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «إِنَّ عَلَى اللَّهِ عَزَّ وَجَلَّ - عَهْدًا لِمَنْ يَشْرَبُ الْمُسْكِرَ أَنْ يَسْقِيَهُ مِنْ طِينَةِ الْحَبَالِ» قَالُوا: يَا رَسُولَ اللَّهِ، وَمَا طِينَةُ الْحَبَالِ؟ قَالَ: «عَرَقُ أَهْلِ النَّارِ، أَوْ عُصَارَةُ أَهْلِ النَّارِ» [مسلم: 2002]

76. Ayon kay Jábir ibnu ‘Abdilláh (RA), na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): **Tunay na si Allah, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan, ay may pangako sa sinumang umiinom ng nakalalasing na paiinum niya ito mula sa tinat alKhabál.** Nagsabi naman sila: O Sugo ni Allah, at ano po ang **tinat alKhabál?** Sinabi niya: **Ang pawis ng mga naninirahan sa Impiyerno at ang katas ng mga naninirahan sa Impiyerno.”** (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 2002.)

77 - عَنْ جَابِرِ بْنِ عَبْدِ اللَّهِ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «مَنْ خَافَ أَنْ لَا يَقُومَ مِنْ آخِرِ اللَّيْلِ فَلْيُتْرَ أَوَّلُهُ، وَمَنْ طَمِعَ أَنْ يَقُومَ آخِرُهُ فَلْيُتْرَ آخِرُ اللَّيْلِ، فَإِنْ صَلَاةُ آخِرِ اللَّيْلِ مَشْهُودَةٌ، وَذَلِكَ أَفْضَلُ» [مسلم: 755]

77. Ayon kay Jábir ibnu ‘Abdilláh (RA), na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): **Ang sinumang nangamba na hindi makababangon sa huling bahagi ng gabi ay magsagawa ng saláh na witr sa unang bahagi nito at ang sinumang nagmithi na makababangon sa huling bahagi nito ay magsagawa ng saláh na witr sa huling bahagi ng gabi sapagkat tunay na ang saláh sa huling bahagi ng gabi ay sinasaksihan at iyon higit na mainam.”** (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 755.)

²⁶ Bagamat madalas na nababanggit ang salitang lalaki sa Hadíth sa kadalasan ay pumapatungkol din ito sa babaeng Muslim.

78 - عَنْ جَابِرِ بْنِ عَبْدِ اللَّهِ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «إِنَّ بَيْنَ الرَّجُلِ وَبَيْنَ الشَّرِّ وَالْكُفْرِ تَرْكُ الصَّلَاةِ» ((مسلم: 82))

78. Ayon kay Jābir ibnu ‘Abdillāh (RA), na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Tunay na ang nasa pagitan ng tao at ng Shirk at Kawalang-pananampalataya ay ang pagtigil sa pagsasagawa ng ṣalāh.***” (Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 82.)

79 - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عَمْرٍو بْنِ الْعَاصِ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «إِنَّ اللَّهَ لَا يَقْبِضُ الْعِلْمَ أَنْتِزَاعًا يَتَزَعُهُ مِنَ الْعِبَادِ، وَلَكِنْ يَقْبِضُ الْعِلْمَ بِقَبْضِ الْعُلَمَاءِ، حَتَّى إِذَا لَمْ يُبْقِ عَالِمًا، اتَّخَذَ النَّاسُ رُؤُوسًا جُهَالًا، فَسُئِلُوا فَأَمَتُوا بِغَيْرِ عِلْمٍ، فَضَلُّوا وَأَضَلُّوا» ((متفق عليه: 100، 2673))

79. Ayon kay ‘Abdullāh ibnu ‘Āmr ibni al-‘Ass (RA), na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Tunay na si Allah ay hindi mag-aalis ng kaalaman sa isang pag-aalis na [tuwirang] aalisin Niya ito sa mga tao, bagkus ay kukunin Niya ang kaalaman sa pamamagitan ng pagkuha sa mga nakaaalam hanggang sa kapag wala nang natirang nakaaalam ay gagawin ng mga tao bilang mga pinuno ang mga mangmang. Kaya naman tatanungin ang mga ito at maghahatol nang walang kaalaman, kaya naligaw sila at nakapagligaw sila.***” (Muttafaq ‘Alayhi: 100, 2673.)

80 - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عَمْرٍو بْنِ الْعَاصِ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: لَمْ يَكُنِ النَّبِيُّ ﷺ - فَاحِشًا وَلَا مُتَفَحِّشًا وَكَانَ يَقُولُ: «إِنَّ مِنْ خِيَارِكُمْ أَحْسَنَكُمْ أَخْلَاقًا» ((متفق عليه: 3559، 2321))

80. Ayon kay ‘Abdullāh ibnu ‘Āmr ibni al-‘Ass (RA), na nagsabi: “Hindi nangyaring ang Propeta (SAS) naging mahalay ni nagpapakahalay, at siya noon ay nagsasabi: ***Ang mga pinakamabuti sa***

inyo ay ang pinakamaganda sa inyo sa mga kaasalan.” (Muttafaq

‘Alayhi: 3559, 2321.)

81 - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عَمْرٍو بْنِ الْعَاصِ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «لَيْسَ الْوَاصِلُ بِالْمُكَافِي، وَلَكِنَّ الْوَاصِلَ الَّذِي إِذَا قُطِعَتْ رَحْمَةُ وَصَلَهَا» ((البخاري: 5991))

81. Ayon kay ‘Abdulláh ibnu ‘Amr ibni al-‘Áss (RA), na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): **Ang nakikipag-ugnay sa kaanak ay hindi ang gumaganti [sa pakikipag-ugnay], bagkus ang nakikipag-ugnay sa kaanak ay ang isang kapag nilagot ang pakikipag-ugnayan sa kanya ay nakikipag-ugnay [pa rin] siya.**” (Isinalaysay ito ni Imám alBukhári: 5991.)

82 - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عَمْرٍو بْنِ الْعَاصِ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «إِنَّ الْمُقْسِطِينَ عِنْدَ اللَّهِ عَلَى مَنَابِرٍ مِنْ نُورٍ عَنْ يَمِينِ الرَّحْمَنِ. عَزَّ وَجَلَّ. وَكِلْتَا يَدَيْهِ يَمِينٌ، الَّذِينَ يَعْدِلُونَ فِي حُكْمِهِمْ وَأَهْلِيهِمْ وَمَا وَلَوْ» ((مسلم: 1827))

82. Ayon kay ‘Abdulláh ibnu ‘Amr ibni al-‘Áss (RA), na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): **Ang mga nagkakaloob ng katarungan — sa piling ni Allah ay nasa mga pulpito ng liwanag sa gawing kanan [Niyang] Napakamaawain, kamahal-mahalan siyat at kapita-pitagan, at ang kapwa kamay Niya ay kanan — ay ang mga nagpapakamakatarungan sa hatol nila, sa mga mag-anak nila, at anumang tinatangkilik nila.**” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 1827.)

83 - عَنْ جَرِيرِ بْنِ عَبْدِ اللَّهِ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: كُنَّا مَعَ النَّبِيِّ ﷺ. فَنَظَرْنَا إِلَى الْقَمَرِ لَيْلَةً، يَغْنِي الْبَدْرُ، فَقَالَ: «إِنَّكُمْ سَتَرُونَ رَبَّكُمْ كَمَا تَرَوْنَ هَذَا الْقَمَرَ لَا تَصُامُونَ فِي رُؤْيَيْهِ، فَإِنْ اسْتَطَعْتُمْ أَنْ لَا تُغْلِبُوا عَلَى صَلَاةٍ قَبْلَ طُلُوعِ الشَّمْسِ وَقَبْلَ غُرُوبِهَا فَافْعَلُوا،

ثُمَّ قَرَأَ: ﴿وَسَبِّحْ بِحَمْدِ رَبِّكَ قَبْلَ طُلُوعِ الشَّمْسِ وَقَبْلَ الْغُرُوبِ﴾ [متفق عليه: 554،

[633]

83. Ayon kay Jarír ibnu ‘Abdilláh (RA), na nagsabi: “Kami noon ay kasama ng Propeta (SAS). Pagkatapos ay tumingin siya sa buwan isang gabi, ibig sabihin ay sa bagong buwan, at nagsabi: *Tunay na makikita ninyo ang inyong Panginoon gaya ng pagkakakita ninyo sa buwan na ito na hindi kayo nahihirapan sa pagkakakita nito. Kaya kung makakaya ninyo na hindi kayo mapanaigan sa dasal bago ang pagsikat ng araw at bago ang paglubog nito ay gawin ninyo.* Pagkatapos ay binasa niya: at magluwalhati ka kalakip ng papuri sa Panginoon mo bago ang pagsikat ng araw at bago ang paglubog nito;”²⁷ (Muttafaq ‘Alayhi: 554, 633.)

84 - عَنْ جَرِيرِ بْنِ عَبْدِ اللَّهِ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: «بَايَعْتُ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - عَلَى إِقَامِ الصَّلَاةِ، وَإِيتَاءِ الزَّكَاةِ، وَالتَّضَعُّعِ لِكُلِّ مُسْلِمٍ» [متفق عليه: 57، 97]

84. Ayon kay Jarír ibnu ‘Abdilláh (RA), na nagsabi: “Nanumpa ako ng katapatan sa Sugo ni Allah (SAS) sa pagpapanatili sa *saláh*, pagbibigay ng *zakáh*, at pagpapaya sa bawat Muslim.” (Muttafaq ‘Alayhi: 57, 97.)

85 - عَنْ أَبِي مُوسَى - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ - ﷺ -: «إِنَّ هَذِهِ النَّارَ إِتْمَاهِيَ عَدُوٌّ لَكُمْ، فَإِذَا نِمْتُمْ فَأَطْفِئُوهَا عَنْكُمْ» [متفق عليه: 6294، 2016]

85. Ayon kay Abú Músá (RA), na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Tunay na ang Ang Apoy na ito ay isang kaaway para sa inyo. Kaya kapag natulog kayo ay pawiin ninyo ito sa inyo.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 6294, 2016.)

²⁷ Qur’an 20:131.

86 - عَنْ أَبِي مُوسَى - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «الْمُؤْمِنُ لِلْمُؤْمِنِ كَالْبَيْنَانِ، يَشُدُّ بَعْضُهُ بَعْضًا» [متفق عليه: 2585، 2446]

86. Ayon kay Abú Músá (RA), na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Ang mananampalataya para sa isang mananampalataya ay gaya ng gusali: pinatatatag ng isa ang iba pa.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 2446, 2585.)

87 - عَنْ أَبِي مُوسَى - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «إِنَّ اللَّهَ لَيَمْلِكُ لِلظَّالِمِ حَتَّى إِذَا أَخَذَهُ لَمْ يُفْلِتْهُ» قَالَ: ثُمَّ قَرَأَ: «وَكَذَلِكَ أَخْذُ رَبِّكَ إِذَا أَخَذَ الْقُرَى وَهِيَ ظَالِمَةٌ إِنَّ أَخْذَهُ أَلِيمٌ شَدِيدٌ» [متفق عليه: 2583، 4686]

87. Ayon kay Abú Músá (RA), na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Tunay na si Allah ay talagang nagpapalugit sa lumalabag sa katarungan na kapag kinuha Niya ito ay hindi Niya pawawalain ito.*” Pagkatapos ay binasa niya: Gayon ang pagkuha ng Panginoon mo nang kinuha Niya ang mga pamayanan at ang mga ito ay lumalabag sa katarungan. *Tunay na ang pagkuha Niya ay masakit, matindi.*²⁸ (Muttafaq ‘Alayhi: 4686, 2583.)

88 - عَنْ أَبِي مُوسَى - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «إِنَّ اللَّهَ - عَزَّ وَجَلَّ - يَبْسُطُ يَدَهُ بِاللَّيْلِ؛ لِيَتُوبَ مُسِيءُ النَّهَارِ، وَيَبْسُطُ يَدَهُ بِالنَّهَارِ لِيَتُوبَ مُسِيءُ اللَّيْلِ، حَتَّى تَطْلُعَ الشَّمْسُ مِنْ مَغْرِبِهَا» [مسلم: 2759]

88. Ayon kay Abú Músá (RA), na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Tunay na si Allah, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan, ay nag-aabot ng kamay Niya sa gabi upang makapagsisi ang nakagagawa ng masama sa araw at nag-*

²⁸ Qur'an 11:102.

aabot ng kamay Niya sa maghapon upang makapagsisi ang nakagagawa ng masama sa gabi. Ginagawa Niya ito hanggang sa bago sumisikat ang araw sa kanluran nito.
(Isinalaysay ito ni Imām Muslim: 2759.)

89 - عَنْ أَبِي مُوسَى - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «فُكُّوا الْعَانِي، وَأَطْعِمُوا الْجَائِعَ، وَعُودُوا الْمَرِيضَ» [البخاري: 3046]

89. Ayon kay Abú Músá (RA), na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Palayain ninyo ang bihag, pakainin ninyo ang nagugutom, dalawin ninyo ang may-sakit.***” (Isinalaysay ito ni Imām alBukhārī: 3046.)

90 - عَنْ أَبِي مُوسَى - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «إِذَا مَرَضَ الْعَبْدُ أَوْ سَافَرَ، كُتِبَ لَهُ مِثْلُ مَا كَانَ يَعْمَلُ مُقِيمًا صَحِيحًا» [البخاري: 2996]

90. Ayon kay Abú Músá (RA), na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Kapag nagkasakit ang tao o naglakbay ay itinatala [sa talaang] ukol sa kanya ang tulad ng ginagawa niya dati noong nanatili at malusog [pa siya].***” (Isinalaysay ito ni Imām alBukhārī: 2996.)

91 - عَنْ أَبِي ذَرٍّ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّهُ سَمِعَ النَّبِيَّ - ﷺ - يَقُولُ «لَا يَزِمِي رَجُلٌ رَجُلًا بِالْفُسُوقِ، وَلَا يَزِمِيهِ بِالْكَفْرِ، إِلَّا أَزْدَدْتُ عَلَيْهِ إِنْ لَمْ يَكُنْ صَاحِبَهُ كَذَلِكَ» [البخاري: 6045]

91. Ayon kay Abú Dharr (RA), siya ay nakarinig sa Propeta (SAS) na nagsasabi: “***Huwag pararatangan ng isang tao ang isang tao ng mga kasuwailan at huwag pararatangan niya ito ng kawalang-pananampalataya dahil kung hindi, babalik ito sa kanya kung ang pinararatangan niya ay hindi ganoon.***” (Isinalaysay ito ni Imām alBukhārī: 6045.)

92 - عَنْ أَبِي ذَرٍّ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قِيلَ لِرَسُولِ اللَّهِ ﷺ: أَرَأَيْتَ الرَّجُلَ يَعْمَلُ الْعَمَلَ مِنْ الْخَيْرِ وَيَحْمَدُهُ النَّاسُ عَلَيْهِ قَالَ: «تِلْكَ عَاجِلُ بُشْرَى الْمُؤْمِنِ» [مسلم: 2642]

92. Ayon kay Abú Dharr (RA) na nagsabi: “Sinabi sa Sugo ni Allah (SAS): Ang ang tingin mo sa isang lalaki na gumagawa ng isang gawaing kabilang sa kabutihan at pinuri siya ng mga tao dahil doon? Nagsabi siya: ***Iyon ay kaagad na nakalulugod na balita sa mananampalataya.***” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 2642.)

93 - عَنْ ابْنِ عَبَّاسٍ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ كَانَ يَقُولُ عِنْدَ الْكَرْبِ: «لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ الْعَظِيمُ الْحَلِيمُ، لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ رَبُّ الْعَرْشِ الْعَظِيمِ، لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ رَبُّ السَّمَوَاتِ، وَرَبُّ الْأَرْضِ، وَرَبُّ الْعَرْشِ الْكَرِيمِ» [متفق عليه: 6346, 2730]

93. Ayon kay Ibnu ‘Abbás (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsasabi noon sa sandali ng mga pighati: ***Lá iláha illá -llahu -l’dhímu -l’halím, lá iláha illá -llahu rabbu -l’arshi -l’adhím, lá iláha illá -llahu rabbussamawáti wa rabbu-l’ardi wa rabbu-l’arshi -l’adhím.***²⁹ (Muttafaq ‘Alayhi: 6346, 2730.)

94 - عَنْ ابْنِ عَبَّاسٍ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: سَمِعْتُ النَّبِيَّ ﷺ يَقُولُ: «لَوْ كَانَ لِابْنِ آدَمَ وَادِيَانِ مِنْ مَالٍ لَابْتَغَى ثَالِثًا، وَلَا يَمْلَأُ جَوْفَ ابْنِ آدَمَ إِلَّا التَّوْبُ، وَيَتَوُوبُ اللَّهُ عَلَى مَنْ تَابَ» [متفق عليه: 6436, 1048]

94. Ayon kay Ibnu ‘Abbás (RA) na nagsabi: “Narinig ko ang Propeta (SAS) na nagsasabi: ***“Kung sakaling ang isang anak ni Adan ay may dalawang lambak ng kayamanan ay talagang***

²⁹ Walang Diyos kundi si Allah, ang Sukdulan, ang Matimpiin. Walang Diyos kundi si Allah, ang Panginoon ng Trono, ang Sukdulan. Walang Diyos kundi si Allah, ang Panginoon ng mga langit, ang Panginoon ng lupa, at ang Panginoon ng Trono, ang Sukdulan.

naghangad pa siya ng ikatlo. Walang pupuno sa tiyan ng anak ni Adan kundi ang alabok. At tinatanggap ni Allah ang pagbabalik-loob ng sinumang nagbabalik-loob.” (Muttafaq ‘Alayhi: 6436, 1048.)

95 - عَنْ حَكِيمِ بْنِ حِزَامٍ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - ، عَنْ النَّبِيِّ ﷺ قَالَ: «الْبَيْعَانِ بِالْخَبَارِ مَا لَمْ يَتَفَرَّقَا، فَإِنْ صَدَقَا وَبَيْنَا بُورِكُ لُهُمَا فِي بَيْعِهِمَا، وَإِنْ كَذَبَا وَكُنَّا مُحِقَّتْ بَرَكَةُ بَيْعِهِمَا» [متفق عليه: 2110, 1532]

95. Ayon kay Hakīm ibnu Hizām (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***“Ang mga nagbibilihan ay may kalayaan sa pagpasya hanggang hindi pa sila naghiwalay. Kaya kung nagpakatotoo sila at nag-linaw sila ay pagpapalain sila sa pagbibilihan nila. Kung nag-sinungaling sila at naglihim ay papawiin ang biyaya ng pagbibilihan nila.”*** (Muttafaq ‘Alayhi: 2110, 1532.)

96 - عَنْ سَعْدِ بْنِ أَبِي وَقَّاصٍ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: سَمِعْتُ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ يَقُولُ: «مَنْ تَصَبَّحَ سَبْعَ تَمَرَاتٍ عَجْوَةٍ لَمْ يَضُرَّهُ ذَلِكَ الْيَوْمَ سُمٌّْ وَلَا سِحْرٌ» [متفق عليه: 5769, 2047]

96. Ayon kay Sa’d ibnu Abí Waqqás (RA), na nagsabi: ***“Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsabi: “Ang sinumang kumain ng pitong datiles na ‘ajwah”³⁰ sa umaga ay hindi siya maaano sa araw na iyon ng isang lason o panggagaway.”*** (Muttafaq ‘Alayhi: 5769, 2047.)

³⁰ Ang ‘ajwah ay isang uri ng datiles ng Madína. May mga pantas ng Islam na naniniwalang ang hadīth na ito ay pumapatungkol din sa iba pang datiles.

97 - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ مَسْعُودٍ - رضي الله عنه - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «لَا يَحِلُّ دَمُ امْرِئٍ مُسْلِمٍ يَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، وَأَنِّي رَسُولُ اللَّهِ إِلَّا بِأَحَدٍ ثَلَاثٍ: النَّفْسُ بِالنَّفْسِ، وَالْثِيْبُ الزَّانِي، وَالْمَارِقُ مِنَ الدِّينِ التَّارِكُ لِلْجَمَاعَةِ» ((متفق عليه: 6878, 1676)

97. Ayon kay ‘Abdulláh ibnu Mas‘úd (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah: ***“Hindi ipinahihintulot na kitilin ang buhay ng isang taong Muslim na sumasaksi na walang [totoong] Diyos kundi si Allah at ako ay Sugo ni Allah maliban sa isa sa tatlo: ang taong [pumatay ng] tao, ang nangalunyang nakapag-asawa, ang nagtatakwil sa pananampalataya na nag-iiwan sa pagkakabuklod.”*** (Muttafaq ‘Alayhi: 6878, 1676.)

98 - عَنْ أَبِي مَسْعُودٍ الْأَنْصَارِيِّ - رضي الله عنه - ، عَنْ النَّبِيِّ ﷺ - قَالَ: «إِذَا أَنْفَقَ الْمُسْلِمُ نَفَقَةً عَلَى أَهْلِهِ وَهُوَ يَحْتَسِبُهَا، كَانَتْ لَهُ صَدَقَةً» ((متفق عليه: 5351, 1002)

98. Ayon kay Mas‘úd al-Ansárí (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: “***Kapag gumugol ang isang Muslim ng isang gugulin sa mag-anak niya samantalang siya ay umaasa [kay Allah] ng gantimpala nito, ito ay magiging isang kawanggawa na dulot niya.***” (Muttafaq ‘Alayhi: 5351, 1002.)

99 - عَنْ زَيْدِ بْنِ خَالِدٍ - رضي الله عنه - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ قَالَ: «مَنْ جَهَّزَ غَازِيًا فِي سَبِيلِ اللَّهِ فَقَدْ غَزَا، وَمَنْ حَلَفَ غَازِيًا فِي سَبِيلِ اللَّهِ بِخَيْرٍ فَقَدْ غَزَا» ((متفق عليه: 2843, 1895)

99. Ayon kay Zayd ibnu Khálid (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “***Ang sinumang tumustos ng isang nakikibaka sa landas ni Allah ay nakibaka na rin. Ang sinumang gumawa ng mabuti sa naiwan ng nakikibaka ay nakibaka nga rin.***” (Muttafaq ‘Alayhi: 2843, 1895.)

100 - عَنْ أَنَسِ بْنِ مَالِكٍ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: «تَسَحَّرُوا فَإِنَّ فِي السَّحُورِ بَرَكََةً» [متفق عليه: 1095, 1923]

100. Ayon kay Anas ibnu Málik (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Propeta (SAS): *Kumain kayo ng saḥúr*³¹ *sapagkat tunay na sa saḥúr ay may biyaya.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 1923, 1095.)

Ikatlong Bahagi

1 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ قَالَ: «لَا يَنْظُرُ اللَّهُ يَوْمَ الْقِيَامَةِ إِلَى مَنْ جَرَّ إِزَارَهُ بَطْرًا» [متفق عليه: 5788, 2087]

1. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Hindi titingin si Allah sa Araw ng Pagbangon sa sinumang kumakaladkad sa tapis niya dala ng kapaluluan.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 2087, 5788.)

2 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ قَالَ: «قَالَ اللَّهُ: أَنْفَقَ يَا ابْنَ آدَمَ أَنْفَقَ عَلَيْكَ» [متفق عليه: 5352, 993]

2. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Nagsabi si Allah: Gumugol ka o Anak ni Adan at ako'y gugul din sa iyo.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 5352, 993.)

3 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ قَالَ: «مَا مِنْ مَوْلُودٍ إِلَّا يُولَدُ عَلَى الْفِطْرَةِ، فَأَبَوَاهُ يَهُودَانِهِ، أَوْ نَصْرَانِيَّة، أَوْ مَجَسَّانِيَّة...» [متفق عليه: 4775, 2658]

³¹ Ang kinakain bago mag-ayuno bago sumapit ang madaling araw.

3. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Walang anumang sanggol na ipinanganganak na hindi ipinanganganak sa likas na relihiyon, ngunit ang mga magulang niya ay nagpapa-Hudyo sa kanya o nagpapa-Kristiyno sa kanya o nagpapa-Mago sa kanya...”*** (Muttafaq ‘Alayhi: 4775, 2658.)

4 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ قَالَ: «قَاتَلَ اللَّهُ الْيَهُودَ، اتَّخَذُوا قُبُورَ أَنْبِيَائِهِمْ مَسَاجِدَ» [متفق عليه: 437, 530]

4. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Lipulin nawa ni Allah ang mga Hudyo; ginawa nilang mga sambahan ang mga libingan ng mga propeta nila.”*** (Muttafaq ‘Alayhi: 437, 530.)

5 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ قَالَ: «يَقُولُ اللَّهُ تَعَالَى: أَنَا عِنْدَ ظَنِّ عَبْدِي بِي، وَأَنَا مَعَهُ إِذَا ذَكَرَنِي، فَإِنِ ذَكَرَنِي فِي نَفْسِهِ، ذَكَرْتُهُ فِي نَفْسِي، وَإِنِ ذَكَرَنِي فِي مَلَأٍ، ذَكَرْتُهُ فِي مَلَأٍ خَيْرٍ مِنْهُمْ، وَإِنِ تَقَرَّبَ إِلَيَّ بِشَيْءٍ، تَقَرَّبْتُ إِلَيْهِ ذِرَاعًا، وَإِنِ تَقَرَّبَ إِلَيَّ ذِرَاعًا، تَقَرَّبْتُ إِلَيْهِ بَاعًا، وَإِنِ أَتَانِي يَمْشِي، أَتَيْتُهُ هَرْوَلَةً» [متفق عليه: 7405]

[2675]

5. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Nagsasabi si Allah, pagkataas-taas Niya: Ako ay ayon sa palagay ng lingkod Ko sa Akin at Ako ay kasama niya kapag binanggit niya Ako. Kaya kung binanggit niya Ako sa sarili Niya ay binanggit Ko rin siya sa sarili Ko. At kung binanggit niya Ako sa isang madla ay binanggit Ko rin siya sa isang madla na mainam kaysa sa kanila. At kung nagpakalapit siya sa Akin ng isang dangkal ay nagpakalapit naman Ako sa kanya ng isang bisig. At kung nagpakalapit siya sa Akin ng isang bisig ay nagpakalapit***

naman Ako sa kanya ng isang dipa. At kung dumating siya sa Akin na naglalakad ay darating naman Ako sa kanya nang payagyag.³²” (Muttafaq ‘Alayhi: 7405, 2675.)

6- عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ قَالَ: «سَبْعَةٌ يُظِلُّهُمُ اللَّهُ فِي ظِلِّهِ يَوْمَ لَا ظِلَّ إِلَّا ظِلُّهُ: إِمَامٌ عَدْلٌ، وَشَابٌّ نَشَأَ فِي عِبَادَةِ اللَّهِ، وَرَجُلٌ قَلْبُهُ مُعَلَّقٌ فِي الْمَسَاجِدِ، وَرَجُلَانِ تَحَابَبَا فِي اللَّهِ اجْتَمَعَا عَلَيْهِ وَتَفَرَّقَا عَلَيْهِ، وَرَجُلٌ دَعَتْهُ امْرَأَةٌ ذَاتُ مَنْصِبٍ وَجَمَالَ فَقَالَ: إِنِّي أَخَافُ اللَّهَ، وَرَجُلٌ تَصَدَّقَ بِصَدَقَةٍ فَأَخْفَاهَا حَتَّى لَا تَعْلَمَ شِمَالُهُ مَا تُنْفِقُ يَمِينُهُ، وَرَجُلٌ ذَكَرَ اللَّهَ خَالِيًا فَفَاضَتْ عَيْنَاهُ» ((متفق عليه: 14230, 1031)

6. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*May pitong [uri ng tao na] pasisilungin ni Allah sa lilim Niya sa araw na walang lilim kundi ang lilim Niya: makatarungang pinuno; binatang lumaki sa pagsamba kay Allah; lalaking ang puso nito ay nahuhumaling sa mga masjid; dalawang taong nagmamahalan alang-alang kay Allah: nagkikita alang-alang sa Kanya at naghihiwalay alang-alang sa Kanya; isang lalaking tinukso ng isang babaeng may kalagayang mataas at kagandahan ngunit nagsabi ito: ‘Tunay na ako ay natatakot kay Allah’; at isang taong nagkawanggawa ng isang kawanggawa at ikinubli nito iyon nang sa gayon ay hindi nalalaman ng kaliwa nito ang ginugugol ng kanan nito; at taong [nang] nakaalaala kay Allah nang nag-iisa ay nag-umupaw ang mga mata nito [sa luha].*” (Muttafaq ‘Alayhi: 14230, 1031.)

7- عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ قَالَ: «يَدُ اللَّهِ مَلَأَى لَا يَغِضُّهَا نَفَقَةٌ، سَحَاءُ اللَّيْلِ وَالنَّهَارِ، وَقَالَ: أَرَأَيْتُمْ مَا أَنْفَقَ مُنْذُ خَلَقَ السَّمَوَاتِ وَالْأَرْضَ، فَإِنَّهُ لَمْ يَغِضْ مَا فِي يَدِهِ...» ((البخاري: 7411)

³² Ang “yagyag” ay mabilis kaysa sa “lakad” at mabagal kaysa sa “takbo”.

7. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Ang kamay ni Allah ay puno na hindi nababawasan ng paggugol na tuloy-tuloy sa gabi at maghapon.”*** Nagsabi pa siya: ***“Nakita ba ninyo ang ginugol Niya magmula nang nilikha Niya ang mga langit at lupa, sapagkat tunay na hindi nababawasan ang anumang nasa kamay Niya.”*** (Imám alBukhári: 7411.)

8 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «اجْتَنِبُوا السَّبْعَ الْمُوبِقَاتِ» قَالُوا: يَا رَسُولَ اللَّهِ وَمَا هُنَّ؟ قَالَ: «الشِّرْكُ بِاللَّهِ، وَالسَّحَرُ، وَقَتْلُ النَّفْسِ الَّتِي حَرَّمَ اللَّهُ إِلَّا بِالْحَقِّ، وَأَكْلُ الرِّبَا، وَأَكْلُ مَالِ الْيَتِيمِ، وَالتَّوَلَّى يَوْمَ الزَّحْفِ، وَقَذْفُ الْمُخَصَّنَاتِ الْمُؤْمِنَاتِ الْغَافِلَاتِ» [متفق عليه: 6857، 89]

8. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Pangilagan ninyo ang pitong nakapagpapahamak na kasalanan.”*** Nagsabi sila: “O Sugo ni Allāh, at ano po ang mga ito?” Sinabi niya: ***“Ang pagtatambal kay Allah, ang panggagaway, ang pagpatay sa buhay na ipinagbawal ni Allah [na patayin] malibang ayon sa katwiran, ang pakikinabang sa patubo sa utang, ang paglustay sa ari-arian ng ulila, ang pagtalikod [sa labanan] sa araw ng digmaan, at ang paninirang-puri sa mga babaeng marangal na mananampalataya na inosente.”*** (Muttafaq

‘Alayhi: 6857, 89.)

9 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «مَنْ تَرَدَّى مِنْ جَبَلٍ فَقَتَلَ نَفْسَهُ؛ فَهُوَ فِي نَارِ جَهَنَّمَ يَتَرَدَّى فِيهِ خَالِدًا مُخْلَدًا فِيهَا أَبَدًا، وَمَنْ تَحَسَّى سُمًّا فَقَتَلَ نَفْسَهُ؛ فَسُمُّهُ فِي يَدِهِ يَتَحَسَّاهُ فِي نَارِ جَهَنَّمَ خَالِدًا مُخْلَدًا فِيهَا أَبَدًا، وَمَنْ قَتَلَ نَفْسَهُ بِحَدِيدَةٍ؛ فَحَدِيدَتُهُ فِي يَدِهِ يَحْمَأُ بِهَا فِي بَطْنِهِ فِي نَارِ جَهَنَّمَ خَالِدًا مُخْلَدًا فِيهَا أَبَدًا» [متفق عليه: 5578، 109]

9. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Ang sinumang tumalon mula sa bundok at pinatay***

niya ang sarili niya, siya ay sa apoy ng Impiyerno na tatalon dito, na mananatili [siya at] pananatilihin doon magpakailanman. Ang sinumang uminom ng lason at pinatay niya ang sarili niya, ang lason niya ay [dadalhin niya] sa kamay niya na iinumina niya sa apoy ng Impiyerno, na mananatili [siya at] pananatilihin doon magpakailanman. Ang sinumang pumatay ng sarili niya sa pamamagitan ng isang bakal, ang bakal niya [na ito ay dadalhin niya] niya sa kamay niya na ipangsasaksak niya sa tiyan niya sa Apoy ng Impiyerno, na mananatili [siya at] pananatilihin doon magpakailanman.” (Muttafaq ‘Alayhi: 5578, 109.)

10 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «الْإِيمَانُ بِضْعٌ وَسِتُّونَ شُعْبَةً، وَالْحَيَاءُ شُعْبَةٌ مِنَ الْإِيمَانِ» [متفق عليه: 9, 35]

10. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Ang pananampalataya ay animnapu at higit pang sangay. Ang [pagkakaroon ng] hiya ay isang sangay ng pananampalataya.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 9, 35.)

11 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «كَانَ رَجُلٌ يُدَايِنُ النَّاسَ، فَكَانَ يَقُولُ لِفَتَاةٍ: إِذَا أَتَيْتِ مُعْسِرًا فَتَجَاوَزِي عَنْهُ؛ لَعَلَّ اللَّهَ يَتَجَاوَزُ عَنَّا، فَلَقِيَ اللَّهَ فَتَجَاوَزَ عَنْهُ» [متفق عليه: 1562, 3480]

11. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*May isang lalaki noon na nagpapautang sa mga tao at sinasabi nito noon sa utusan nito: Kapag pinuntuhan ka ng isang nagigipit ay palampasin mo [ang pagkakautang] nito; harinawa si Allah ay magpapalampas sa [pagkakasala] natin. Kaya [kapag] nakatagpo nito si Allah ay palalampasin din Niya [ang pagkakasala] nito.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 3480, 1562.)

12 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه. أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ. قَالَ: «قَالَ اللَّهُ تَعَالَى: كُلُّ عَمَلِ ابْنِ آدَمَ لَهُ، إِلَّا الصَّوْمَ فَإِنَّهُ لِي وَأَنَا أَجْزِي بِهِ، وَلِخُلُوفٍ فَمِ الصَّائِمِ أَطْيَبُ عِنْدَ اللَّهِ مِنْ رِيحِ الْمِسْكِ» ((متفق عليه: 5927, 1151))

12. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Nagsabi si Allah, pagkataas-taas Niya: Bawat gawain ng anak ni Adan ay para sa kanya maliban sa pag-aayuno sapagkat tunay na ito ay para sa Akin at Ako ay maggagantimpala dahil doon. Talagang ang amoy ng bibig ng nag-aayuno ay higit na mabango para kay Allah kaysa sa halimuyak ng Musk.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 5927, 1151.)

13 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه. أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ. قَالَ: «تَعَوَّذُوا بِاللَّهِ مِنْ جَهْدِ الْبَلَاءِ، وَدَرَكِ الشَّقَاءِ، وَسُوءِ الْقَضَاءِ، وَشَمَاتَةِ الْأَعْدَاءِ» ((متفق عليه: 6616, 2707))

13. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Magpakupkop kayo kay Allah laban sa hilahil ng sakuna, paghantong ng kapahamakan, kasagwaan ng tadhana, at pagkatuwa ng mga kaaway.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 6616, 2707.)

14 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه. أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ. قَالَ: «السَّفَرُ قِطْعَةٌ مِنَ الْعَذَابِ؛ يَمْنَعُ أَحَدَكُمْ نَوْمَهُ، وَطَعَامَهُ، وَشَرَابَهُ، فَإِذَا قَضَى أَحَدُكُمْ نَهْمَتَهُ فَلْيَعْبَجِلْ إِلَى أَهْلِهِ» ((متفق عليه: 3001, 1927))

14. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Ang paglalakbay ay isang piraso ng pagdurusa: pinagkakaitan nito ang isa sa inyo ng tulog niya, ng pagkain niya, at ng inumin niya. Kaya kapag natugon ng [bawat] isa sa inyo ang pakay niya ay magmadali siyang [umuwi] sa mag-anak niya.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 1927, 3001.)

15 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه. أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ. قَالَ: «لَا تَرْغَبُوا عَنْ آبَائِكُمْ فَمَنْ رَغِبَ عَنْ أَبِيهِ فَهُوَ كُفْرٌ» [متفق عليه: 6768, 62]

15. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Huwag kayong masuklam sa mga magulang ninyo; sapagkat ang sinumang nasusuklam sa magulang niya, iyon ay kawalang-pananampalataya.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 62, 6768.)

16 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه. أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ. قَالَ: «مَا أَدِنَ اللَّهُ لِشَيْءٍ مَا أَدِنَ لِنَبِيِّ حَسَنِ الصَّوْتِ يَتَغَنَّى بِالْقُرْآنِ يَجْهَرُ بِهِ» [متفق عليه: 7544, 792 - وهذا لفظ مسلم]

16. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Hindi nakinig si Allah sa isang bagay gaya ng pakikinig Niya sa isang Propeta na maganda ang tinig na bumibigkas nang maganda sa Qur'an, na bumibigkas nang malakas dito.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 7544, 792; ito ay pagkakapahayag ni Imám Muslim.)

17 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه. أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ. قَالَ: «لَوْ كَانَ لِي مِثْلُ أَحَدٍ ذَهَبًا، مَا يَسْرُرْنِي أَنْ لَا يَمُرَّ عَلَيَّ ثَلَاثٌ وَعِنْدِي مِنْهُ شَيْءٌ، لَا شَيْءٌ أَرْضِدُهُ لِلدِّينِ» [متفق عليه: 2389, 991]

17. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Kung sakaling mayroon akong tulad ng [bundok ng] Uhud na ginto, hindi ko ikatutuwa na may daraan sa akin na tatlong [araw] samantalang nagtataglay pa ako ng isang bahagi mula rito maliban pa sa isang bahaging ilalaan ko para [pambayad] sa utang.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 2389, 991.)

18 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه. أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ. قَالَ: «لَقَابُ قَوْسٍ فِي الْجَنَّةِ، خَيْرٌ مِمَّا تَطْلَعُ عَلَيْهِ الشَّمْسُ وَتَغْرُبُ...» [متفق عليه: 2793, 991]

18. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Talagang ang isang kasinghaba ng pana [na puwang]*

sa Paraiso ay higit na mainam kaysa sa [laki ng puwang na] sinisikatan ng araw at nilulubugan nito.” (Muttafaq ‘Alayhi: 2793, 991.)

19 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ قَالَ: ((قَالَ اللَّهُ تَعَالَى: يَشْتُمُنِي ابْنُ آدَمَ وَمَا يَنْبَغِي لَهُ أَنْ يَشْتُمَنِي، وَكَذَّبَنِي وَمَا يَنْبَغِي لَهُ، أَمَا شَتْمُهُ فَقَوْلُهُ: إِنَّ لِي وَلَدًا، وَأَمَا تَكْذِيبُهُ فَقَوْلُهُ: لَيْسَ يُعِيدُنِي كَمَا بَدَأَنِي)) [البخاري: 3193]

19. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Nagsabi si Allah, pagkataas-taas Niya: Nilalait ako ng anak ni Adan gayong hindi nararapat sa kanya na laitin ako. Pinasisinungalingan niya Ako gayong hindi nararapat iyon sa kanya. Tungkol naman sa panlalait niya ay ang pag-sasabi niya na tunay na ako ay may anak. Tungkol naman sa pagpapasinungaling niya ay ang pagsasabi niya: ‘Hindi Niya ako bubuhayin gaya ng paglikha Niya sa akin.”*** (Imám alBukhári: 3193.)

20 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ قَالَ: ((لَا يَدْخُلُ أَحَدُ الْجَنَّةِ إِلَّا أَرَى مَقْعَدَهُ مِنَ النَّارِ لَوْ أَسَاءَ؛ لِيَزِدَّادَ شُكْرًا، وَلَا يَدْخُلُ النَّارَ أَحَدٌ إِلَّا أَرَى مَقْعَدَهُ مِنَ الْجَنَّةِ لَوْ أَحْسَنَ؛ لِيَكُونَ عَلَيْهِ حَسْرَةٌ)) [البخاري: 6569]

20. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Walang isang papasok sa Paraiso malibang ipakikita sa kanya ang kalalagayan niya sana sa Impiyerno kung sakaling nagpakasama siya, upang makadagdag ito sa pasasalamat [niya]. Walang isang papasok sa Impiyerno malibang ipakikita sa kanya ang kalalagayan niya sa sana sa Paraiso kung sakaling nagpakabuti siya, upang ito sa kanya maging isang panghihinayang.”*** (Imám alBukhári: 6569.)

21 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «مَنْ أَخَذَ أَمْوَالَ النَّاسِ يُرِيدُ أَدَاءَهَا، أَدَّى اللَّهُ عَنْهُ، وَمَنْ أَخَذَ يُرِيدُ إِنْثَالَهَا أَثْلَفَهُ اللَّهُ» [البخاري: 2387]

21. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Ang sinumang kumuha ng mga ari-arian ng mga tao kalakip ng pagnanais na isauli ito ay isasauli [ito] ni Allah para sa kanya. Ang sinumang kumuha [nito] kalakip ng pagnanais na sirain ito ay sisirain siya ni Allah.*” (Imám alBukhári: 2387.)

22 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «قَالَ اللَّهُ تَعَالَى: ثَلَاثَةٌ أَنَا خَصْمُهُمْ يَوْمَ الْقِيَامَةِ: رَجُلٌ أُعْطِيَ بِي ثُمَّ عَدَرَ، وَرَجُلٌ بَاعَ حُرًّا فَأَكَلَ ثَمَنَهُ، وَرَجُلٌ اسْتَأْجَرَ أَجِيرًا فَاسْتَوْفَى مِنْهُ وَلَمْ يُعْطِهِ أَجْرَهُ» [البخاري: 2270]

22. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Nagsabi si Allah, pagkataas-taas Niya: May tatlong [tao na] Ako ang katunggali nila sa Araw ng Pagbangon: lalaking binigyan dahil [sa pagsumpa] sa Akin at pagkatapos ay nagtalusira,³³ lalaking nagbenta ng isang malayang tao at saka kinain niya ang pinagbilhan nito, at lalaking umupa ng isang upahan at lubusan niyang natanggap [ang paglilingkod] mula rito ngunit hindi niya ibinigay rito ang upa nito.*”

(Isinalaysay ito ni Imám alBukhári: 2270.)

23 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: «كَانَ النَّبِيُّ - ﷺ - يَعْتَكِفُ فِي كُلِّ رَمَضَانَ عَشْرَةَ أَيَّامٍ فَلَمَّا كَانَ الْعَامُ الَّذِي قُبِضَ فِيهِ اعْتَكَفَ عِشْرِينَ يَوْمًا» [البخاري: 2044]

³³ Sumisira sa pangako.

23. Ayon kay Abú Hurayrah (RA) na nagsabi: ***“Ang Propeta noon ay nagsasagawa ng i’tikáf³⁴ na sampung araw sa bawat Ramadán. At noong taon na binawi siya ay nagsagawa siya ng i’tikáf na dalawampung araw.”*** (Isinalaysay ito ni Imám alBukhári: 2044.)

24 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «أَلَا أَذَلُّكُمْ عَلَى مَا يَمْنَحُوهُ الْخَطَايَا وَتَرْفَعُ بِهِ الدَّرَجَاتِ» قَالُوا: بَلَى يَا رَسُولَ اللَّهِ، قَالَ: «إِسْبَاغُ الْوُضُوءِ عَلَى الْمَكَارِهِ، وَكَثْرَةُ الْخَطَا إِلَى الْمَسَاجِدِ، وَانْتِظَارُ الصَّلَاةِ بَعْدَ الصَّلَاةِ، فَذَلِكَ الرِّبَاطُ» [مسلم: 251]

24. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Ituturo ko ba sa inyo ang ipinampapawi ni Allah sa mga kasalanan at ang ipinantataas Niya sa mga antas?”*** Nagsabi sila: “Opo, o Sugo ni Allah.” Nagsabi siya: ***“Ang paglubos sa pagsasagawa ng wudú’ sa mga mahirap na sandali, ang maraming paghakbang tungo sa mga masjid at ang paghihintay sa isang saláh matapos ang isang saláh. Iyan ang pagbibigkis [sa sarili sa ibig ni Allah].”*** (Imám Muslim: 251.)

25 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «مَنْ تَطَهَّرَ فِي بَيْتِهِ ثُمَّ مَشَى إِلَى بَيْتٍ مِنْ بُيُوتِ اللَّهِ لِيَقْضِيَ فَرِيضَةً مِنْ فَرَائِضِ اللَّهِ؛ كَانَتْ خَطْوَتَاهُ إِحْدَاهُمَا مَحْطَ خَطِيئَةٍ، وَالْأُخْرَى تَرْفَعُ دَرَجَةً» [مسلم: 666]

25. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***Ang sinumang nagsagawa ng wudú’ sa bahay niya, pagkatapos ay naglakad patungo sa isa sa mga bahay ni Allah upang isagawa ang isa sa mga [saláh na] isinatungkulin ni Allah, ang mga hakbang niya [ay ganito:] ang isa sa dalawa***

³⁴ Ang pananatili sa loob ng masjid sa layuning ilaan ang sarili sa pagsamba.

ay nagbababa ng kasalanan [niya] at ang isa pa ay nag-aangat ng antas [niya].” (Imám Muslim: 666.)

26 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «رَغِمَ أَنْفُهُ، ثُمَّ رَغِمَ أَنْفُهُ، ثُمَّ رَغِمَ أَنْفُهُ» قِيلَ: مَنْ يَا رَسُولَ اللَّهِ؟ قَالَ: «مَنْ أَذْرَكَ أَبَوَيْهِ عِنْدَ الْكِبَرِ أَحَدَهُمَا أَوْ كِلَيْهِمَا، فَلَمْ يَدْخُلِ الْجَنَّةَ» [مسلم: 2551]

26. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: **“Mangudngod sa alikabok ang ilong niya! Pagkatapos ay mangudngod sa alikabok ang ilong niya! Pagkatapos ay mangudngod sa alikabok ang ilong niya.”** Sinabi: Sino po, o Sugo ni Allah? Nagsabi siya: **“Ang sinumang nakaabot sa mga magulang niya sa katandaan: sa isa sa kanilang dalawa o sa kapwa sa kanilang dalawa, pagkatapos ay hindi pa papasok³⁵ sa Paraiso.”** (Imám Muslim: 2551.)

27 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «مَنْ تَابَ قَبْلَ أَنْ تَطْلُعَ الشَّمْسُ مِنْ مَغْرِبِهَا، تَابَ اللَّهُ عَلَيْهِ» [مسلم: 2703]

27. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: **“Ang sinumang nagbalik-loob bago sumikat ang araw mula sa kanluran nito ay tatanggapin ni Allah sa kanya ang pagbabalik-loob.”** (Imám Muslim: 2703.)

28 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «كَافِلُ الْيَتِيمِ لَهُ أَوْ لِغَيْرِهِ أَنَا وَهُوَ كَهَاتَيْنِ فِي الْجَنَّةِ» وَأَشَارَ مَالِكٌ بِالسَّبَابَةِ وَالْوُسْطَى. [مسلم: 2983]

28. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: **“Ang nag-aaruga ng ulila na kaanak niya o ng iba,**

³⁵ Ang pag-aaruga sa mga magulang na inabutan ng katandaan sa piling ay isang malaking pagkakataon upang matamo ang Paraiso.

Ako at siya ay magiging ganito sa Paraiso. Ipinahiwatig niya iyon sa pamamagitan ng hintuturo at hinlalato na [ipinagdikit].” (Imám Muslim: 2983.)

29 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «أَحَبُّ الْبِلَادِ إِلَى اللَّهِ مَسَاجِدُهَا، وَأَبْغَضُ الْبِلَادِ إِلَى اللَّهِ أَسْوَاقُهَا» ((مسلم: 671))

29. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: **“Ang pinakakaibig-ibig sa mga bayan para kay Allah ay ang mga masjid sa mga ito at ang pinakasuklam-suklam sa mga bayan para kay Allah ay ang mga palengke nito.”** (Imám Muslim: 671.)

30 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «...مَا اجْتَمَعَ قَوْمٌ فِي بَيْتٍ مِنْ بُيُوتِ اللَّهِ، يَتْلُونَ كِتَابَ اللَّهِ وَيَتَدَارَسُونَهُ بَيْنَهُمْ، إِلَّا نَزَلَتْ عَلَيْهِمُ السَّكِينَةُ، وَغَشِيَتْهُمْ الرَّحْمَةُ، وَحَفَّتْهُمْ الْمَلَائِكَةُ، وَذَكَرَهُمُ اللَّهُ فِيمَنْ عِنْدَهُ...» ((مسلم: 2699))

30. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: **“Kapag may nagtipong mga tao sa isang buhay na kabilang sa mga bahay ni Allah — binibigkas nila ang Aklat ni Allah at pinag-aaralan nila ito sa isa’t isa sa kanila — ay bababa sa kanila ang kapanatagan, babalutin sila ng awa, paliligiran sila ng mga anghel, at babanggitin sila ni Allah sa sinumang nasa piling Niya...”** (Imám Muslim: 2699.)

31 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «إِذَا تَشَهَّدَ أَحَدُكُمْ فَلْيَسْتَعِذْ بِاللَّهِ مِنْ أَرْبَعٍ يَقُولُ: اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنْ عَذَابِ جَهَنَّمَ وَمِنْ عَذَابِ الْقَبْرِ وَمِنْ فِتْنَةِ الْمَحْيَا وَالْمَمَاتِ وَمِنْ شَرِّ فِتْنَةِ الْمَسِيحِ الدَّجَالِ» ((مسلم: 588))

31. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: **“Kapag nagsagawa ng tashahhud ang [bawat] isa sa inyo ay magpakupkop siya kay Allah laban sa apat. Sasabihin**

niya: Allāhumma innī a‘ūdhu bika min ‘adhābi jahannama wa min ‘adhābi-lqabri wa min fitnati-lmahyā wa min fitnati-lmamāti wa min sharri fitnati-lmasīhi -ddajjāl.”³⁶ (Imām Muslim: 588.)

32 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ قَالَ: ((إِذَا قَالَ الرَّجُلُ هَلَكَ النَّاسُ فَهُوَ أَهْلُكُهُمْ)) [مسلم: 2623]

32. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Kapag sinabi ng isang tao na napahamak ang mga tao, siya ay ang pinakanapahamak sa kanila.*” (Imām Muslim: 2623.)

33 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ قَالَ: ((مَنْ حَلَفَ عَلَى يَمِينٍ فَرَأَى غَيْرَهَا خَيْرًا مِنْهَا فَلْيَاتِ الَّذِي هُوَ خَيْرٌ وَلْيَكْفُرْ عَنْ يَمِينِهِ)) [مسلم: 1650]

33. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Ang sinumang nanumpa ng isang panunumpa ngunit nakita niya na ang iba pa [sa sinumpaang] ay higit na mainam kaysa roon, gawin niya ang higit na mainam at magbayad-sala siya sa sinumpaang niya.*” (Imām Muslim: 1650.)

34 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ قَالَ: ((خَيْرُ يَوْمٍ طَلَعَتْ عَلَيْهِ الشَّمْسُ يَوْمَ الْجُمُعَةِ، فِيهِ خُلِقَ آدَمُ، وَفِيهِ أُدْخِلَ الْجَنَّةَ، وَفِيهِ أُخْرِجَ مِنْهَا)) [مسلم: 854]

34. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Ang pinakamainam na araw na sinikitan ng araw ay ang araw ng Biyernes. Sa [araw na] ito ay nilikha si Adan,*

³⁶ O Allah, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa pagdurusa sa Impiyerno at laban sa pagdurusa sa libingan, laban sa tukso ng buhay at kamatayan, at laban sa kasamaan ng tukso ng Bulaang Kristo.

sa [araw na] ito ay ipinasok siya sa Paraiso, at sa [araw na] ito ay inilabas siya roon." (Imám Muslim: 853.)

35 - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - قَالَ: «إِذَا دُعِيَ أَحَدُكُمْ فَلْيُجِبْ، فَإِنْ كَانَ صَاحِبًا فَلْيُصَلِّ، وَإِنْ كَانَ مُفْطِرًا فَلْيُطْعَمْ» [مسلم: 1431]

35. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***"Kapag inanyahan ang isa sa inyo [sa pagkain] ay tumugon siya. Ngunit kung siya ay nag-aayuno ay dumalangin siya. Kung siya naman ay hindi nag-aayuno ay kumain siya."*** (Imám Muslim: 1431.)

36 - عَنْ عَائِشَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا - ، عَنْ النَّبِيِّ - ﷺ - قَالَ: «إِنْ أَبْغَضَ الرَّجَالُ إِلَى اللَّهِ الْأَلَدُ الْخَصِمُ» [متفق عليه: 2457, 4523]

36. Ayon kay 'Á'ishah (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***"Tunay na ang kasuklam-suklam sa mga tao para kay Allah ay ang pinakapalaaway na katunggali."*** (Muttafaq 'Alayhi: 4523, 2457.)

37 - عَنْ عَائِشَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا - قَالَتْ: كَانَ النَّبِيُّ - ﷺ - يَقُولُ فِي رُكُوعِهِ وَسُجُودِهِ: «سُبْحَانَكَ اللَّهُمَّ رَبَّنَا وَبِحَمْدِكَ اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِي» [متفق عليه: 448, 4293]

37. Ayon kay 'Á'ishah (RA) na nagsabi: ***"Ang Propeta (SAS) noon ay nagsasabi sa pagyukod niya at pagpapatirapa niya: "Subhánaka -lláhumma rabbaná wa bihamdik; Alláhumma -ghfir lí."***³⁷ (Muttafaq 'Alayhi: 4293, 447.)

³⁷ Kaluwalhatian sa iyo, o Allah Panginoon namin, at kalakip ng papuri sa Iyo. O Allah, patawarin Mo ako.

38 - عَنْ عَائِشَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا - ، عَنِ النَّبِيِّ - ﷺ - قَالَ: «مُحْشَرُونَ حُفَاةَ عُرَاةٍ غُرُلًا» قَالَتْ عَائِشَةُ: فَقُلْتُ: يَا رَسُولَ اللَّهِ الرَّجَالُ وَالنِّسَاءُ يَنْظُرُ بَعْضُهُمْ إِلَى بَعْضٍ، فَقَالَ: «الْأَمْرُ أَشَدُّ مِنْ أَنْ يَهْمَهُمْ ذَلِكَ» [متفق عليه: 6527, 2859]

38. Ayon kay ‘Á’ishah (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***“Titipunin kayo [sa Kabilang-buhay] na mga nakayapak, mga nakahubad, at mga di-tuli.”*** Nagsabi si ‘Á’ishah: “Kaya nagsabi ako: O Sugo ni Allah, ang mga lalaki at ang mga babae ay titingin sa isa’t isa?” Kaya nagsabi siya: ***“Ang kalagayan ay higit na matindi para makatawag ng pansin nila iyon.”*** (Muttafaq ‘Alayhi: 6527, 2859.)

39 - عَنْ عَائِشَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا - قَالَتْ: «مَا خَيْرَ رَسُولٍ اللَّهُ - ﷺ - بَيْنَ أَمْرَيْنِ إِلَّا أَخَذَ أَيْسَرَهُمَا، مَا لَمْ يَكُنْ إِنْثِمًا، فَإِنْ كَانَ إِنْثِمًا، كَانَ أَبْعَدَ النَّاسِ مِنْهُ...» [متفق عليه: 6126, 3560]

39. Ayon kay ‘Á’ishah (RA) na nagsabi: “Kapag pinapili ang Sugo ni Allah (SAS) sa pagitan ng dalawang usapin ay kinukuha niya ang pinakamadali sa mga ito hanggat ito ay hindi isang kasalanan; sapagkat kung ito ay isang kasalanan, siya ang pinakamalayo sa mga tao roon.” (Muttafaq ‘Alayhi: 6126, 3560.)

40 - عَنْ عَائِشَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا - ، عَنِ النَّبِيِّ - ﷺ - قَالَ: «يَا أَيُّهَا النَّاسُ خُذُوا مِنَ الْأَعْمَالِ مَا تُطِيقُونَ، فَإِنَّ اللَّهَ لَا يَمَلُّ حَتَّى تَمَلُّوا، وَإِنَّ أَحَبَّ الْأَعْمَالِ إِلَى اللَّهِ مَا دَامَ وَإِنْ قَلَّ» [متفق عليه: 5862, 782]

40. Ayon kay ‘Á’ishah (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***“O mga tao, kunin ninyo sa mga gawain ang makakaya ninyo; sapagkat tunay na si Allah ay hindi magsasawa hanggang sa magsawa kayo. Tunay na ang pinakakaibig-ibig***

na gawain para kay Allah ay ang namamalagi kahit kaunti.”

(Muttafaq ‘Alayhi: 5862, 782.)

41 - عَنْ عَائِشَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا - قَالَتْ: «لَوْ أَدْرَكَ رَسُولُ اللَّهِ - ﷺ - مَا أَخَذَتِ النِّسَاءُ لِمَنْعَهُنَّ الْمَسْجِدَ كَمَا مُنِعَتْ نِسَاءُ بَنِي إِسْرَائِيلَ» [متفق عليه: 869, 445]

41. Ayon kay ‘Ā’ishah (RA) na nagsabi: “Kung sakaling naabutan ng Sugo ni Allah (SAS) ang ginagawa [sa ngayon ng ilan sa] mga babae ay talagang pinagbawalan na niya sila sa [pagpunta sa] mga masjid gaya ng pagbabawal sa mga babae ng mga anak ni Israel.” (Muttafaq ‘Alayhi: 445, 869.)

42 - عَنْ عَائِشَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا - قَالَتْ: «مَا شِيعَ آلُ مُحَمَّدٍ - ﷺ - مِنْذُ قَدِمَ الْمَدِينَةَ مِنْ طَعَامٍ بُرِّ ثَلَاثَ لَيَالٍ تَبَاعًا حَتَّى قُبِضَ» [متفق عليه: 6454, 2970]

42. Ayon kay ‘Ā’ishah (RA) na nagsabi: “Hindi nabusog ang mag-anak ni Muhammad (SAS), magmula ng dumating sa Madīnah, sa pagkaing trigo nang tatlong araw na magkasunod hanggang sa binawian siya ng buhay.” (Muttafaq ‘Alayhi: 2970, 6454.)

43 - عَنْ عَائِشَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا - ، عَنِ النَّبِيِّ - ﷺ - قَالَ: «مَا مِنْ شَيْءٍ يُصِيبُ الْمُؤْمِنَ حَتَّى الشُّوْكَةُ تُصِيبُهُ، إِلَّا كَتَبَ اللَّهُ لَهُ بِهَا حَسَنَةً أَوْ حُطَّتْ عَنْهُ بِهَا خَطِيئَةٌ» [متفق عليه: 5640, 2573، واللفظ لمسلم]

43. Ayon kay ‘Ā’ishah (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: “Walang anumang bagay na dumadapo sa mananampalataya – pati na ang tinik na tumuturok sa kanya – na hindi nagsusulat si Allah [sa talaan] para sa kanya dahil doon ng isang magandang gawa o nag-aalis [sa talaan] para sa kanya dahil doon ng isang kamalian.” (Muttafaq ‘Alayhi: 5640, 2573; ang pagkakasabi ay kay Imām Muslim.)

44 - عَنْ عَائِشَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا - قَالَتْ: «كَانَ رَسُولُ اللَّهِ - ﷺ - إِذَا أَوَى إِلَى فِرَاشِهِ نَفَثَ فِي كَفِّهِ بِ: قُلْ هُوَ اللَّهُ أَحَدٌ وَبِالْمُعَوِّذَتَيْنِ جَمِيعًا، ثُمَّ يَمْسَحُ بِهِمَا وَجْهَهُ، وَمَا بَلَغَتْ يَدَاهُ مِنْ جَسَدِهِ، يَفْعَلُ ذَلِكَ ثَلَاثَ مَرَّاتٍ» (البخاري: 5018، 5748)

44. Ayon kay ‘Á’ishah (RA) na nagsabi: “Ang Sugo ni Allah (SAS) noon, kapag matutulog na siya sa higaan ay umiihip sa mga palad niya ng qul huwa 'lláhu ahad at ng mu‘awwidhatán nang sama-sama. Pagkatapos ay hinahaplos niya sa pamamagitan ng mga ito ang mukha niya at ang anumang naabot ng kamay niya sa katawan niya. Ginagawa niya iyon nang tatlong ulit.” (Imám alBukhári: 5018, 5748.)

45 - عَنْ عَائِشَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا - قَالَتْ: «يَرْحَمُ اللَّهُ نِسَاءَ الْمُهَاجِرَاتِ الْأَوَّلِ؛ لَمَّا نَزَلَتْ هَذِهِ الْآيَةُ: ﴿وَلْيَضْرِبْنَ بِخُمُرِهِنَّ عَلَى جُيُوبِهِنَّ﴾ أَخَذْنَ أَرْزُهُنَّ فَشَقَّقْنَهَا مِنْ قِبَلِ الْحَوَاشِي فَاخْتَمَرْنَ بِهَا» (البخاري: 4759)

45. Ayon kay ‘Á’ishah (RA) na nagsabi: “Kaawaan nawa ni Allah ang mga kababaihan ng mga unang nagsilikas. Noong bumaba ang áyah na ito: **paabutiin nila ang mga belo nila hanggang sa mga dibdib nila**,³⁸ kinuha nila ang mga balabal nila at hinati nila ang mga ito sa sa bandang mga tagiliran at nagbelo sila sa pamamagitan ng mga ito.” (Imám alBukhári: 4859.)

46 - عَنْ عَائِشَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا - قَالَتْ: «كَانَ النَّبِيُّ - ﷺ - إِذَا رَأَى الْمَطَرَ قَالَ: اللَّهُمَّ صَيِّبًا نَافِعًا» (البخاري: 1032)

³⁸ Qur'an 24:31.

46. Ayon kay ‘Á’ishah (RA) na nagsabi: “Ang Propeta (SAS) noon, kapag nakita ang ulan, ay nagsasabi: *Alláhumma sayyiban náfi‘á*.³⁹” (Imám alBukhári: 1032.)

47 - عَنْ عَائِشَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا - قَالَتْ: قُلْتُ: يَا رَسُولَ اللَّهِ، إِنَّ لِي جَارَيْنِ فَإِلَى أَيِّهِمَا أَهْدِي؟ قَالَ: «إِلَى أَقْرَبِهِمَا مِنْكَ بَابًا» [البخاري: 2259]

47. Ayon kay ‘Á’ishah (RA) na nagsabi: “Sinabi ko: O Sugo ni Allah, tunay na ako ay may dalawang kapit-bahay; kaya sa alin sa kanila ako magreregalo?” Nagsabi siya: “*Sa pinamalapit sa kanila ang pinto mula sa iyo.*” (Imám alBukhári: 2259.)

48 - عَنْ عَائِشَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا - قَالَتْ: «كَانَ رَسُولُ اللَّهِ - ﷺ - يَقْبَلُ الْهَدِيَّةَ وَيُثِيبُ عَلَيْهَا» [البخاري: 2585]

48. Ayon kay ‘Á’ishah (RA) na nagsabi: “Ang Sugo ni Allah (SAS) noon ay tumatanggap ng regalo at gumaganti [sa pagbibigay niyon].” (Imám alBukhári: 2585.)

49 - عَنْ عَائِشَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا - قَالَتْ: كَانَ النَّبِيُّ - ﷺ - إِذَا عَصَفَتِ الرِّيحُ قَالَ: «اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ خَيْرَهَا وَخَيْرَ مَا فِيهَا وَخَيْرَ مَا أُرْسِلَتْ بِهِ، وَأَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّهَا وَشَرِّ مَا فِيهَا وَشَرِّ مَا أُرْسِلَتْ بِهِ» [مسلم: 899]

49. Ayon kay ‘Á’ishah (RA) na nagsabi: “Ang Propeta (SAS) noon, kapag umuunos ang hangin, ay nagsasabi: *O Allah, tunay na ako ay humihiling sa Iyo ng mabuti rito, ng mabuti sa nilalaman nito, at ng mabuti sa pagkakasugo nito, at nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa masama rito, sa masama sa nilalaman nito, at sa masama sa pagkakasugo nito.*” (Imám Muslim: 899.)

³⁹ O Allah, isang ulang napakikinabangan sana.

50 - عَنْ عَائِشَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا - ، عَنِ النَّبِيِّ - ﷺ - قَالَ: «الرَّحِمُ مُعَلَّقَةٌ بِالْعَرْشِ تَقُولُ مَنْ وَصَلَنِي وَصَلَهُ اللَّهُ، وَمَنْ قَطَعَنِي قَطَعَهُ اللَّهُ» [متفق عليه: 5989, 2555]

50. Ayon kay 'Á'ishah (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***"Ang sinapupunan ay nakabitin sa trono, na nagsasabi: Ang sinumang nagpanatili ng ugnayan sa akin ay nagpapanatili ng ugnayan sa kanya si Allah. Ang sinumang naglagot ng ugnayan sa akin ay naglagot ng ugnayan sa kanya si Allah."*** (Muttafaq 'Alayhi: 5989, 2555.)

51 - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عُمَرَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمَا - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ - ﷺ - : «يَوْمَ يَقُومُ النَّاسُ لِرَبِّ الْعَالَمِينَ» حَتَّى يَغِيبَ أَحَدُهُمْ فِي رَشْحِهِ إِلَى أَنْصَافِ أَذُنَيْهِ» [متفق عليه: 4938, 2862]

51. Ayon kay 'Abdulláh ibnu 'Umar (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***sa araw na tatayo ang mga tao sa harap ng Panginoon ng mga nilalang hanggang sa lumubog ang [bawat] isa sa kanila sa pawis niya hanggang sa mga kalahating bahagi ng mga tainga niya.***" (Muttafaq 'Alayhi: 2862, 4938.)

52 - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عُمَرَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمَا - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ - ﷺ - : «إِذَا صَارَ أَهْلُ الْجَنَّةِ إِلَى الْجَنَّةِ، وَأَهْلُ النَّارِ إِلَى النَّارِ، جِيءَ بِالْمَوْتِ حَتَّى يُجْعَلَ بَيْنَ الْجَنَّةِ وَالنَّارِ، ثُمَّ يُنْبِخُ، ثُمَّ يُنَادِي مُنَادٍ: يَا أَهْلَ الْجَنَّةِ لَا مَوْتَ، وَيَا أَهْلَ النَّارِ لَا مَوْتَ؛ فَيَزْدَادُ أَهْلَ الْجَنَّةِ فَرَحًا إِلَى فَرَحِهِمْ؛ وَيَزْدَادُ أَهْلَ النَّارِ حُزْنًا إِلَى حُزْنِهِمْ» [متفق عليه: 6548, 2850]

52. Ayon kay 'Abdulláh ibnu 'Umar (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Kapag napunta na ang mga maninirahan sa Paraiso sa Paraiso at ang mga maninirahan sa Impyerno sa Impyerno, dadalhin ang kamatayan hanggang sa mailagay sa pagitan ng Paraiso at Impyerno. Pagkatapos ay kakatayin ito. Pagkatapos ay may mananawagang isang***

tagapanawagan: O mga maninirahan sa Paraiso, wala nang kamatayan; o mga mana-nahan sa Apoy, wala nang kamatayan. Kaya madaragdagan ang mga maninirahan sa Paraiso ng tuwang dagdag sa tuwa nila at madaragdagan ang mga maninirahan sa Impyerno ng lungkot na dagdag sa lungkot nila.” (Muttafaq ‘Alayhi: 6548, 2850.)

53 - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عُمَرَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «لَا تَحْلِفُوا بِآبَائِكُمْ، وَمَنْ كَانَ حَالِفًا فَلْيَحْلِفْ بِاللَّهِ» [متفق عليه: 7401, 1646]

53. Ayon kay ‘Abdulláh ibnu ‘Umar (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): **Huwag kayong manumpa sa mga magulang ninyo. Ang sinumang manunumpa ay manumpa kay Allah.**” (Muttafaq ‘Alayhi: 1646, 7401.)

54 - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عُمَرَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «مَا حَقَّ امْرِئٌ مُسْلِمٍ لَهُ شَيْءٌ يُوصِي فِيهِ، يَبِيتُ لِبَلْتَيْنِ إِلَّا وَصِيَّتَهُ مَكْتُوبَةٌ عِنْدَهُ» [متفق عليه: 2738, 1627]

54. Ayon kay ‘Abdulláh ibnu ‘Umar (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): **Tungkulin ng isang taong Muslim na may isang bagay na itatagubilin hinggil dito na hindi magpapa-gabi nang dalawang gabi malibang may tagubilin siyang naka-sulat na taglay niya.**” (Muttafaq ‘Alayhi: 2738, 1627.)

55 - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عُمَرَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «إِذَا أَنْزَلَ اللَّهُ بِقَوْمٍ عَذَابًا، أَصَابَ الْعَذَابُ مَنْ كَانَ فِيهِمْ، ثُمَّ بُعِثُوا عَلَىٰ أَعْمَالِهِمْ» [متفق عليه: 7108, 2879]

55. Ayon kay ‘Abdulláh ibnu ‘Umar (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): **Kapag nagbaba si Allah sa mga tao ng isang parusa, dadapuan ng parusa ang sinumang nasa piling**

nila. Pagkatapos ay bubuhayin sila ayon sa mga gawa nila.”

(Muttafaq ‘Alayhi: 7108, 2879.)

56 - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عُمَرَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «بُنِيَ الْإِسْلَامُ عَلَى خَمْسٍ: شَهَادَةِ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَأَنَّ مُحَمَّدًا رَسُولُ اللَّهِ، وَإِقَامِ الصَّلَاةِ، وَإِيتَاءِ الزَّكَاةِ، وَالْحَجِّ، وَصَوْمِ رَمَضَانَ» ((متفق عليه: 8, 16))

56. Ayon kay ‘Abdulláh ibnu ‘Umar (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Ibinatay ang Islam sa lima: ang pag-saksi na walang Diyos kundi si Allah at si Muhammad ay Sugo ni Allah, ang pagpapanatili sa pagdarasal, ang pagbibigay ng zakáh, ang [pagsasagawa ng] hajj, at ang pag-aayuno sa Ramadán.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 16, 8)

57 - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عُمَرَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «السَّمْعُ وَالطَّاعَةُ عَلَى الْمَرْءِ الْمُسْلِمِ فِيمَا أَحَبَّ وَكَرِهَ مَا لَمْ يُؤْمَرْ بِمَعْصِيَةٍ، فَإِذَا أُمِرَ بِمَعْصِيَةٍ؛ فَلَا سَمْعَ وَلَا طَاعَةَ» ((متفق عليه: 7144, 1839))

57. Ayon kay ‘Abdulláh ibnu ‘Umar (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Ang pakikinig at ang pagtalima [sa pinuno] ay tungkulin ng taong Muslim sa anumang naiibigan niya at kinasusuklanan niya hangga’t hindi siya inuutusan ng isang pagsuway sapagkat kapag inutasan siya ng isang pagsuway ay wala nang pakikinig ni pagtalima roon.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 1839, 7144.)

58 - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عُمَرَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «مَفَاتِيحُ الْغَيْبِ خَمْسٌ لَا يَعْلَمُهَا إِلَّا اللَّهُ: لَا يَعْلَمُ مَا تَغِيضُ الْأَرْحَامُ إِلَّا اللَّهُ، وَلَا يَعْلَمُ مَا فِي غَدِّ إِلَّا اللَّهُ، وَلَا يَعْلَمُ مَتَى يَأْتِي الْمَطَرُ أَحَدٌ إِلَّا اللَّهُ، وَلَا تَذَرِي نَفْسٌ بَأْيَ أَرْضٍ تَمُوتُ إِلَّا اللَّهُ، وَلَا يَعْلَمُ مَتَى تَقُومُ السَّاعَةُ إِلَّا اللَّهُ» ((البخاري: 7379))

58. Ayon kay ‘Abdulláh ibnu ‘Umar (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Ang mga susi ng nakalingid ay lima, na walang nakaaalam kundi si Allah: walang nakaaalam sa anumang kinakapos ang mga sinapupunan kundi si Allah, walang nakaaalam sa anumang mangyayari sa kinabukasan kundi si Allah, walang isang nakaaalam kung kailan darating ang ulan kundi si Allah, walang nalalaman ang isang kaluluwa kung sa aling lupain siya mamamatay kundi si Allah, at walang nakaaalam kung kailan sasapit ang Huling Sandali kundi si Allah.*” (Imám alBukhári: 7379.)

59 - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عُمَرَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: أَخَذَ رَسُولُ اللَّهِ - ﷺ - بِمَنْكِبِي فَقَالَ: «كُنْ فِي الدُّنْيَا كَأَنَّكَ غَرِيبٌ أَوْ عَابِرُ سَبِيلٍ» ((البخاري: 6416))

59. Ayon kay ‘Abdulláh ibnu ‘Umar (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Sa mundo, ikaw ay maging para bagang isang banyaga o isang tumatawid sa daan.*” (Isinalaysay ito ni Imám alBukhári: 6416.)

60 - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عُمَرَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ - ﷺ - : «لَوْ يَعْلَمُ النَّاسُ مَا فِي الْوَحْدَةِ مَا أَعْلَمُ، مَا سَارَ رَاكِبٌ بِلَيْلٍ وَحْدَهُ» ((البخاري: 2998))

60. Ayon kay ‘Abdulláh ibnu ‘Umar (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Kung sakaling nalalaman ng mga tao ang [panganib] sa pag-iisa, na nalalaman ko, ay hindi maglalakbay ang isang nakasakay sa gabi nang mag-iisa.*” (Imám alBukhári: 2998.)

61 - عَنْ أَنَسِ بْنِ مَالِكٍ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّهُ مَرَّ عَلَى صَبِيَّانٍ فَسَلَّمَ عَلَيْهِمَا، وَقَالَ: «كَانَ النَّبِيُّ - ﷺ - يَفْعَلُهُ» ((متفق عليه: 6247, 2168))

61. Ayon kay Anas ibnu Málík (RA): “Siya ay naparaan sa mga bata at bumati sa kanila. Sinabi niya: Ang Propeta (SAS) noon ay gumagawa niyon.” (Muttafaq ‘Alayhi: 2168, 6247.)

62 - عَنْ أَنَسِ بْنِ مَالِكٍ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: كَانَ أَكْثَرُ دُعَاءِ النَّبِيِّ ﷺ: «اللَّهُمَّ رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الْآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ» [متفق عليه: 6389, 2690]

62. Ayon kay Anas ibnu Málík (RA) na nagsabi: “*O Allah, Panginoon namin, bigyan Mo kami sa mundo ng mabuti at sa Kabilangbuhay ng mabuti rin; at ipagsanggalang Mo kami sa pagdurusa sa Apoy.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 6389, 2690.)

63 - عَنْ أَنَسِ بْنِ مَالِكٍ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: «كُنَّا نُسَافِرُ مَعَ النَّبِيِّ ﷺ. فَلَمْ يَعِْبِ الصَّائِمُ عَلَى الْمُفْطِرِ، وَلَا الْمُفْطِرُ عَلَى الصَّائِمِ» [متفق عليه: 1118, 1947]

63. Ayon kay Anas ibnu Málík (RA) na nagsabi: “Kami noon ay naglalakbay kasama ng Propeta (SAS). Hindi namintas ang nag-aayuno sa hindi nag-aayuno ni ang hindi nag-aayuno sa nag-aayuno.” (Muttafaq ‘Alayhi: 1118, 1947.)

64 - عَنْ أَنَسِ بْنِ مَالِكٍ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: «ثَلَاثٌ مَنْ كُنَّ فِيهِ وَجَدَ بِهِنَّ حَلَاوَةَ الْإِيمَانِ: مَنْ كَانَ اللَّهُ وَرَسُولُهُ أَحَبَّ إِلَيْهِ مِمَّا سِوَاهُمَا، وَأَنْ يُحِبَّ الْمَرْءَ لَا يُحِبُّهُ إِلَّا لِلَّهِ، وَأَنْ يَكْرَهُ أَنْ يَعُودَ فِي الْكُفْرِ بَعْدَ أَنْ أَنْقَذَهُ اللَّهُ مِنْهُ كَمَا يَكْرَهُ أَنْ يُقَذَّفَ فِي النَّارِ» [متفق عليه: 43, 16]

64. Ayon kay Anas ibnu Málík (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Propeta (SAS): *May tatlong [katangiang] ang sinumang nasa kanya ang mga ito ay matatagpuan niya dahil sa mga ito ang tamis ng pananampalataya: ang sinumang si Allah at ang Sugo Niya ay higit na kaibig-ibig para sa kanya kaysa sa iba pa sa kanilang dalawa, na kapag iibig sa isang tao ay hindi iibigin*

ito malibang alang-alang kay Allah, na kasusuklaman niya na bumalik sa kawalang-pananampalataya matapos na sinagip siya ni Allah mula roon gaya ng pagkasuklam niya na ihagis siya sa Impyerno.” (Muttafaq ‘Alayhi: 16, 43.)

65 - عَنْ أَنَسِ بْنِ مَالِكٍ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: «مَا أَحَدٌ يَدْخُلُ الْجَنَّةَ يُحِبُّ أَنْ يَرْجَعَ إِلَى الدُّنْيَا وَلَهُ مَا عَلَى الْأَرْضِ مِنْ شَيْءٍ، إِلَّا الشَّهِيدُ يَتَمَنَّى أَنْ يَرْجَعَ إِلَى الدُّنْيَا فَيُقْتَلَ عَشْرَ مَرَّاتٍ؛ لِمَا يَرَى مِنَ الْكِرَامَةِ» [متفق عليه: 2817, 1877]

65. Ayon kay Anas ibnu Málík (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Propeta (SAS): *Walang isang papasok sa Paraiso na magnanais na bumalik pa sa mundo, gayong mayroon siyang anuman sa ibabaw ng lupa, kundi ang martir. Nagmimithi siya na bumalik sa mundo at mapatay nang sampung ulit bunsod sa nakikita niyang pagpaparangal [sa kanya].*”⁴⁰ (Muttafaq ‘Alayhi: 2817, 1877.)

66 - عَنْ أَنَسِ بْنِ مَالِكٍ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: عَطَسَ رَجُلَانِ عِنْدَ النَّبِيِّ ﷺ - فَشَمَّتَ أَحَدُهُمَا وَلَمْ يَسْمِتِ الْآخَرَ، فَقَالَ الرَّجُلُ: يَا رَسُولَ اللَّهِ شَمَّتَ هَذَا وَلَمْ تُسَمِّنِي، قَالَ: «إِنَّ هَذَا حَمِدَ اللَّهَ وَلَمْ يَحْمَدِ اللَّهَ» [متفق عليه: 2991, 6235]

66. Ayon kay Anas ibnu Málík (RA) na nagsabi: “May bumahin na dalawang lalaki sa tabi ng Propeta (SAS) kaya nagsabi siya ng **rahimaka -lláh**⁴¹ sa isa sa kanila at hindi naman nagsabi niyon ang isa pa kaya nagsabi ang lalaki: O Sugo ni Allah, nagsabi ka ng **rahimaka -lláh** rito at hindi ka naman nagsabi niyon sa akin. Nagsabi siya: *Tunay na ito ay nagsabi ng alhamdu lilláh*⁴² at

⁴⁰ Sa isang pinatay dahil kay Allah.

⁴¹ Kaawaan ka ni Allah.

⁴² Ang papuri ay ukol kay Allah.

hindi ka naman nagsabi ng alhamdu lillāh.” (Muttafaq ‘Alayhi: 2991, 6235.)

67 - عَنْ أَنَسِ بْنِ مَالِكٍ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: «لَا تَزَالُ جَهَنَّمُ تَقُولُ: هَلْ مِنْ مَزِيدٍ، حَتَّى يَضَعَ رَبُّ الْعِزَّةِ فِيهَا قَدَمَهُ فَتَقُولُ: قَطُّ قَطُّ وَعِزَّتِكَ وَيزَوِي بَعْضُهَا إِلَى بَعْضٍ» [متفق عليه: 6661, 2848]

67. Ayon kay Anas ibnu Málik (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Propeta (SAS): *Hindi titigil ang Impiyerno sa pagsabi: May dagdag pa ba, hanggang sa ilagay ng Panginoong ng Kapangyarihan roon ang paa Niya kaya magsasabi ito: Tama na, tama na; sumpa man sa Kapangyarihan Mo. Masisiksik ang isang bahagi nito sa isa pa.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 2848, 6661.)

68 - عَنْ أَنَسِ بْنِ مَالِكٍ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: «مَنْ صَلَّى صَلَاتِنَا، وَاسْتَقْبَلَ قِبْلَتَنَا، وَأَكَلَ ذَبِيحَتَنَا، فَذَلِكَ الْمُسْلِمُ الَّذِي لَهُ ذِمَّةُ اللَّهِ وَذِمَّةُ رَسُولِهِ، فَلَا تُخْفَرُوا اللَّهَ فِي ذِمَّتِهِ» [البخاري: 391]

68. Ayon kay Anas ibnu Málik (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Propeta (SAS): *Ang sinumang nagdasal ng dasal natin, humarap sa qiblah natin, at kumain ng katay natin, iyan ang Muslim na may pangangalaga ni Allah at pangangalaga ng Sugo Niya, kaya huwag kayong sumira kay Allah dahil sa pangangalaga Niya.*” (Imám alBukhári: 391.)

69 - عَنْ أَنَسِ بْنِ مَالِكٍ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: «إِنَّكُمْ لَتَعْمَلُونَ أَعْمَالًا هِيَ أَدْقُ فِي أَعْيُنِكُمْ مِنَ الشَّعْرِ إِنْ كُنَّا لَنَعُدُّهَا عَلَى عَهْدِ النَّبِيِّ ﷺ - مِنْ الْمَوْبَقَاتِ» [البخاري: 6492]

69. Ayon kay Anas ibnu Málík (RA) na nagsabi: “Tunay na kayo ay talagang gumagawa ng mga gawain na higit na pino sa mga mata nito ninyo kaysa sa buhok [ngunit] kami noon ay nagtuturing sa mga ito sa panahon ng Propeta na kabilang sa mga kasalanang nakapagpapahamak.” (Imám alBukhári: 6492.)

70 - عَنْ أَنَسِ بْنِ مَالِكٍ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: «إِنَّ الْكَافِرَ إِذَا عَمِلَ حَسَنَةً أَطْعِمَ بِهَا طُعْمَةً مِنَ الدُّنْيَا، وَأَمَّا الْمُؤْمِنُ فَإِنَّ اللَّهَ يَدْخِرُ لَهُ حَسَنَاتِهِ فِي الْآخِرَةِ، وَيُعْقِبُهُ رِزْقًا فِي الدُّنْيَا عَلَى طَاعَتِهِ» [مسلم: 2808]

70. Ayon kay Anas ibnu Málík (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Propeta (SAS): *Tunay na ang tumatangging sumampalataya, kapag gumawa ng magandang gawa, ay pinatitikim dahil dito ng isang tikim [ng gantimpala] mula sa mundo. Tungkol naman sa mananampalataya naman, tunay na si Allah ay naglalagak para sa kanya ng [mga gantimpala ng] mga magandang gawa niya sa Kabilang-buhay at pagkakalooban siya ng panustos sa mundo ayon sa pagtalima niya.*” (Imám Muslim: 2808.)

71 - عَنْ ابْنِ عَبَّاسٍ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: «مَنْ كَرِهَ مِنْ أَمِيرِهِ شَيْئًا فَلْيَضِرَّ، فَإِنَّهُ مَنْ خَرَجَ مِنَ السُّلْطَانِ شَيْئًا، مَاتَ مِيتَةً جَاهِلِيَّةً» [متفق عليه: 1849, 7053]

71. Ayon kay Ibnu ‘Abbás (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Propeta (SAS): *Ang sinumang may kinasusuklanan mula sa pinuno niya na anuman ay magtiis sapagkat tunay na ang sinumang lumabas sa kapamahalaan nang isang dangkal [lamang] ay mamatay ng isang kamatayan ayon sa panahon ng kamang-mangan.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 1849, 7053.)

72 - عن ابن عباس - رضي الله عنه - قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: «مَنْ صَوَّرَ صُورَةً فِي الدُّنْيَا، كُلَّفَ يَوْمَ الْقِيَامَةِ أَنْ يَنْفُخَ فِيهَا الرُّوحَ، وَلَيْسَ بِنَافِخٍ» [متفق عليه: 5963, 2110]

72. Ayon kay Ibnu ‘Abbás (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Propeta (SAS): *Ang sinumang nagbigay-anyo sa isang anyo sa mundo ay aatangan sa Araw ng Pagbangon na umihip dito ng kaluluwa, at hindi siya makaihip [ng kaluluwa].*” (Muttafaq ‘Alayhi: 2110, 5963.)

73 - عن ابن عباس - رضي الله عنه - أَنَّ النَّبِيَّ - ﷺ - بَعَثَ مُعَاذًا إِلَى الْيَمَنِ فَقَالَ: «اتَّقِ دَعْوَةَ الْمَظْلُومِ فَإِنَّهَا لَيْسَ بَيْنَهَا وَبَيْنَ اللَّهِ حِجَابٌ» [متفق عليه: 2448, 19]

73. Ayon kay Ibnu ‘Abbás (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsugo kay Mu‘ádh sa Yemen at nagsabi: “*Pangilagan mo ang panalangin ng naapi⁴³ sapagkat tunay na sa pagitan nito at ni Allah ay walang hadlang [sa pagdinig].*” (Muttafaq ‘Alayhi: 19, 2448.)

74 - عن ابن عباس - رضي الله عنه - قَالَ: كَانَ النَّبِيُّ - ﷺ - إِذَا دَخَلَ عَلَى مَرِيضٍ يَعُودُهُ قَالَ: «لَا بَأْسَ، طَهُورٌ إِنْ شَاءَ اللَّهُ» [البخاري: 5656]

74. Ayon kay Ibnu ‘Abbás (RA) na nagsabi: “Ang Propeta (SAS) noon, kapag pumasok sa kinaroonan ng isang maysakit na dinadalaw niya, ay nagsasabi: *lá ba’sa tahúrun in shá’a-lláh.*”⁴⁴” (Imám alBukhári: 5656.)

75 - عن ابن عباس - رضي الله عنه - قَالَ: «لَعَنَ رَسُولُ اللَّهِ - ﷺ - الْمُتَشَبِّهِينَ مِنَ الرِّجَالِ بِالنِّسَاءِ، وَالْمُتَشَبِّهَاتِ مِنَ النِّسَاءِ بِالرِّجَالِ» [البخاري: 5889]

⁴³ O pinagkaitan ng katarungan.

⁴⁴ Walang kapinsalaan; pandalisay [sa kasalanan ang sakit] kung niloob ni Allah.

75. Ayon kay Ibnu ‘Abbás (RA) na nagsabi: “Isinumpa ng Sugo ni Allah (SAS) ang mga lalaking nagpapakawangis sa mga babae at ang mga babaing nagpapakawangis sa mga lalaki.” (Imám alBukhárí: 5889.)

76 - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عَمْرٍو بْنِ الْعَاصِ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ رَجُلًا سَأَلَ النَّبِيَّ - ﷺ - أَيُّ الْإِسْلَامِ خَيْرٌ قَالَ: «تُطْعِمُ الطَّعَامَ، وَتَقْرَأُ السَّلَامَ، عَلَى مَنْ عَرَفْتَ، وَمَنْ لَمْ تَعْرِفْ»

[متفق عليه: 12, 39]

76. Ayon kay ‘Abdulláh ibnu ‘Amr ibni al‘Áss (RA): “May isang lalaking nagtanong sa Proepta (SAS): Aling pagtupad sa Islam ang mabuti. Nagsabi siya: *Magbibigay ka ng pagkain at bibig-kas ka ng pagbati sa kakilala mo at hind mo kakilala.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 12, 39.)

77 - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عَمْرٍو بْنِ الْعَاصِ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: «حَوْضِي مَسِيرَةُ شَهْرٍ، مَاؤُهُ أَيْضٌ مِنَ اللَّبَنِ، وَرِيحُهُ أَطْيَبُ مِنَ الْمِسْكِ، وَكَيْزَانُهُ كُنُجُومُ السَّمَاءِ، مَنْ شَرِبَ مِنْهَا فَلَا يَظْمَأُ أَبَدًا» [متفق عليه: 2292, 6579]

77. Ayon kay ‘Abdulláh ibnu ‘Amr ibni al‘Áss (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Propeta (SAS): *Ang tubigan ko ay may [luwang na] isang paglalakbay na isang buwan. Ang tubig nito ay maputi kaysa sa gatas. Ang amoy nito ay higit na mabango kaysa sa Musk. Ang mga panalok nito ay singdami ng mga bituin sa langit. Ang sinumang uminom mula rito ay hindi mauuhaw magpakailanman.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 2292, 6579.)

78 - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عَمْرٍو بْنِ الْعَاصِ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: «مَنْ قَتَلَ مُعَاهِدًا لَمْ يَرِحْ رَائِحَةَ الْجَنَّةِ وَإِنْ رِيحُهَا تَوَجَّدَ مِنْ مَسِيرَةِ أَرْبَعِينَ عَامًا» [بخاري: 3166]

78. Ayon kay ‘Abdulláh ibnu ‘Amr ibni al‘Áss (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Propeta (SAS): *Ang sinumang pumatay ng isang nasa kasunduang pangangalagaan ay hindi makaaamoy ng halimuyak ng Paraiso. Tunay na ang halimuyak nito ay masusumpungan mula sa [layong] isang paglalakbay na apatnapung [araw].*” (Imám alBukhári: 3166.)

79 - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عَمْرٍو بْنِ الْعَاصِ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: «قَدْ أَفْلَحَ مَنْ أَسْلَمَ وَرَزَقَ كَفَافًا وَقَنَعَهُ اللَّهُ بِمَا آتَاهُ» (مسلم: 1054)

79. Ayon kay ‘Abdulláh ibnu ‘Amr ibni al‘Áss (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Propeta (SAS): *Nagtagumpay nga ang sinumang yumakap sa Islam, pinagkalooban ng kasapatan, at binigyang-kasiyahan ni Allah sa anumang ibinigay Niya rito.*” (Imám Muslim: 1054.)

80 - عَنْ جَابِرِ بْنِ عَبْدِ اللَّهِ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «إِذَا جَاءَ أَحَدُكُمْ وَالْإِمَامُ يَخْطُبُ فَلْيَصِلْ رُكْعَتَيْنِ» (متفق عليه: 1170, 875)

80. Ayon kay Jábir ibnu ‘Abdilláh (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Kapag dumating ang isa sa inyo [sa masjid] samantalang ang Imám ay nagtatalumpati ay magdasal siya ng dalawang rak‘ah.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 875, 1170.)

81 - عَنْ جَابِرِ بْنِ عَبْدِ اللَّهِ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: «نَهَى رَسُولُ اللَّهِ ﷺ أَنْ يُحْصَصَ الْقَبْرُ، وَأَنْ يُقْعَدَ عَلَيْهِ، وَأَنْ يُنَى عَلَيْهِ» (مسلم: 970)

81. Ayon kay Jábir ibnu ‘Abdilláh (RA) na nagsabi: “*Ipinagbawal ng Sugo ni Allah (SAS) na palitadahan ang libingan, na upuan ito, at tayuan ito [ng gusali].*” (Imám Muslim: 970.)

82 - عَنْ جَابِرِ بْنِ عَبْدِ اللَّهِ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «لَا تَدْعُوا عَلَى أَنْفُسِكُمْ وَلَا تَدْعُوا عَلَى أَوْلَادِكُمْ وَلَا تَدْعُوا عَلَى أَمْوَالِكُمْ لَا تُؤَافِقُوا مِنْ اللَّهِ سَاعَةً يُسْأَلُ فِيهَا عَطَاءٌ فَيَسْتَجِيبُ لَكُمْ» [مسلم: 3014]

82. Ayon kay Jābir ibnu ‘Abdillāh (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Huwag kayong dumalangin laban sa mga sarili ninyo, huwag kayong dumalangin laban sa mga anak ninyo, at huwag kayong dumalangin laban sa mga ari-arian ninyo; makasusumpung kayo mula kay Allah ng isang sandali na [kapag] may hihilingin doon na isang maibibigay [sa inyo] ay tutugon Siya sa inyo.*” (Imām Muslim: 3014.)

83 - عَنْ جَابِرِ بْنِ عَبْدِ اللَّهِ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «لَا يَمُوتَنَّ أَحَدُكُمْ إِلَّا وَهُوَ يُحْسِنُ الظَّنَّ بِاللَّهِ عَزَّ وَجَلَّ» [مسلم: 2877]

83. Ayon kay Jābir ibnu ‘Abdillāh (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Huwag ngang mamatay ang isa sa inyo malibang ginagandahan niya ang palagay kay Allah, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan.*” (Imām Muslim: 2877.)

84 - عَنْ جَابِرِ بْنِ عَبْدِ اللَّهِ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «إِنَّ الشَّيْطَانَ قَدْ أَيْسَأَنَ يَعْبُدُهُ الْمَصْلُونَ فِي جَزِيرَةِ الْعَرَبِ وَلَكِنَّ فِي التَّخْرِيشِ بَيْنَهُمْ» [مسلم: 2812]

84. Ayon kay Jābir ibnu ‘Abdillāh (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Tunay na ang Demonyo ay nawalan na ng pag-asa na sasambahin pa siya ng mga nagdarasal sa tangway ng Arabia ngunit [may pag-asa pa] sa pagpapaligalig sa pagitan nila.*” (Imām Muslim: 2812.)

85 - عَنْ أَبِي مُوسَى - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: «اشْفَعُوا تُؤَجَّرُوا وَيَقْضَى اللَّهُ عَلَى لِسَانِ نَبِيٍّ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - مَا شَاءَ» [متفق عليه: 1422, 2627]

85. Ayon kay Abú Músá (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Propeta (SAS): *Mamagitan kayo, gagantimpalaan kayo. Tutuparin ni Allah ayon sa [pagkakasabi ng] dila ng Propeta Niya – basbasan siya ni Allah at pangalagaan – ang niloob Niya.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 2627, 1422.)

86 - عَنْ أَبِي مُوسَى - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: «مَثَلُ الْجَلِيسِ الصَّالِحِ وَالسَّوِّءِ كَحَامِلِ الْمِسْكِ وَنَافِخِ الْكِيرِ، فَحَامِلُ الْمِسْكِ إِمَّا أَنْ يُخَذِّبَكَ، وَإِمَّا أَنْ تَبْتَاعَ مِنْهُ، وَإِمَّا أَنْ تَجِدَ مِنْهُ رِيحًا طَيِّبَةً، وَنَافِخِ الْكِيرِ، إِمَّا أَنْ يُحْرِقَ ثِيَابَكَ، وَإِمَّا أَنْ تَجِدَ رِيحًا خَبِيثَةً» [متفق عليه: 2101, 2628]

86. Ayon kay Abú Músá (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Propeta (SAS): *Ang paghahalintulad ng kasamahang matuwid at masama ay gaya ng humahawak ng musk at ng umiihip sa bulusan.*⁴⁵ *Ang humahawak ng musk ay maaaring magregalo sa iyo [nito], maaaring bumili ka mula sa kanya, at maaaring makalanghap ka mula sa kanya ng isang kaaya-ayang amoy. Ang umiihip naman sa bulusan ay maaaring makasunog sa mga damit mo, at maaaring makalanghap ka ng masangsang na amoy.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 2628, 2101.)

87 - عَنْ أَبِي مُوسَى - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: سَمِعَ النَّبِيَّ ﷺ - رَجُلًا يُثْنِي عَلَى رَجُلٍ وَيُطْرِيهِ فِي مَدْحِهِ، فَقَالَ: «أَهْلَكْتُمْ، أَوْ قَطَعْتُمْ ظَهَرَ الرَّجُلِ» [متفق عليه: 2663, 3001]

87. Ayon kay Abú Músá (RA) na nagsabi: “Nakarinig ang Propeta (SAS) ng isang lalaking nagbubunyi sa isang lalaki at nagpapa-

⁴⁵ Kasangkapang ginagamit ng panday na pang-ihip sa бага.

kalabis ito sa pagpuri roon kaya nagsabi siya: ***Ipinahamak ninyo o pinutol ninyo ang likod ng lalaki.***” (Muttafaq ‘Alayhi: 2663, 3001.)

88 - عَنْ أَبِي مُوسَى - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ لِي النَّبِيُّ ﷺ: «أَلَا أَدُلُّكَ عَلَى كَلِمَةٍ هِيَ كَنْزٌ مِنْ كُنُوزِ الْجَنَّةِ: لَا حَوْلَ وَلَا قُوَّةَ إِلَّا بِاللَّهِ» ((متفق عليه: 6384, 2704))

88. Ayon kay Abú Músá (RA) na nagsabi: “Nagsabi sa akin ang Propeta (SAS): ***Hindi ba ako magtuturo sa inyo ng isang Salitang isang tagong yaman mula sa mga tagong yaman ng Paraiso? Lá hawla wa lá qúwata illá bi'lláh.***”⁴⁶ (Muttafaq ‘Alayhi: 2704, 6384.)

89 - عَنْ أَبِي مُوسَى - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: «مَنْ أَحَبَّ لِقَاءَ اللَّهِ أَحَبَّ اللَّهُ لِقَاءَهُ وَمَنْ كَرِهَ لِقَاءَ اللَّهِ كَرِهَ اللَّهُ لِقَاءَهُ» ((متفق عليه: 2686, 6508))

89. Ayon kay Abú Músá (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Propeta (SAS): ***Ang sinumang ibig makipagkita kay Allah ay ibig ni Allah makipagkita sa kanya at ang sinumang nasuklam makipagkita kay Allah ay nasuklam si Allah makipagkita sa kanya.***” (Muttafaq ‘Alayhi: 6508, 2686.)

90 - عَنْ أَبِي بَكْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: «إِذَا تَوَاجَعَ الْمُسْلِمَانِ بِسَيَفِيهِمَا فِكِلَاهُمَا مِنْ أَهْلِ النَّارِ» قِيلَ: فَهَذَا الْقَاتِلُ، قَبَا بِالْمَقْتُولِ؟ قَالَ: «إِنَّهُ أَرَادَ قَتَلَ صَاحِبِهِ» ((متفق عليه: 7083))

[2888]

90. Ayon kay Abú Bakrah (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Propeta (SAS): ***Kapag nagharapan ang dalawang Muslim sa pamamagitan ng mga tabak nilang dalawa ay kapwa silang kabilang sa mga maninirahan sa Apoy.***” At may nagsabi: Iyon ay ang

⁴⁶ Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allah.

pumatay pero bakit [kasali] ang napatay? Sinabi [ng Propeta]:
“Dahil ginusto [din] niya ang pagpatay sa kasama niya.”

(Muttafaq ‘Alayhi: 7083, 2888.) ﷺ

91 - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ مَسْعُودٍ - قَالَ: سَأَلْتُ النَّبِيَّ - ﷺ - أَيُّ الْعَمَلِ أَحَبُّ إِلَى اللَّهِ؟ قَالَ: «الصَّلَاةُ عَلَى وَفْيِهَا» قُلْتُ: ثُمَّ أَيٌّ؟ قَالَ: «بِرُّ الْوَالِدَيْنِ» قُلْتُ: ثُمَّ أَيٌّ؟ قَالَ: «الْجِهَادُ فِي سَبِيلِ اللَّهِ» [متفق عليه: 85, 5970]

91. Ayon kay ‘Abdullá ibnu Mas‘úd (RA) na nagsabi: “Tinanong ko ang Propeta (SAS): Aling gawain po ang higit na kaibig-ibig kay Allah? Sinabi niya: **Ang *saláh* sa oras nito.** Nagsabi pa ako: Pagkatapos ay alin pa po? Sinabi niya: **Ang *pagpapakabuti sa mga magulang.*** Nagsabi pa ako: Pagkatapos ay alin pa po? Sinabi niya: **Ang *pakikibaka sa landas ni Allah.***” (Muttafaq ‘Alayhi: 5970, 85.)

92 - عَنْ عَزْفَجَةَ بِنِ شُرَيْحٍ - ﷺ - قَالَ سَمِعْتُ رَسُولَ اللَّهِ - ﷺ - يَقُولُ: «إِنَّهُ سَتَكُونُ هَنَاتٌ وَهَنَاتٌ، فَمَنْ أَرَادَ أَنْ يَفْرُقَ أَمْرَ هَذِهِ الْأُمَّةِ وَهِيَ جَمِيعٌ فَاضْرِبْهُ بِالسَّيْفِ كَأَنَّا مَنْ كَانَ» [مسلم: 1852]

92. Ayon kay ‘Arfajah ibn Shurayj (RA) na nagsabi: “Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: ***Tunay na may magaganap na mga ligalig at mga gawa-gawang pagsamba, kaya ang sinumang nagnais na watak-watakin ang kabuuan ng kalipunanang ito samantalang ito ay buo ay tagain ninyo ng tabak maging sinuman siya.***” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 1852.)

93 - عَنْ أَبِي سَعِيدٍ الْخُدْرِيِّ - ﷺ - قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ - ﷺ - : «لَا تَسُبُّوا أَصْحَابِي فَلَوْ أَنَّ أَحَدَكُمْ أَنْفَقَ مِثْلَ أُحُدٍ ذَهَبًا مَا بَلَغَ مُدًّا أَحَدِهِمْ وَلَا نَصِيفَهُ» [متفق عليه: 3673, 2541]

93. Ayon kay Abú Sa‘íd alKhudrí (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Propeta (SAS): ***Huwag ninyong alipustain ang mga Kasamahan***

ko sapagkat kung sakaling ang isa sa inyo ay gumugol man ng tulad ng [laki ng bundok ng] Uhud na ginto ay hindi makaaabot sa isang takal [na kabutihan] ng isang sa kanila ni sa kalahati niyon.” (Muttafaq ‘Alayhi: 3673, 2541.)

94 - عَنْ النَّعْمَانِ بْنِ بَشِيرٍ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: «إِنَّ أَهْلَ النَّارِ عَذَابًا يَوْمَ الْقِيَامَةِ رَجُلٌ عَلَى أَحْصَ قَدَمَيْهِ جَمْرَتَانِ يَغْلِي مِنْهُمَا دِمَاعُهُ كَمَا يَغْلِي الرَّجُلُ وَالْقَمَقْمُ» [مغنى عنه: 6562, 213]

94. Ayon kay Nu'mán ibnu Bashír (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Propeta (SAS): **Tunay na ang pinakamagaan sa mga maninirahan sa Apoy sa pagdurusa sa Araw ng Pagkabuhay ay isang lalaking sa talampakan ng mga paa niya ay may dalawang бага, na kukulo dahil sa mga ito ang utak niya gaya ng pagkulo ng kalderong tanso at takuri.”** (Muttafaq ‘Alayhi: 6562, 213.)

95 - عَنْ أَبِي أَيُّوبَ الْأَنْصَارِيِّ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: «لَا يَحِلُّ لِرَجُلٍ أَنْ يَهْجُرَ أَخَاهُ فَوْقَ ثَلَاثِ لَيَالٍ، يَلْتَقِيَانِ فَيُعْرِضُ هَذَا وَيُعْرِضُ هَذَا، وَخَيْرُهُمَا الَّذِي يُبْدَأُ بِالسَّلَامِ» [مغنى عنه: 6077, 2560]

95. Ayon kay Ayyúb al'Ansárí (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Propeta (SAS): **Hindi ipinahihintulot sa isang lalaki na iwasan niya ang kapatid niya nang higit sa tatlong araw: nagtatagpo sila ngunit umiiwas ito at umiiwas iyon. Ang pinakamabuti sa kanilang dalawa ay ang magpapasimula sa pagbati.”** (Muttafaq ‘Alayhi: 6077, 2560.)

96 - عَنْ عُمَرَ بْنِ أَبِي سَلَمَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ: قَالَ لِي رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: «يَا غُلَامُ سَمِّ اللَّهَ وَكُلِّ بِمِائِنِكَ وَكُلِّ مِمَّا يَلِيكَ» [مغنى عنه: 5376, 2022]

96. Ayon kay 'Umar ibnu Abi Salamah (RA) na nagsabi: "***O bata, magsabi ka ng bismi -lláh, kumain ka sa pamamagitan ng kanan mo, at kumain ka mula sa nalalapit sa iyo.***" (Muttafaq 'Alayhi: 5376, 2022.)

97 - عَنْ الْمَغِيرَةِ . قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: «إِنَّ كَذِبًا عَلَيَّ لَيْسَ كَكَذِبٍ عَلَى أَحَدٍ، مَنْ كَذَبَ عَلَيَّ مُتَعَمِّدًا، فَلْيَبْوَأْ مَقْعَدَهُ مِنَ النَّارِ» [معن عليه: 1291, 4]

97. Ayon kay alMughírah (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Propeta (SAS): ***Tunay na ang isang kasinungalingan tungkol sa akin ay hindi gaya ng kasinungalingan tungkol sa isang [tao]. Ang sinumang nagsinungaling tungkol sa akin nang sinasadya ay lumuklok siya sa upuan niya mula sa Apoy.***" (Muttafaq 'Alayhi: 1291, 4.)

98 - عَنْ النَّوَاسِ بْنِ سَمْعَانَ . قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: «الْبِرُّ حُسْنُ الْخُلُقِ، وَالْإِثْمُ مَا حَاكَ فِي صَدْرِكَ وَكَرِهْتَ أَنْ يَطْلُعَ عَلَيْهِ النَّاسُ» [مسلم: 2553]

98. Ayon kay anNawás ibnu Sam'án (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Propeta (SAS): ***Ang pagpapakabuti ay ang kagandahan ng asal. Ang kasalanan ay ang anumang nag-aalinlangan sa dibdib mo at kinasuklaman mo na mapag-alaman ng mga tao.***" (Imám Muslim: 2553.)

99 - عَنْ النَّوَاسِ بْنِ سَمْعَانَ . قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: «يُؤْتَى بِالْقُرْآنِ يَوْمَ الْقِيَامَةِ وَأَهْلِهِ الَّذِينَ كَانُوا يَعْمَلُونَ بِهِ تَقْدُمُهُ سُورَةُ الْبَقَرَةِ وَآلِ عِمْرَانَ» [مسلم: 805]

99. Ayon kay anNawwás ibnu Sam'án (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Propeta (SAS): ***Dadalhin ang Qur'an sa Araw ng Pagkabuhay at ang mga tumangkilik dito na mga gumagawa ayon dito; pangungunahan ito ng Súrah alBaqarah at Súrah Áli 'Imrán.***" (Imám Muslim: 805.)

100 - عَنْ مَعْقِلِ بْنِ يَسَارٍ - قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: «الْعِبَادَةُ فِي الْمَرْجِ كَهَجْرَةِ إِلَيَّ» [مسلم: 2948]

100. Ayon kay Ma‘qil ibnu Yasár (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Propeta (SAS): *Ang pagsamba sa sandali ng ligalig ay gaya ng paglikas tungo sa akin.*” (Imám Muslim: 2948.)